

# ANG ATING PAMANA

*Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

# ANG ATING PAMANA

*Isang Maikling Kasaysayan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal
sa mga Huling Araw


Pahina 58: *Si Joseph Smith sa Piitan ng Liberty*, ni Greg Olsen. © Greg Olsen
Pahina 82: *Ang Dulo ng Daang Parley*, ni Glen Hopkinson. © Glen Hopkinson

© 1997, 1998 ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 11/96
Pangsang-ayon sa pagsasalin: 11/96
Pagsasalin ng *Our Heritage: A Brief History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| | |
|---|---|
| Pambungad | v |
| Kabanata 1: Ang Unang Pangitain | 1 |
| Kabanata 2: Pagtatatag ng mga Saligan ng Simbahan | 7 |
| Kabanata 3: Pagtatayo ng Kaharian sa Kirtland, Ohio | 23 |
| Kabanata 4: Pagtatatag ng Sion sa Missouri | 43 |
| Kabanata 5: Sakripisyo at mga Biyaya sa Nauvoo | 65 |
| Kabanata 6: Pananampalataya sa Bawat Hakbang | 83 |
| Kabanata 7: Pagtatatag ng Sagisag sa mga Bansa | 97 |
| Kabanata 8: Isang Panahon ng Paghihirap at Pagsubok | 111 |
| Kabanata 9: Ang Lumalawak na Simbahan | 127 |
| Kabanata 10: Ang Pandaigdigang Simbahan | 145 |
| Kabanata 11: Ang Simbahan sa Kasalukuyan | 159 |
| Pangwakas | 173 |
| Mga Talang Panghuli | 176 |



*Ang bawat propeta sa dispensasyong ito ay nagpatotoo sa banal na misyon ng Tagapagligtas, si Jesucristo.*

# Pambungad

Ang pangunahing mensahe ng aklat na ito ay ang mensaheng ipinahahayag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sapul pa sa pagsisimula nito. Si Joseph Smith, ang unang propeta ng dispensasyong ito, ay nagturo:

"Ang pangunahing alituntunin ng ating relihiyon ay ang patotoo ng mga Apostol at Propeta, tungkol kay Jesucristo, na Siya ay namatay, inilibing, at muling nabuhay sa ikatlong araw, at umakyat sa langit; at ang lahat ng bagay na may kaugnayan sa ating relihiyon ay karugtong lamang nito."[1]

Ang bawat propetang sumunod kay Joseph Smith ay nagdagdag ng kanyang sariling patotoo sa banal na misyon ng Tagapagligtas. Nagpatibay ang Unang Panguluhan:

"Bilang mga tinawag at inordenan na maging saksi ni Jesucristo sa buong mundo, nagpapatotoo kami na muli Siyang nabuhay sa umagang iyon ng Pasko ng Pagkabuhay dalawang libong taon na ang nakalilipas, at na nabubuhay Siya ngayon. Siya ay may niluwalhati at walang kamatayang katawan ng laman at buto. Siya ang Tagapagligtas, ang Ilaw at Buhay ng mundo."[2]

Milyun-milyong tapat na mga Banal ang mayroon ding mga patotoo sa pagka-Diyos ni Jesucristo. Ang kaalamang ito ang naghikayat sa kanilang gumawa ng mga sakripisyong kinakailangan sa pagtatayo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ang kaharian ng Diyos sa lupa. Ang kuwento ng pagtatatag ng Simbahan ay isang kuwento ng pananampalataya, paglalaan, at kagalakan. Ito ang kuwento ng mga buhay na propetang nagturo ng mga katotohanan ng Diyos


sa makabagong mundo. Ito ang kuwento ng mga kalalakihan at kababaihan mula sa lahat ng larangan ng buhay na naghanap ng kabuuan ng ebanghelyo ni Jesucristo at, nang masumpungan ito, handang bayaran ang halaga ng pagiging tagasunod ng Tagapagligtas. Ang magigiting na Banal na ito ay nagpatuloy sa mga pagdurusa at paghihirap, na nagpatotoo maging sa mga pinakamadilim na sandali ng kanilang buhay, sa kabutihan ng Diyos at sa kagalakan ng kanyang pag-ibig. Nag-iwan sila ng pamana ng pananampatalataya, katapangan, pagsunod, at sakripisyo.

Nagpapatuloy ngayon ang pamana ng pananampalataya. Ang mga Banal sa mga Huling Araw sa buong mundo ay mga makabagong tagabunsod sa kanilang mga sariling lupain, kung saan sila naninirahan sa panahong puno ng mga bagong pagsubok at pagkakataon. May mga pahina ng kasaysayan na isusulat pa. May pagkakataon tayong lahat na makapag-iwan ng pamana sa mga susunod na salinlahi na makatutulong sa kanilang makaunawa sa kagalakan ng pagsasabuhay at pagbabahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Habang lalo tayong natututo hinggil sa pananampalataya ng mga nauna sa atin, higit nating mauunawaan ang mga taong kakapit-kamay natin sa pagpapatotoo sa Tagapagligtas at katuwang sa pagtatatag ng kanyang kaharian. Higit tayong makapagpapasiyang mabuhay nang lalong matwid bilang mga tapat na tagasunod ng Panginoong Jesucristo.




*Ang Estados Unidos ng Amerika noong 1847. Nagpapakita ang mapang ito ng mga dako at landas ng paglalakbay na mahalaga sa naunang kasaysayan ng Simbahan.*



*Ang pagbabasa ng banal na kasulatan ang nagbunsod sa batang si Joseph Smith na magtanong sa Panginoon kung aling simbahan ang tama.*

# Ang Unang Pangitain

## Ang Pangangailangan ng Pagpapanumbalik

Pagkamatay ng mga Apostol ni Jesus, ang kapangyarihan ng pagkasaserdote at marami sa mga katotohanan ng ebanghelyo ay kinuha mula sa lupa, na nagpanimula sa isang mahabang panahon ng kadilimang espirituwal na tinatawag na Lubusang Pagtalikod. Mapagpahayag na nakita ng Propetang Amos ang kawalang ito at sinabi niyang darating ang panahon na magkakaroon ng "kagutom sa lupain, hindi kagutom sa tinapay, o kauhawan man dahil sa tubig, kundi sa pagkarinig ng mga salita ng Panginoon" (Amos 8:11). Sa loob ng mahabang mga dantaon ng Lubusang Pagtalikod, maraming tapat na kalalakihan at kababaihan ang naghanap ng kabuunan ng ebanghelyo ngunit di nila ito nasumpungan. Ang mga mangangaral ng maraming pananampalataya ay nagturo ng iba't ibang mensahe at nanawagan sa mga kalalakihan at kababaihan na makisapi sa kanila. Bagamat tapat ang karamihan sa kanilang hangad, wala ni isa man sa kanila ang nagkaroon ng kabuuan ng katotohanan o ng karapatan ng Diyos.

Subalit, ang Panginoon sa kanyang pagkahabag ay nangakong panunumbalikin sa mundo isang araw ang kanyang ebanghelyo at pagkasaserdote, at di na aalisin pa kailanman. Sa pagsapit ng ikalabingsiyam na siglo, napinto nang matupad ang kanyang pangako at matapos ang mahabang gabi ng lubusang pagtalikod.

## Ang Katapangan ng Batang si Joseph Smith

Noong unang bahagi ng mga 1800, nanirahan ang mag-anak nina Joseph at Lucy Mack Smith sa Lebanon, New Hampshire, sa

Estados Unidos ng Amerika. Sila ay karaniwan at di kilalang mga tao na kumikita ng kaunting ikinabubuhay sa pamamagitan ng sariling pagsisikap. Ang kanilang panlimang anak, si Joseph Jr., ay pitong taong gulang nang makaligtas siya sa isang epidemya ng tipos na naging sanhi ng pagkamatay ng higit sa 3,000 sa dako ng New England. Habang nagpapalakas siya, isang matinding impeksiyon ang namuo sa laman ng kanyang buto sa kaliwang paa, at tumagal nang higit sa tatlong linggo ang halos di makayanang kirot.

Nagpasiya ang siruhanong lokal na dapat putulin ang paa, ngunit sa pagpupumilit ng ina ni Joseph, isa pang manggagamot ang ipinatawag. Si Nathan Smith, isang manggagamot sa karatig na Kolehiyo ng Dartmouth, ay nagsabing susubukin niyang iligtas ang paa sa pamamagitan ng isang may kabaguhan at lubhang masakit na paraan upang maalis ang ilang bahagi ng buto. Nagdala ang manggagamot ng mga lubid upang ipantali sa bata, ngunit tumutol si Joseph, at nagsabing kakayanin niya ang pagtitistis nang wala ang mga ito. Tumanggi rin siya sa alak, ang tanging pang-alis ng sakit na magagamit niya, at nakiusap na yakapin na lamang siya ng kanyang ama sa oras ng pagtitistis.

Tiniis ni Joseph ang pagtitistis nang may matinding katapangan, at nailigtas ni Doktor Smith, isa sa pinakamahusay na manggagamot sa bansa, ang paa ng bata. Nagtiis si Joseph nang matagal bago gumaling ang kanyang paa at makalakad siya nang walang naramdamang sakit. Pagkaraan ng pagtistis kay Joseph, lumipat ang mag-anak na Smith sa Norwich, Vermont, kung saan kanilang dinanas ang tatlong taong sunud-sunod na pagkasira ng kanilang mga pananim, at pagkatapos ay lumipat sa Palmyra, New York.

**Ang Unang Pangitain**

Sa kanyang kabataan, tumulong si Joseph Smith sa kanyang mag-anak sa paghawan ng lupa, paghakot ng mga bato, at pagganap ng maraming iba't ibang gawain. Nag-ulat ang kanyang ina, si Lucy, na mahilig ang batang si Joseph sa matiim

na pagmumuni-muni at madalas na pag-iisip tungkol sa kapakanan ng kanyang walang-kamatayang kaluluwa. Sadya siyang nag-alala kung alin sa mga simbahang nangangaral sa dako ng Palmyra ang tama. Sa pagpapaliwanag niya sa kanyang sariling salita:

"Sa panahong ito ng malaking kaguluhan, ang aking pag-iisip ay natawag sa matiim na pagmumuni-muni at malaking pagkabahala; subalit, bagaman ang aking mga damdamin ay malalim at kadalasan ay masidhi, gayon man nanatili akong malayo sa mga pangkat na ito, bagaman ako ay dumadalo sa ilan nilang pagpupulong na kasindalas ng ipinahihintulot ng pagkakataon. Sa paglipas ng panahon, ang aking pag-iisip ay bahagyang pumapanig sa sekta ng Metodista, at nakaramdam ako ng kaunting pagnanasa na makiisa sa kanila; ngunit napakalaki ng kaguluhan at sigalutan sa kalipunan ng iba't ibang sekta, na hindi maaari sa isang tao na kasing bata ko, at walang kabatiran sa mga tao at mga bagay-bagay, na makarating sa anumang tiyak na pagpapasiya kung sino ang tama at kung sino ang mali . . .

"Habang ako ay naghihirap sa ilalim ng mga masidhing suliranin sanhi ng mga pagtutunggalian ng mga pangkat na ito ng mga relihiyoso, isang araw ako ay nagbabasa ng Sulat ni Santiago, unang kapitulo at ikalimang bersikulo, na mababasang; *Ngunit kung nagkukulang ng karunungan ang sinuman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay ng sagana sa lahat, at hindi nanunumbat; at ito'y ibibigay sa kanya.*

"Wala sa alinmang sipi sa banal na kasulatan ang nakapukaw nang may higit na kapangyarihan sa puso ng tao kaysa sa nagawa nito sa akin sa oras na ito. Tila pumasok ito nang may malakas na kapangyarihan sa bawat himaymay ng aking puso. Paulit-ulit kong pinagmuni-muni ito, nalalaman na kung may tao mang nangangailangan ng karunungan mula sa Diyos, ako yaon; na kung paano kikilos ay hindi ko alam, at maliban na kung makakukuha ako ng higit na karunungan kaysa sa aking taglay na, hindi ko kailanman malalaman; sapagkat ang mga guro ng

iba't ibang sekta ng relihiyon ay magkakaiba ang pagkaunawa sa iisang sipi ng banal na kasulatan na nakawawasak ng lahat ng tiwala sa paglutas ng katanungan sa pamamagitan ng pagsangguni sa Biblia.

"Sa wakas ay nakarating ako sa pagpapasiya na alinman sa dalawa, ako ay mananatili sa kadiliman at kaguluhan, o kaya'y kinakailangan kong gawin ang tagubilin ni Santiago, yaon ay, humingi sa Diyos" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:18, 11–13).

Isang magandang umaga noong tagsibol ng 1820, mag-isa sa kakahuyang malapit sa kanilang tahanan, lumuhod si Joseph Smith at sinimulang ilahad ang mga ninanais ng kanyang puso sa Diyos, at humingi ng patnubay. Inilarawan niya ang mga sumunod na pangyayari:

"Daglian akong sinunggaban ng isang kapangyarihan na ganap akong dinaig, at may kagila-gilalas na lakas na higit sa akin para igapos ang aking dila upang hindi ako makapagsalita. Nagtipon ang makapal na kadiliman sa aking paligid, at sa wari ko sa mga sandaling panahon na tila ako ay nakatadhana sa biglaang pagkawasak" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:15).

Batid ng katunggali ng lahat ng pagkamatwid na may dakilang gawaing tutuparin si Joseph Smith at sinubukang wasakin siya, ngunit sa paggamit ng kanyang buong lakas, nanawagan si Joseph sa Diyos at kaagad na pinalaya:

"Sa sandaling ito ng labis na pangamba, ako ay nakakita ng isang haligi ng liwanag na tamang-tama sa aking ulunan, higit pa sa liwanag ng araw, na dahan-dahang bumaba hanggang sa ito ay pumalibot sa akin.

"Hindi pa natatagalan nang ito'y lumitaw na natuklasan kong naligtas na ang aking sarili mula sa kaaway na gumapos sa akin. Nang tumuon sa akin ang liwanag nakakita ako ng dalawang Katauhan, na ang liwanag at kaluwalhatian ay hindi kayang maisalarawan, nakatayo sa hangin sa itaas ko. Isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, tinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!"* (Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17).

Pagkatapos makabalik sa kanyang sarili, kaagad na tinanong ni Joseph Smith ang Panginoon kung alin sa mga sekta ng relihiyon ang tama at kung alin ang dapat niyang sapian. Sumagot ang Panginoon na hindi siya dapat sumapi "sa alinman sa kanila, sapagkat mali silang lahat" at "lahat ng kanilang sinasampalatayanan ay karumal-dumal sa kanyang paningin." Sinabi niya na sila ay may "anyo ng kabanalan" datapwat tinanggihan nila "ang kapangyarihan nito" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:19). Sinabi rin niya kay Joseph ang marami pang bagay-bagay.

Nang matapos ang pangitain, natagpuan ni Joseph na nakahiga siya, nakatingala pa rin sa langit. Dahan-dahang bumalik ang kanyang lakas at umuwi siya sa bahay.

Nang sumikat ang araw ng umagang iyon noong 1820, hindi halos ipinalagay ni Joseph na sa pagsapit ng dapit-hapon, muling maglalakad sa lupa ang isang propeta. Siya, na isang di kilalang batang lalaki na naninirahan sa kanluraning New York, ay napili ng Diyos upang gampanan ang kagila-gilalas na gawain at kababalaghan ng pagpapanumbalik ng ebanghelyo at ng Simbahan ni Jesucristo sa daigdig. Nakakita siya ng dalawang banal na katauhan at nasa pambihirang katayuan ngayon na makapagpatunay sa totoong kalikasan ng Diyos Ama at ng kanyang Anak, si Jesucristo. Ang umagang iyon ang totoong pagbubukang-liwayway ng isang higit na maaliwalas na araw—pinuno ng liwanag ang isang kakahuyan, at tinawag ng Diyos Ama at ni Jesucristo ang isang 14 taong gulang na batang lalaki upang kanilang maging propeta.



*Sa Burol Cumorah, tinanggap ni Joseph Smith ang mga laminang ginto mula sa anghel na si Moroni at pinagsabihang simulan na ang gawain ng pagsasalin.*

# Pagtatatag ng mga Saligan ng Simbahan

**Paglabas ng Aklat ni Mormon**

*Mga Pagdalaw ng Anghel na si Moroni*

Noong gabi ng ika-21 ng Setyembre 1823, tatlong taon makaraang tanggapin niya ang Unang Pangitain, nanalangin si Joseph Smith sa Panginoon para sa kapatawaran ng mga kalokohan ng kanyang kabataan, at humiling ng karagdagang tagubilin. Sumagot ang Panginoon sa pamamagitan ng pagpapadala ng isang makalangit na sugo upang tagubilinan siya. Sumulat si Joseph:

"Ako'y tinawag niya sa aking pangalan at sinabi niya na siya'y isang sugo na nagbuhat sa kinaroroonan ng Diyos na pinapunta sa akin, na ang kanyang pangalan ay Moroni; na ang Diyos ay may gawain na kailangan kong tuparin; at ang aking pangalan ay makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, lahi, at wika, o magiging mabuti at masama sa usap-usapan ng lahat ng tao.

"Sinabi niya na may nakalagak na isang aklat na nakasulat sa mga laminang ginto, na nagbibigay-ulat tungkol sa mga dating naninirahan sa kontinenteng ito, at kung saan sila nagbuhat. At kanya ring sinabi na ang kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo ay napapaloob dito, kagaya ng naipahayag na ng Tapapagligtas sa mga sinaunang tao" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–34).

Si Moroni ang huling propetang sumulat sa sinaunang talaang ito, at kagaya ng pagtatagubilin ng Panginoon, ibinaon niya ito sa Burol Cumorah. Ibinaon rin niya ang Urim at Thummim, na ginamit ng mga propeta noong una at siyang gagamitin ni Joseph upang maisalin ang tala.

Tinagubilinan ng anghel si Joseph na pumunta sa burol, na malapit lamang, at sinabi sa kanya ang maraming mahahalagang bagay hinggil sa gawain ng Panginoon sa mga huling araw. Sinabi niya kay Joseph na kung makuha na niya ang mga lamina, hindi niya ito dapat ipakita kahit sa sino mang tao maliban kung inutusan siya ng Panginoon na gawin ito. Bumalik si Moroni kay Joseph nang dalawa pang ulit nang gabing iyon, at minsang muli nang sumunod na araw. Inulit niya ang mahalaga niyang mensahe sa bawat pagkakataon at nagbigay ng karagdagan pang mga kaalaman.

Nang sumunod na araw makaraang dumalaw ang anghel, tumungo si Joseph sa Burol Cumorah ayon sa pagkakatagubilin. Sinabi niya tungkol sa karanasang ito:

"Sa dakong kanluran ng burol na ito, di kalayuan sa tuktok, sa ilalim ng isang batong may kalakihan ay nakalatag ang mga laminang nakalagak sa isang kahong bato. Ang batong ito ay makapal at pabilog sa may bandang gitnang itaas, at papanipis tungo sa mga gilid, kung kaya't ang gitnang bahagi nito ay nakikita sa ibabaw ng lupa, subalit ang gilid sa palibot ay natatabunan ng lupa.

"Matapos kong maalis ang lupa, ay kumuha ako ng panikwas, at aking iniayos sa ilalim sa gilid ng bato, at sa kaunting pag-iinot ay naiangat. Tiningnan ko ang loob at nakita ko, naroroon nga ang mga lamina, ang Urim at Thummim, at ang pananggalang sa dibdib, kagaya ng sinabi ng sugo" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:51–52).

Nagpakita ang anghel na si Moroni at sinabi kay Joseph na makipagkita sa kanya sa burol pagkaraan ng isang taon mula sa oras na iyon at magpatuloy sa taunang pagkikipagtipan hanggang sa dumating ang panahon ng pagtanggap ng mga lamina. Sa bawat pagdalaw, nagbigay si Moroni ng karagdagang mga kaalaman tungkol sa kung ano ang gagawin ng Panginoon at kung paano pangangasiwaan ang kanyang kaharian (tingnan ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54).

*Ang Gawain ng Pagsasalin*

Noong ika-22 ng Setyembre 1827, pagkalipas ng apat na taong paghahanda, ibinigay ni Moroni kay Propetang Joseph Smith ang mga laminang ginto at sinabihan siyang simulan ang gawain ng pagsasalin. Si Emma Hale, na napangasawa ni Joseph noong unang bahagi ng taong iyon, ay sumama sa kanya sa pagkakataong iyon at naghihintay sa paanan ng Burol Cumorah nang bumalik ang kanyang asawang dala ang mga lamina. Naging mahalagang katulong siya ng Propeta at gumanap bilang isa sa mga tagatala ng Aklat ni Mormon sa loob ng maikling panahon.

Dahil sa paulit-ulit at masigasig na pagtatangka ng mga mandurumog sa kapaligiran na nakawin ang mga lamina, napilitan sina Joseph at Emma na lisanin ang kanilang tahanan sa Manchester, New York. Nakituloy sila sa tahanan ng ama ni Emma, si Isaac Hale, sa Harmony, Pennsylvania, mga 120 milya sa timog-silangan ng Manchetser. Doon inumpisahan ni Joseph ang pagsasalin ng mga lamina. Di nagtagal ay sinamahan siya ng kanyang kaibigan, si Martin Harris, isang maykayang magsasaka, na siyang naging tagatala niya.

Nagtanong si Martin kay Joseph kung maaari niyang maiuwi ang 116 na pahina ng naisalin nang manuskrito upang ipakita sa mga kasapi ng kanyang mag-anak nang mapatunayan ang katotohanan ng kanilang gawain. Humiling si Joseph ng pahintulot sa Panginoon, ngunit ang sagot ng Panginoon ay hindi. Nagsumamo si Martin kay Joseph na humiling muli, na dalawang ulit na may pag-aatubiling ginawa ni Joseph, at sa wakas ay tumanggap ng pahintulot. Nangako si Martin na ipakikita lamang ang manuskrito sa ilang tao, ngunit sumira siya sa kanyang pangako, at ang mga pahina ng manuskrito ay nanakaw. Nagdulot kay Joseph ang pagkawalang ito ng di-mapanatag na pagdadalamhati, dahil naisip niyang nawala na ang lahat ng kanyang ginawa upang maglingkod sa Panginoon. Napasabi siya, "Ano ang gagawin ko? Ako'y nagkasala—ako ang siyang nanukso sa poot ng Diyos. Nasiyahan na dapat ako sa

unang sagot na aking tinanggap mula sa Panginoon."[1]

Taos na nagsisi si Joseph, at pagkaraan ng maikling panahong kinuha ang mga lamina at ang Urim at Thummim, pinatawad siya ng Panginoon at sinimulan niyang muli ang pagsasalin. Tinagubilinan siya ng Panginoon na huwag nang isaling muli ang nawalang manuskrito, na naglalaman ng sekular na kasaysayan. Sa halip, kinakailangang isalin ni Joseph ang iba pang mga laminang inihanda ng propetang si Nephi na sumasaklaw sa gayon ding panahon ngunit naglalaman ng higit na dakilang mga propesiya tungkol kay Cristo at iba pang banal na mga kasulatan. Nakini-kinita ng Panginoon ang pagkawala ng 116 na pahina at binigyang inspirasyon si Nephi na ihanda ang pangalawang kasaysayang ito. (Tingnan sa 1 Nephi 9; Doktrina at mga Tipan 10:38–45; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 3 at 10, na tinanggap sa kapanahunang ito.)

Sa panahong ito, nabiyayaan si Joseph Smith ng tulong ni Oliver Cowdery, isang gurong may kabataan na pinapunta ng Panginoon sa tahanan ng Propeta. Nagsimulang magsulat si Oliver noong ika-7 ng Abril 1829. Sinabi niya tungkol sa napakadakilang panahong iyon, "Mga araw itong hindi kailanman malilimutan—ang umupo sa ilalim ng tinig na idinidikta ng inspirasyon ng langit, ay pumukaw sa pinakamalaking pasasalamat sa dibdib na ito!" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:71, talababa).

Nagpatuloy sa pagpapahayag si Oliver: "Totoo ang aklat na iyon. . . . Ako ang siyang sumulat nito habang lumalabas sa mga labi ng Propeta. Naglalaman ito ng walang hanggang ebanghelyo, at dumating bilang katuparan ng mga paghahayag ni Juan kung saan sinasabing nakakita siya ng isang anghel na dumating nang may walang hanggang ebanghelyo upang ipangaral sa bawat bansa, wika at tao. Naglalaman ito ng mga alituntunin ng kaligtasan. At kung magsisilakad kayo sa liwanag nito at magsisisunod sa mga tuntunin nito ay maliligtas kayo sa walang hanggang kaharian ng Diyos."[2]

Sa gitna ng kanilang gawain, natuklasan nina Joseph at Oliver na dahil sa pag-uukol nila ng kanilang panahon sa pagsasalin ng

tala ay naubusan sila ng pagkain at salapi; nagkulang sila kahit na sa mga kinakailangang gamit sa pagsusulat. Nang malaman ang kanilang kalagayan, nagpasiya si Joseph Knight Sr., isang dating pinagtrabahuhan at kaibigan ng Propeta, na tulungan sila. Inilarawan niya ang katangian ng kanyang napapanahong pagtulong:

"Bumili ako ng isang bariles ng tulingan at ilang papel na may guhit upang masulatan. . . . Bumili ako ng mga siyam o sampung takalan ng butil at anim na takalan ng patatas." Pagkaraan ay dinalaw niya ang dalawa sa Harmony at naalalang, "Umalis sina Joseph at Oliver upang maghanap ng mapagkakakitaan ng kanilang mga panustos, ngunit wala silang nakita. Umuwi sila at nadatnan akong may mga dala, at nagalak sila dahil wala na silang makain. . . . Pagkaraan ay bumalik sila sa gawain nang may panustos na magtatagal hanggang sa matapos ang pagsasalin."[3]

Hindi nakapagtataka na nagsalita ng ganito ang Propetang Joseph tungkol sa mabuting taong ito: "Sasabihin tungkol sa kanya, ng mga anak ng Sion, habang may isa pang natitira sa kanila, na ang taong ito ay tapat na tao ng Israel; samakatwid hindi kailanman malilimutan ang kanyang pangalan."[4]

Dahil sa nag-iibayong pag-uusig, umalis sina Joseph at Oliver sa Harmony at tinapos ang pagsasalin sa sakahan ni Peter Whitmer sa Fayette, New York, noong Hunyo 1829. Ang pagkakatapos ng gawaing ito sa gitna ng mapanubok na mga kalagayan ay totoong isang makabagong himala. Sa kaunting pormal na pinag-aralan, idinikta ni Joseph Smith ang pagsasalin sa loob lamang ng higit sa dalawang buwang panahon ng paggawa at nagkaroon lamang ng iilang pagwawasto. Ang aklat ngayon ay nasa kalagayan pa rin ng pagkakasalin ni Joseph Smith rito noon at ito ay pinagmulan na ng patotoo ng milyun-milyong tao sa buong mundo. Si Joseph Smith ay isang makapangyarihang kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon sa pagpapalabas ng mga salita ng sinaunang mga propeta para sa pagpapala ng mga Banal sa mga huling araw.

*Mga Saksi sa Aklat ni Mormon*

Habang nasa Fayette ang Propetang Joseph Smith, ipinahayag ng Panginoon na sina Oliver Cowdery, David Whitmer, at Martin Harris ang magiging tatlong natatanging saksi na papayagang makakita ng mga laminang ginto (tingnan sa 2 Nephi 27:12; Eter 5:2–4; Doktrina at mga Tipan 17). Kasama ni Joseph, makapagpapatotoo sila sa pinagmulan at katotohanan ng sinaunang talang ito.

Ipinaliwanag ni David Whitmer: "Pumunta kami sa kakahuyan, sa di kalayuan, at umupo sa isang troso at nag-usap nang ilang sandali. Lumuhod kami at nagdasal pagkaraan. Nagdasal si Joseph. Tumayo kami pagkatapos at umupo sa troso at nag-uusap, nang biglang may liwanag na bumaba mula sa itaas namin at pumalibot sa amin hanggang sa may kalayuan; at ang anghel ay tumayo sa harapan namin." Si Moroni ang anghel na ito. Sinabi ni David na siya "ay nakasuot ng puti, at nagsalita at tinawag ako sa pangalan at nagsabing 'Pinagpala ang siyang tumutupad sa mga kautusan Niya.' Isang hapag ang inihanda sa harapan namin at sa ibabaw niyon ay ipinatong ang mga talaan. Ang Tala ng mga Nephite, na mula kung saan isinalin ang Aklat ni Mormon, ang mga laminang tanso, ang Bola na Tagaturo, ang espada ni Laban at iba pang mga lamina."[5] Habang minamalas ng mga kalalakihan ang mga bagay na ito, nakarinig sila ng tinig na nagsabing: "Ang mga laminang ito ay ipinahayag sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, at sila ay naisalin sa pamamgitan ng kapangyarihan ng Diyos. Ang pagkakasalin nila na inyong nakita ay tama, at inuutusan ko kayong itala ang inyong nakita at narinig."[6]

Di naglaon makaraan ang kaganapang ito, ipinakita ni Joseph Smith ang mga lamina sa walo pang karagdagang saksi, na nakahawak sa mga ito sa isang liblib na dako malapit sa bahay ng mag-anak na Smith sa Manchester, New York. Ang mga patotoo ng kapwa pangkat ng mga saksi ay nakatala sa panimula ng Aklat ni Mormon.


*Pangangaral sa Pamamagitan ng Aklat ni Mormon*

Nang matapos ang gawain ng pagsasalin, nakipag-ayos ang Propeta kay Egbert B. Grandin ng Palmyra upang ilimbag ang Aklat ni Mormon. Pumasok si Martin Harris sa isang kasunduan ng pagsasangla kay Ginoong Grandin upang matiyak ang pagbabayad ng $3,000.00 na kinakailangan sa paglilimbag ng 5,000 sipi ng aklat.

Inialok sa madla ang mga unang sipi ng Aklat ni Mormon sa E.B. Grandin Bookstore noong ika-26 ng Marso 1830. Isa sa pinakaunang mga misyonerong gumamit sa inilimbag na sipi ay si Samuel Smith. Noong Abril 1830, dumalaw siya sa Tomlinson Inn sa nayon ng Mendon, New York. Ipinagbili niya roon ang isang sipi ng aklat sa isang kabataang lalaki na nagngangalang Phinehas Young, kapatid na lalaki ni Brigham Young.

Noong Hunyo, binalikan niya ang kanyang pinuntahan, at nag-iwan sa pagkakataong ito ng isang sipi sa tahanan ni John P. Greene sa Bloomfield, New York. Napangasawa ni John si Rhoda Young, kapatid ni Brigham Young. Sumunod na napunta ang aklat kay John Young, ama ni Brigham Young, iniuwi ito, at binasang buo. Sinabi niya na "iyon ang pinakadakilang obra at ang pinakawalang kamalian sa alinmang nakita na niya, kasama na ang Biblia."[7]

Bagamat nailantad na kay Brigham Young ang mga nilalaman ng aklat sa pamamagitan ng kanyang mag-anak at mga misyonero mula pa noong tagsibol ng 1830, kinailangan niyang masusi itong saliksikin. Wika niya: "Sinuri kong mabuti ang bagay na ito sa loob ng dalawang taon bago ko ipinasiyang tanggapin ang aklat. Alam kong totoo ito, tulad sa pagkakaalam ko na nakakakita ako sa pamamagitan ng aking mga mata, at nakadarama sa paghihipo ng aking mga daliri, at nakababatid sa anumang bagay sa pamamagitan ng aking mga sentido. Kung hindi nagkakaganito, hindi ko sana ito tinanggap hanggang sa araw na ito. . . . Kinailangan ko ang sapat na panahon upang patunayan ang lahat ng bagay sa aking sarili."[8]



*Sina Pedro, Santiago, at Juan ay nagpakita kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at ipinagkaloob sa kanila ang Pagkasaserdoteng Melquisedec.*

Bininyagan si Brigham Young noong ika-14 ng Abril 1832. Pagkatapos ng kanyang binyag at pagpapatibay, naalala niyang, "Ayon sa salita ng Tagapagaligtas, nadama ko ang isang mapagpakumbabang espiritu na parang sa isang musmos, na nagpatotoo sa aking pinatawad na ang aking mga kasalanan."[9] Naging Apostol siya kinalaunan at pagkaraan ay naging pangalawang Pangulo ng Simbahan.

**Pagpapanumbalik ng Pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec**

Nang unang makipagkita ang anghel na si Moroni kay Joseph Smith sa Burol Cumorah noong Setyembre 1823, nagbigay siya ng mahahalagang tagubilin tungkol sa pagpapanumbalik sa lupa ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, kabilang ang sumusunod na pahayag: "Kapag [ang mga laminang ginto] ay naisalin na, *ibibigay ng Panginoon ang banal na pagkasaserdote sa ilan*, at sisimulan nilang ipahayag ang ebanghelyong ito at magbinyag sa pamamagitan ng tubig, at pagkatapos nito ay magkakaroon sila ng kapangyarihang ipagkaloob ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay."[10]

Noong tagsibol ng 1829, naging kalahok si Joseph sa pagsasakatuparan ng bahagi ng mga sinabi ng anghel. Habang siya at si Oliver Cowdery ay nagsasalin ng Aklat ni Mormon, nadaanan nila ang pagbanggit ng binyag para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Noong ika-5 ng Mayo naghangad sila ng karagdagang kaalaman sa paksang ito mula sa Panginoon sa pamamagitan ng panalangin. Habang naglalahad ng kanilang kahilingan sa mga pampang ng Ilog Susquehanna, dinalaw ang dalawang lalaking ito ng isang makalangit na sugo. Ipinakilala niya ang sarili bilang si Juan Bautista sa kapanahunan ng Bagong Tipan. Habang ipinapatong niya ang mga kamay sa ulo nina Joseph at Oliver, sinabi niyang, "Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas, aking ipinagkakaloob ang Pagkasaserdoteng Aaron na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan" (Doktrina at

mga Tipan 13:1).

Pagkatapos ng pag-ordenang ito, bininyagan nina Joseph at Oliver ang bawat isa gaya ng ipinag-utos ni Juan Bautista at inordenan ang isa't isa sa Pagkasaserdoteng Aaron. Sinabi ni Juan sa kanila na, "itong Pagkasaserdoteng Aaron ay walang kapangyarihan ng pagpapatong ng mga kamay para sa handog ng Espiritu Santo, subalit ito ay igagawad sa amin pagkaraan nito." Kanya ring sinabi na "siya ay kumikilos sa ilalim ng tagubilin nina Pedro, Santiago at Juan, na may hawak sa mga susi ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, na kung aling Pagkasaserdote, sinabi niya, ay igagawad sa amin sa takdang panahon." (Joseph Smith—Kasaysayan 1:70, 72; tingnan din ang 1:68–72).

Sinabi ng Propeta tungkol sa karanasang ito: "Pagkalabas na pagkalabas namin sa tubig matapos kaming mabinyagan, nakaranas kami ng dakila at maluwalhating pagpapala mula sa ating Ama sa Langit. Kabibinyag ko pa lamang kay Oliver Cowdery, nang mapasakanya ang Espiritu Santo, at tumayo siya at nagpropesiya ng maraming bagay na di maglalaon ay mangyayari. At muli, pagkabinyag na pagkabinyag niya sa akin, ako rin ay nagkaroon ng diwa ng propesiya, nang, sa pagtayo, nagpropesiya ako hinggil sa paglaganap ng Simbahang ito, at marami pang ibang bagay na nauugnay sa Simbahan, at sa salinlahing ito ng mga anak ng tao. Napuspos kami ng Espiritu Santo, at nagalak sa Diyos ng aming kaligtasan" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:73).

Kinalaunan, nagpakita sina Pedro, Santiago at Juan kina Joseph at Oliver at iginawad sa kanila ang Pagkaserdoteng Melquisedec. Ipinagkaloob rin nila ang mga susi ng kaharian ng Diyos sa kanila (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 27:12–13; 128:20). Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang pinakamataas na kapangyarihang ipinagkaloob sa mga tao sa lupa. Dahil sa kapangyarihang ito, nagawang itatag ng Propetang Joseph Smith ang Simbahan ni Jesucristo sa dispensasyong ito at sinimulang itatag ang iba't ibang korum ng pagkasaserdote gaya ng pagkakakilala sa kanila sa Simbahan ngayon.

**Pagtatatag ng Simbahan**

Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith na ang ika-6 ng Abril 1830 ang araw kung kailan itatatag ang Simbahan ni Jescristo sa dispensasyong ito (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 20:1). Ipinadala ang mga pabatid sa mga naniniwala at kaibigan, at 56 na kalalakihan at kababaihan ang nagtipon sa bahay na troso ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette, New York. Anim na kalalakihan ang pinili ng Propeta upang tumulong sa pagtatatag "na sumasang-ayon sa mga batas ng ating bansa, sa pamamagitan ng kalooban at mga kautusan ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 20:1).

Itinala ng Propeta: "Matapos simulan ang pagtitipon sa pamamagitan ng taos pusong panalangin sa ating Ama sa Langit, nagpatuloy kami, alinsunod sa nakaraang utos, na tumawag sa mga kapatid namin upang malaman kung tinatanggap nila kami bilang mga guro nila sa mga bagay ng Kaharian ng Diyos, at kung ikinalulugod nilang kami ay matatag bilang isang Simbahan ayon sa nabanggit nang kautusan na natanggap namin. Buong pagkakaisa silang sumang-ayon sa lahat ng mungkahing ito."[11]

Sa pagsang-ayon ng mga naroroon, inordenan ni Joseph si Oliver bilang elder ng Simbahan at inordenan ni Oliver ang Propeta tulad ng pagtatagubilin sa kanila ng Panginoon. Binasbasan ang sakramento at inilibot sa mga kasaping naroon. Pinagtibay ang mga nabinyagan na at pinagkalooban ng handog ng Espiritu Santo. Sinabi ng Propeta na "ang Espiritu Santo ay ibinuhos sa amin sa isang kahanga-hangang antas—ang ilan ay nagpropesiya, habang pinupuri naming lahat ang Panginoon, at lubhang nagalak."[12] Sa pagpupulong na ito, tumanggap si Joseph ng paghahayag kung saan tinagubilinan ng Panginoon ang Simbahan na bigyang-pansin ang mga salita ng propeta, ituring na ang mga ito ay nagmumula rin sa Panginoon (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 21:4–6).

Ang mga bahaging naroon sa pagpupulong na iyon noong 1830 ay nagpapatuloy sa Simbahan ngayon: ang paggamit sa batas ng pangkalahatang pagsang-ayon, pag-awit, pagdarasal, pagkain ng sakramento, pagbabahagi ng pansariling patotoo,

pagkakaloob ng handog ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng pagpatong ng mga kamay, mga pag-orden, pansariling paghahayag, at paghahayag sa pamamagitan ng mga may katungkulan sa pagkasaserdote.

Ang ina ni Joseph, si Lucy Mack Smith, ay nakapagtala ng isang madamdaming tagpong naganap sa araw na iyon nang si Joseph Smith Sr., ang ama ng Propeta, ay binyagan: "Nang si Ginoong Smith ay umahon mula sa tubig, tumayo si Joseph sa baybayin, at habang hinahawakan ang kanyang ama sa kamay, ay nagwika nang may luha ng kagalakan, 'Papuri sa aking Diyos! na nabuhay akong makita ang aking ama na mabinyagan sa totoong Simbahan ni Jesucristo!' "[13] Sabi ni Joseph Knight Sr. tungkol sa sandaling iyon: "[Ang Propeta] ay napuspos ng espiritu sa malaking antas. . . . Tila punung-puno siya ng kagalakan. Sa palagay ko nakita niya ang dakilang gawaing kanyang sinimulan at nagnanais siyang ipagpatuloy ito."[14]

May matibay na buklod ng pagmamahal sa pagitan ng ama at anak. Kinalaunan, sa isang parangal sa kanyang ama, sinabi ng Propeta, "Mahal ko ang aking ama at ang kanyang alaala; at ang alaala ng kanyang mga marangal na gawain ay nakaukit sa aking isipan, at marami sa kanyang mabubuting salita at payo ay nakatitik sa aking puso."[15]

Ang pagmamahal na namagitan sa Propeta at sa kanyang ama ay ipinakita rin ni Joseph Smith Sr. para sa kanyang ama, si Asael Smith. Noong Agosto 1830, nagdala ng mga sipi ng Aklat ni Mormon si Joseph Smith Sr. pahilagang-silangan sa St. Lawrence County, New York, upang ipamigay sa kanyang ama, ina, at mga kapatid. Nabasa nang halos buo ni Asael Smith ang aklat bago siya pumanaw noong Oktubre 1830 at nagpahayag na ang kanyang apo, si Joseph Smith Jr., "ang siyang Propetang matagal na niyang alam na magmumula sa kanyang angkan."[16] Tatlo pa sa mga anak na lalaki ni Asael ang sumapi sa Simbahan kinalaunan—sina Silas, John, at Asael Jr. Nagkaroon ng pribilehiyo ang Propeta na makita ang lahat ng kanyang mag-anak na inilubog sa tubig ng pagbibinyag, at karamihan sa

angkan ng kanyang ama.

Si Sidney Rigdon, na naging kasapi ng Unang Panguluhan kinalaunan, ay nagsalita tungkol sa hamak na pinagmulan ng Simbahan at ng dakilang pangitain sa hinaharap na noon pa man ay pinanghahawakan na ng mga tagapagtatag nito: "Nakatagpo ko ang buong simbahan ni Cristo sa isang maliit at lumang bahay na troso na mga 20 talampakan parisukat, malapit sa Waterloo, N.Y. at sinimulan naming talakayin ang tungkol sa kaharian ng Diyos na para bang nasa pag-uutos namin ang sanlibutan; nagsalita kami nang may malaking pagtitiwala,. . . . bagamat hindi kami marami;. . . . nakita namin sa pangitain, ang simbahan ng Diyos, na marami na nang isang libong ulit,. . . . ang mundo ay ganap na mangmang sa patotoo ng mga propeta at walang nalalaman sa kung ano na ang gagawin ng Diyos."[17]

Ang mga pangyayaring naganap noong ika-6 ng Abril 1830 sa kanlurang New York ay nagpabago sa buhay ng milyun-milyong tao. Mula sa iilang nagbalik-loob sa isang maliit na bahay na troso, kumalat ang ebanghelyo sa buong mundo. Nakatayo ngayon ang Simbahan sa maraming lupain, madalas ay sa mga kalagayang kasinghamak ng mga naroon sa pinakaunang pagkatatag nito sa Fayette. Ang mga Banal sa buong mundo ay nagagalak at nakasusumpong ng aliw sa pangako ng Tagapagligtas: "Kung saan may dalawa o tatlong nagkakatipon sa aking pangalan,. . . . masdan, ako ay naroroon sa gitna nila" (Doktrina at mga Tipan 6:32).

## "Humayo sa Ohio": Ang Pagtitipon ng Israel sa mga Huling Araw

*Pag-uusig sa Colesville*

Sa loob din ng buwan kung kailan itinatag ang Simbahan, nagmisyon ang Propetang Joseph Smith upang turuan ang kanyang mga kaibigan, ang mag-anak ni Joseph Knight Sr., na nakatira sa Colesville, New York. Noong ika-28 ng Hunyo, marami sa mga kasapi sa mag-anak na Knight at mga kaibigan ang handa nang gawin ang tipan ng pagbibinyag.

May malakas na pagtutol sa pangangaral ng ebanghelyo sa pook ng Colesville, at may mga mandurumog na nagtangkang pigilin ang mga pagbibinyag sa pamamagitan ng pagsira sa saplad na itinayo ng mga kapatid upang makaipon ng tubig. Subalit ito ay kaagad na nakumpuni. Inilarawan ni Joseph Knight ang mga bagay na ginawa ng mga kaaway sa pananampalataya: "Nang kami ay paalis na mula sa [pagbibinyag], sinalubong kami ng marami sa aming mga kapitbahay, itinuturo kami at nagtatanong kung nagpaligo kami ng mga tupa. . . . Nang gabing iyon, ang aming mga bagon ay itinaob at tinambakan ng mga kahoy, ang ilan ay pinalubog sa tubig, may mga barandang itinambak sa aming pintuan, at mga kadena ng hayop na pinalubog sa sapa, at marami pang mga kapilyuhang ginawa."[18]

Sa panahong ito, nagtangka ang mga tumututol na gambalain ang Propeta sa pamamagitan ng pagpapahuli at pagsasakdal sa kanya sa kasong panggagambala sa kapayapaan. Subalit umupa ng mga manananggol si Joseph Knight Sr., na nagpawalang sala sa kanya sa lahat ng sakdal di naglaon.

Sa tuwing magkakaroon ng mahahalagang pagsulong ang Simbahan, tila nagsasagawa ng isang malakas na pagsubok ang kalaban ng lahat ng kabutihan upang pigilin ang paglago ng kaharian ng Diyos. Subalit napagtatagumpayan ng matatapat na Banal ng Diyos ang mga suliranin at higit silang nagiging matatag, kagaya ng mga Banal sa Colesville, na pinagbuklod ang kanilang mga sarili upang maging isang malakas at nagkakaisang sangay.

### *Mga Misyonero sa mga Indiyan*

Noong Setyembre at Oktubre 1830, apat na kabataang lalaki ang tinawag sa pamamagitan ng paghahayag na dalhin ang ebanghelyo at ang mensahe ng Aklat ni Mormon sa mga Indiyan ng Amerika, na mga inapo ng mga tao sa Aklat ni Mormon. Ang mga misyonero ay sina Oliver Cowdery, Peter Whitmer, Jr., Parley P. Pratt, at Ziba Peterson (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 28:8; 30:5–6; 32). Naglakbay sila nang daan-daang milya sa ilalim ng mapanubok na

mga kalagayan at nakapangaral sa mga Indiyang Catteraugus malapit sa Buffalo, New York, sa mga Wyandot ng Ohio, at pinakahuli sa mga Delaware na naninirahan sa kanluran ng estado ng Missouri. Ngunit ang pinakamalaki nilang tagumpay ay sa mga naninirahan sa Kirtland, Ohio, at sa mga paligid nito, kung saan nakapagpabalik-loob sila ng 127 katao. Pagkaalis ng mga misyonero, ang bilang ng mga Banal sa Ohio ay umabot na sa ilang daan sa pamamagitan ng pangangaral ng mga kasaping naiwan.

*Ang Panawagan Upang Magtipon sa Ohio*

Si Sidney Rigdon, isang dating ministro at bagong kasapi mula sa pook ng Kirtland, at isang kaibigang di-kasapi na nagngangalang Edward Partridge ay sabik na makita ang Propeta at matutuhan ang marami pang mga turo ng Simbahan. Noong Disyembre 1830, naglakbay sila nang mahigit 250 milya patungong Fayette, New York, upang dalawin si Joseph Smith. Hiniling nila sa kanya na alamin ang kalooban ng Panginoon hinggil sa kanilang sarili at sa mga Banal sa Kirtland. Bilang katugunan, inihayag ng Panginoon na ang mga Banal sa New York ay kinakailangang "sama-samang magtipun-tipon sa Ohio" (Doktrina at mga Tipan 37:3). Sa pangatlo at panghuling pagpupulong ng Simbahan sa New York, na ginanap sa sakahan ng mga Whitmer noong ika-2 ng Enero 1831, inulit ng Panginoon ang ganitong tagubilin sa mga kasapi:

"At maaari ninyong matakasan ang kapangyarihan ng kaaway, at matipon sa akin bilang isang mabubuting tao, na walang bahid-dungis at walang kasalanan—Dahil dito, sa kadahilanang ito ako ay nagbigay sa iyo ng kautusan na ikaw ay nararapat na magtungo sa Ohio; at doon bibigyan kita ng aking batas; at doon ikaw ay pagkakalooban ng kapangyarihan mula kaitaasan" (Doktrina at mga Tipan 38:31–32). Ito ang unang panawagan sa dispensasyong ito para magtipon ang mga Banal.

Bagamat may ilang kasapi ang pumiling huwag ipagbili ang kanilang mga ari-arian at gawin ang mahabang paglalakbay mula sa New York patungong Ohio, ang karamihan sa mga Banal ay

tumugon sa tinig ng Pastol na tipunin ang Israel. Si Newel Knight ay isang halimbawa ng mga disipulo na sumunod sa pamunuan ng pagkasaserdote at tumugon sa panawagan:

"Pagkaraang makauwi mula sa pagpupulong, bilang pagsunod sa kautusang ibinigay, ako, kasama ang Sangay ng Colesville, ay nag-umpisang maghanda sa pagpunta sa Ohio. . . . Kagaya ng inaaasahan, kinailangan naming isakripisyo nang malaki ang aming mga ari-arian. Ang malaking bahagi ng aking panahon ay nagugol sa pagpunta sa mga kapatid at pagtulong sa pagsasaayos sa kanilang mga alalahanin, upang kami ay makapaglakbay nang sama-sama."[19]

Isa ring halimbawa si Joseph Knight Sr. ng mga taong kusang nagsakripisyo sa pagbebenta ng kanilang mga ari-arian upang makasama ang Propeta sa Ohio. Ang kanyang payak na patalastas sa *Broome Republican* ay nagpapahiwatig nang labis tungkol sa kanyang panata sa ebanghelyo: "Ang sakahan na kasalukuyang tinitirahan ni Joseph Knight ay matatagpuan sa nayon ng Colesville, malapit sa Tulay ng Colesville—na nahahangganan ng Ilog Susquehanna sa isang gilid, at binubuo ng mga limampu't pitong hektarya. Sa nasabing sakahan ay may dalawang tirahang bahay, isang mahusay na kamalig, at isang magandang taniman ng mga punong kahoy. *Magiging mapagbigay ang mga tadhana ng pagbebenta*."[20] Mga 68 kasapi mula sa Colesville ang patungo na ng Ohio pagdating ng kalagitnaan ng Abril 1831.

Ganoon din kamasunurin sa kautusan ng Panginoon ang 80 Banal mula sa Sangay ng Fayette and 50 mula sa Sangay ng Manchester, na umalis sa kanilang mga tahanan noong unang bahagi ng Mayo 1831. Si Lucy Mack Smith, ina ng Propeta, ang nahiling na mamuno sa exodo ng mga kasapi mula sa Fayette. Nang dumating sila sa Buffalo, New York, napag-alaman nilang ang daungan sa Lawa ng Erie ay barado ng yelo, at ang bapor na nagdadala sa mga Banal mula sa Fayette ay hindi makaalis sa pantalan. Sa mahirap na kalagayang ito, nanawagan siya sa mga kasapi na pairalin ang kanilang pananampalataya: "Ngayon, mga kapatid, kung mananawagan kayo sa langit na nawa ay mahawi

ang yelo at tayo ay makaalis, kasing tiyak ng pagiging buhay ng Panginoon, mangyayari ito." Sa sandali ring iyon isang ingay ang narinig "na parang dumadagundong na kulog." Nahawi ang yelo at isang makitid na daanan ang nabuo kung saan nakadaan ang bapor. Katatawid lamang nila nang muling magsara ang daanan, ngunit sila ay nasa katubigan na at makapagpapatuloy sa paglalayag. Pagkalipas ng mahimalanag pagkatakas na ito,

tinipon ang pulutong upang sabay-sabay na maghandog ng kanilang pasasalamat sa Diyos para sa kanyang awa sa kanila.[21]

Pagdating ng kalagitnaan ng Mayo, lahat ng sangay ng Simbahan mula sa New York ay nakapaglakbay na sa pamamagitan ng bapor patawid sa Lawa ng Erie patungo sa Fairport Harbor, Ohio, kung saan sinalubong sila ng kapwa nila mga Banal at dinala sa mga patutunguhan sa mga nayon ng Kirtland at Thompson. Nagsimula na ang dakilang pagtitipon ng Israel. Nasa katayuan na ang mga Banal upang maturuan bilang isang katawan ng mga piniling tagapaglingkod ng Panginoon, matagubilinan sa kanyang mga batas, at magtayo ng mga banal na templo.

KABANATA TATLO

# Pagtatayo ng Kaharian sa Kirtland, Ohio

**Ang Pagdating ng Propeta sa Ohio**

Isang maginaw na umaga noong Pebrero 1831, natapos ng Propetang Joseph Smith at ng kanyang kabiyak, si Emma, na



*Ang Templo ng Kirtland*

noon ay nasa ikaanim na buwan ng pagbubuntis sa isang kambal, ang 250 milyang paglalakbay buhat sa New York patungong Kirtland, Ohio. Dumating sila sakay ng karwahe sa tindahan ng mga Gilbert at Whitney. Itinatala ng mga sumusunod na sipi ang pagtatagpo nina Newel K. Whitney at ng Propeta:

"Ang isa sa mga kalalakihan [sa karwahe], na may kabataan at matipunong pangangatawan, ay bumaba, umakyat sa mga baitang, at pumasok sa tindahan kung saan nakatayo ang nakabababang kasosyo.

" 'Newel K. Whitney! Ikaw na nga!' sabi niyang iniaabot ang kamay, na para bang matagal at dati na siyang kakilala.

" 'May kalamangan ka sa akin,' sagot ng taong tinawag, habang wala sa loob na tinanggap ang nakalahad na kamay . . . — 'Hindi kita matatawag sa pangalan gaya ng ginawa mo sa akin.'

" 'Ako si Joseph, ang Propeta,' sabi ng dayuhang nakangiti, 'Nanalangin kang pumarito ako; ano ngayon ang ninanais mo mula sa akin?' "[1]

Kailan lamang, si Newel at ang kanyang kabiyak, si Elizabeth, ay taimtim na umusal ng panalangin upang mapatnubayan. Bilang tugon, bumaba sa kanila ang Espiritu Santo at may ulap na lumilim sa kanilang bahay. Mula sa ulap, may isang tinig na nagpahayag, "Humanda kayong tumanggap ng salita ng Panginoon, sapagkat ito ay parating na!"[2] Di naglaon, ang mga misyonerong tinawag upang magturo sa mga Indiyan ay pumunta sa Kirtland, at ngayon nga ay dumating na ang Propeta.

Nagpahayag kalaunan si Orson F. Whitney, apo ni Newel, ng kanyang mga damdamin tungkol sa pangyayaring ito: "Sa pamamagitan ng anong kapangyarihan nakilala ng pambihirang taong ito, si Joseph Smith, ang isang taong hindi pa niya kailanman nakita nang harapan? Bakit hindi siya nakilala ni Newel K. Whitney? Iyon ay dahil tagakita si Joseph Smith, isang piling tagakita; totoong nakita niya si Newel K. Whitney sa pagkakaluhod nito, daan-daang milya ang layo mula sa kanya, na nananalangin sa kanyang pagpunta sa Kirtland. Kataka-taka—ngunit totoo!"[3]

Ang pagdating ng Propeta ay naghatid ng salita ng Panginoon sa Kirtland, kung saan marami sa mahahalagang bahagi ng Simbahan ang inilagay sa pagkakaayos. Inihayag ang pangunahing balangkas ng pamahalaan ng Simbahan, ipinadala sa ibayong dagat ang mga misyonero, itinayo ang unang templo, at tinanggap ang maraming mahahalagang paghahayag. Matinding inusig ang mga Banal at sinubukan upang makita kung ipapamalas nila ang pananampalataya, katapangan, at kaluwagan ng kalooban sa pagsunod sa piniling propeta ng Panginoon.

**Dalawang Sentro ng Gawain ng Simbahan**

Sa panahong tinatawag ang mga Banal na magtipon sa Ohio, sinimulan nilang hangarin ang araw na maitatatag nila ang Sion. Noong Hunyo 1831, tumanggap ng paghahayag ang Propetang Joseph Smith na nagtagubilin sa kanya, kay Sidney Rigdon at 28 pang ibang mga elder na magtungo sa isang misyon ng pangangaral sa Missouri at doon idaos ang susunod na pagpupulong ng Simbahan (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 52). Ang Missouri ay nasa kanlurang hangganan ng Estados Unidos ng Amerika noon, mahigit 1,000 milya sa kanluran ng Kirtland. Inihayag ng Panginoon kay Joseph na tatanggapin ng mga Banal ang kanilang mana at itatatag ang Sion sa Jackson County, Missouri.

Si Joseph, ang iba pang mga misyonero, at di naglaon ang buong pulutong ng mga Banal mula sa Colesville, New York, ay naglakbay patungo sa Jackson County noong tag-araw ng 1831 at nagsimulang magtayo ng panirahanan. Bagamat si Joseph at iba pang mga pinuno ay bumalik sa Kirtland, maraming kasapi ng Simbahan ang nanirahan sa Missouri.

Sa pagitan ng 1831 at 1838, nagkaroon ang Simbahan ng dalawang sentro ng populasyon. Si Joseph Smith, ang mga kasapi ng Kapulungan ng Labindalawa, at ang malaking bilang ng mga Banal ay nanirahan sa pook ng Kirtland, Ohio, samantalang marami pang ibang kasapi ng Simbahan ang tumira sa Missouri,

na pinamunuan ng mga pinuno ng pagkasaserdote na itinalaga sa kanila. Mahahalagang pangyayari ang sabay na nagaganap sa dalawang lugar, at naglakbay ang mga pinuno ng Simbahan mula sa isang pook patungo sa kabila kung kinakailangan. Ang mga kaganapan sa Kirtland sa loob ng pitong taong yugtong ito ang unang tatalakayin, at pagkatapos ang mga pangyayari sa Missouri ang isasalaysay.

**Mga Sakripisyo ng mga Banal sa Pagtitipon sa Ohio**

Marami sa mga Banal na pumunta sa Ohio ang gumawa ng malalaking sakripisyo. Itinakwil ang ilan ng kanilang mga mag-anak; ang iba ay nawalan ng pakikisama ng mga dating kaibigan. Inilarawan ni Brigham Young kung paano siya nagsakripisyo upang makatugon sa panawagan ng Propeta na magtipon:

"Nang dumating kami sa Kirtland [noong Setyembre 1833], kung may isa man sa mga nakipagtipon sa mga Banal na higit na pulubi kaysa sa akin—iyon ay dahil walang-walang siya. . . . May dalawa akong anak na inaalagaan—iyon lamang. Isa akong balo. 'Kapatid na Brigham, may sapatos ka ba?' Wala; walang sapatos sa aking mga paa maliban sa hiniram na mga bota. Wala akong damit panlamig, maliban sa isang amerikanang ginawa sa bahay na ginamit ko na ng tatlo o apat na taon. 'May pantalon?' Wala. 'Ano ang isinuot mo? Hindi ka ba nagpapantalon?' Hindi; nanghiram ako ng isang paris upang maisuot hanggang sa magkaroon ako ng isa pang paris. Naglakbay ako at nangaral at aking ibinigay ang bawat dolyar ng aking ari-arian. May kaunti akong kayamanan nang magsimula akong mangaral. . . . Naglakbay ako at nangaral hanggang sa wala nang natira para sa sarili ko; ngunit sinabi ni Joseph: 'halika;' at ako ay sumunod sa abot ng aking makakaya."[4]

Marami pang ibang matatapat na Banal ang pumunta sa Kirtland, kung saan ang mga kasaping nauna na roon ay tinanggap sila nang maluwalhati at nagbahagi ng panustos mula sa salat nilang mga imbak. Ang ganoon kagiting na mga tao ang bumuo sa saligan ng kagila-gilalas na paglaki at pagsulong ng

Simbahan.

### Mga Paghahayag na Tinanggap sa Pook ng Kirtland

Habang naninirahan ang Propetang Joseph sa pook ng Kirtland, tinanggap niya ang maraming paghahayag, at 65 sa mga ito ang kabilang sa Doktrina at mga Tipan. Itinuturo ng mga paghahayag ang kalooban ng Panginoon hinggil sa kagalingan, paghahanap ng mga tanda, mabuting asal, mga alituntunin sa pagkain, ikapu, kapangyarihan ng pagkasaserdote, ang tungkulin ng propeta, ang tatlong antas ng kaluwalhatian, gawaing misyonero, ang Pangalawang Pagparito, ang batas ng paglalaan, at marami pang ibang paksa.

*Ang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia*

Noong Hunyo 1830, sinimulan ni Joseph Smith ang kanyang takdang gawain mula sa langit na pagwawasto ayon sa inspirasyon sa Bersiyon ni Haring James (Ingles) ng Biblia. Kilala ang obrang ito bilang Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia. Sa pagitan ng Hunyo 1830 at Hulyo 1833, gumawa ang Propeta ng maraming pagbabago sa teksto ng Biblia, kabilang ang pagwawasto ng mga salitang matatagpuan sa biblia, pagliliwanag sa mga doktrina, at pagpapanumbalik sa mga manuskritong pangkasaysayan at pangdoktrina.

Tumanggap ng maraming paghahayag si Joseph habang ginagampanan ang gawaing ito, na madalas ay katugunan sa mga katanungang lumitaw habang binubulay-bulay niya ang mga talata ng banal na kasulatan. Isa sa mga paghahayag na ito ang nangyari noong ika-16 ng Pebrero 1832 makaraang isalin nina Joseph at Sidney Rigdon ang Juan 5:29. Pinagmuni-muni nila ang talatang ito, at "hinipo ng Panginoon ang mga mata ng [kanilang] mga pang-unawa at ang mga ito ay nabuksan, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay nagliwanag sa paligid" (Doktrina at mga Tipan 76:19). Tinanggap nila ang isa sa dakilang pangitain sa lahat ng panahon, na nakatala ngayon sa bahagi 76 ng Doktrina at mga Tipan. Nakita nila ang Ama at ang Anak, nabatid

ang banal na tadhana ng mga anak ng Diyos, at natanggap ang walang hanggang mga katotohanan tungkol sa kung sino ang mananahan sa tatlong kaharian ng kaluwalhatian.

*Paglalathala ng mga Paghahayag*

Sa isang tanging pagpupulong sa Hiram, Ohio, noong Nobyembre 1831, sinang-ayunan ng mga kasapi na ilathala ang Aklat ng mga Kautusan (Book of Commandments), na naglalaman ng mga 70 paghahayag na ibinigay sa Propeta. Sa pagpupulong na ito, ibinigay ng Panginoon kay Joseph Smith ang mga paghahayag na siyang magiging paunang-salita at apendise sa Aklat ng mga Kautusan. (Ang mga ito kinalaunan ay naging bahagi 1 at 133 ng Doktrina at mga Tipan.)

Itinakda ang gawain ng paglilimbag ng aklat kay William W. Phelps, na may palimbagan sa Jackson County, Missouri. (Sa karagdagang kaalaman tungkol sa Aklat ng mga Kautusan, tingnan ang pahina 47.) Ang mga paghahayag sa Aklat ng mga Kautusan, kasama ng iba pang mga paghahayag, kinalaunan ay inilimbag sa isang tomo na pinamagatang Doktrina at mga Tipan, na inilathala sa Kirtland noong 1835. Ang pangalawang edisyon ng Aklat ni Mormon, na may bahagyang mga pagwawasto, ay inilimbag din sa Kirtland.

Mga ilang buwan pa lamang makaraang itinatag ang Simbahan, binigyang-diin ng Panginoon ang mahalagang papel ng musika sa Simbahan sa pamamagitan ng pag-aatas sa kabiyak ng Propeta, si Emma, na simulan ang pagpili ng mga banal na himno (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 25:11). Ang himnaryong kanyang tinipon ay inilathala sa Kirtland, na siyang nagbigay daan upang matanggap ng mga Banal ang pangakong biyaya ng Panginoon: "Sapagkat ang aking kaluluwa ay nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunan ng pagpapala sa kanilang mga ulo" (Doktrina at mga Tipan 25:12).

*Paaralan ng mga Propeta*

Noong Disyembre 1832 at Enero 1833, tumanggap ang Propetang Joseph ng paghahayag na naging bahagi 88 ng Doktrina at mga Tipan. Kabilang sa iba pang mga bagay, ang paghahayag na ito ay nagtagubiling magtayo ng isang "paaralan ng mga propeta" (Doktrina at mga Tipan 88:127) upang maturuan ang mga kapatid na lalaki ng doktrina at alituntunin ng ebanghelyo, mga gawain ng Simbahan, at iba pang mga bagay.

Noong taglamig ng 1833, madalas na nagpupulong ang Paaralan ng mga Propeta, at kapwa nag-alala sina Joseph at Emma sa nakaugaliang paggamit ng mga kapatid na lalaki ng tabako, lalo na sa usok ng tabako sa mga pagpupulong at kawalan ng kalinisan sanhi ng pagnguya ng tabako. Nagtanong si Joseph Smith sa Panginoon tungkol sa bagay na ito at tumanggap siya ng paghahayag na nakilala bilang Salita ng Karunungan (Word of Wisdom). Nagbigay ang paghahayag na ito ng mga kautusan ng Panginoon para sa pangangalaga ng katawan at espiritu, at nangako na ang mga susunod sa mga ito ay makatatanggap ng mga biyayang espirituwal ng "karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging natatagong mga kaalaman" (Doktrina at mga Tipan 89:19). Ang Salita ng Karunungan ay naglalaman din ng mga kabatiran tungkol sa kalusugan na hindi pa alam sa larangan ng panggagamot o agham noong panahong iyon ngunit napatunayang may malaking kapakinabangan kinalauan, kagaya ng payong huwag gumamit ng tabako o uminom ng alak.

*Batas ng Paglalaan*

Noong 1831, nagsimulang ihayag ng Panginoon ang mga bahagi ng batas ng paglalaan, isang pamamaraang espirituwal at temporal, na kung susundin nang may pagkamatwid, ay magbibigay biyaya sa naghihikahos na mga Banal sa mga Huling Araw. Sa ilalim ng batas na ito, hiniling sa mga Banal na ilaan, o ilipat, ang lahat ng kanilang mga ari-arian sa obispo ng Simbahan. Magbibigay naman siya pagkatapos ng isang mana, o pangangasiwa, sa mga kasapi. Pamamahalaan ng mga mag-anak ang kanilang mga mana sa pinakamainam na paraang magagawa

nila. Kung sa katapusan ng taon ay may labis sila, ibibigay ito sa obispo upang magamit sa pangangalaga ng mga nangangailangan. Si Edward Partridge ang tinawag ng Panginoon upang maglingkod bilang unang obispo ng Simbahan.

Ang batas ng paglalaan ay binubuo ng mga alituntunin at kaugaliang nagbibigay ng espirituwal na lakas sa mga kasapi at nagdudulot ng kainamang pagkakapantay-pantay sa pamumuhay, na nag-aalis sa kasakiman at karukhaan. Ipinamuhay nang maayos ng ilang mga Banal ang batas na ito, na nagbigay-biyaya sa kanila at sa iba pa, ngunit may ibang mga kasaping hindi napagtagumpayan ang kanilang mga makasariling pagnanasa, na nagbunsod sa pag-alis ng batas na ito mula sa Simbahan. Noong 1838, inihayag ng Panginoon ang batas ng ikapu (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 119), na nagpapatuloy ngayon bilang batas ng pananalapi ng Simbahan.

**Pagpapalakas ng Pagkasaserdote**

*Ipinahayag ang mga Katungkulan sa Pagkasaserdote*

Habang dumarami ang mga kasapi ng Simbahan, patuloy ang Propeta sa pagtanggap ng paghahayag hinggil sa mga katungkulan ng pagkasaserdote. Sa pagtatagubilin ng Panginoon, kanyang itinatag ang Unang Panguluhan, na binubuo niya bilang Pangulo, at nina Sidney Rigdon at Frederick G. Williams bilang mga Tagapayo. Itinatag din niya ang Korum ng Labindalawang Apostol at ang Unang Korum ng Pitumpu. Tumawag at nag-orden

siya ng mga obispo at ng kanilang mga tagapayo, mataas na saserdote, patriyarka, mataas na kapulungan, pitumpu, at elder. Itinatag din niya ang mga unang istaka ng Simbahan.

Dahil sa kakulangan sa karanasan, madalas gapiin ang mga bagong binyag na kasapi ng mga tawag upang maglingkod. Halimbawa, si Newel K. Whitney ay tinawag bilang ikalawang obispo ng Simbahan noong Disyembre 1831, upang maglingkod sa Kirtland nang si Edward Partridge ay naging obispo ng mga Banal sa Missouri. Naramdaman ni Newel na hindi niya makakayanan ang mga hinihingi ng katungkulan, kahit na sinabi

sa kanya ng Propetang tinawag siya ng Panginoon sa pamamagitan ng paghahayag. Kung kaya't sinabi sa kanya ng Propeta, "Humayo ka at ikaw na mismo ang magtanong sa Ama." Umalis si Newel at lumuhod sa isang mapagpakumbabang pagdarasal at nakarinig ng tinig mula sa kalangitan na nagsabing, "Nasa akin ang iyong lakas."[5] Tinanggap niya ang tawag at naglingkod siya bilang obispo sa loob ng 18 taon.

*Pagsasanay ng mga Pinuno sa Kampo ng Sion*

Malubhang kinailangan ng Simbahan ang mga pinuno ng pagkasaserdote na subok na, may karanasan, at napatunayang matapat, na mananatiling tapat sa Panginoon at sa kanyang propeta sa ilalim ng anumang kalagayan. Isang pagkakataong mapatunayan ang pagkamasunurin sa mahihirap na kalagayan at ang masanay nang personal ni Propetang Joseph Smith ang idinulot ng martsa ng Kampo ng Sion.

Itinatag ang Kampo ng Sion upang makatulong sa mga Banal sa Missouri na masidhing inuusig dahil sa kanilang mga paniniwalang pangrelihiyon. Marami ang pinalayas mula sa kanilang mga tahanan. (Tingnan ang karagdagang kaalaman sa mga pahina 46–53.) Noong ika-24 ng Pebrero 1834, inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith na kinakailangan niyang magtatag ng isang pulutong ng kalalakihan upang magmartsa mula sa Kirtland patungong Missouri at tumulong na maibalik sa mga Banal ang kanilang mga lupain (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 103). Ipinangako ng Panginoon na siya ay mapapasakanila at na "ang lahat ng tagumpay at kaluwalhatian" ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng kanilang "pagsisikap, katapatan, at mga panalangin nang may pananampalataya" (Doktrina at mga Tipan 103:36). Karamihan sa naunang mga kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol at Korum ng Pitumpu ay inihanda sa kanilang mga pananagutan sa hinaharap sa pamamagitan ng karanasang ito.

Ganap na itinatag ang Kampo ng Sion sa New Portage, Ohio, noong ika-6 ng Mayo 1834. Kalaunan, kinabilangan ito ng 207

kalalakihan, 11 kababaihan at 11 bata, na hinati ng Propeta sa mga pulutong na tigsasampu at tiglilimampu, at tinagubilinan ang bawat pulutong na pumili ng isang kapitan. Isa sa mga lumahok, si Joseph Holbrook, ay nag-ulat na itinayo ang kampo "alinsunod sa sinaunang kaayusan ng Israel."[6] Nagmartsa silang sabay-sabay sa loob ng 45 araw patungong Clay County, Missouri, na may layong mahigit sa 1,000 milya. Naglakbay sila sa pinakamabilis na kaya nila, at sa ilalim ng mahihirap na kalagayan. Napakahirap makakuha ng sapat na pagkain. Madalas pakainin ang kalalakihan ng kaunting hain ng magaspang na tinapay, maasim na mantikilya, lugaw na mais, matapang na pulot, hilaw na karne ng baboy, bulok na hamon, at inuuod nang tusino at keso. Si George A. Smith, na naging Apostol kalaunan, ay nagtalang madalas siyang gutom: "Labis akong pagod, gutom, at inaantok kung kaya't nanaginip ako habang naglalakad sa daan na may nakikita akong malinis na agos ng tubig sa malamig na lilim ng isang puno at may masarap na hiwa ng tinapay at bote ng gatas na nakahain sa ibabaw ng saping tela sa tabi ng bukal."[7]

Binigyang-diin ng kampo ang espirituwalidad at pagsunod sa mga kautusan. Tuwing Linggo, nagpupulong sila at kumakain ng sakramento. Madalas na magturo ng mga doktrina ng kaharian ang Propeta. Sinabi niya: "Kasama natin ang Diyos, at nauna na sa atin ang kanyang mga anghel, at ang pananampalataya ng ating maliit na pangkat ay di matinag. Batid naming mga anghel ang aming kasama, dahil nakita namin sila."[8]

Gayunpaman, ang mga kahirapan ng kampo ay nagsimulang makaapekto sa mga kalahok. Ipinakita ng paraan ng pagdadalisay na ito ang mga bumubulong-bulong, di masunurin at madalas na naninisi kay Joseph sa kanilang mga paghihirap. Noong ika-17 ng Mayo, hinikayat ng Propeta ang mga may mapanghimagsik na espiritu na "magpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap ng Panginoon at maging isa, nang sila ay di parusahan."[9]

Noong ika-18 ng Hunyo, sinapit ng kampo ang Clay County, Missouri. Gayunpaman, hindi tinupad ni Daniel Dunklin, ang

gobernador ng Missouri, ang kanyang pangako na ibalik sa kanilang mga tahanan ang mga kasapi ng Simbahan na sapilitang pinaalis. Para sa ilang kalahok sa kampo, ang pagkabigo sa layuning militar na ito ang pinakatampok na pagsubok ng kanilang pananampalataya. Masama ang loob at galit, may ilang harap-harapang naghimagsik. Dahil dito, nagbabala ang Propeta na magpapadala sa kanila ang Panginoon ng isang mapanirang pagpaparusa. Di naglaon, isang mapagpahamak na epidemya ng kolera ang lumaganap sa kampo. Bago ito natapos, ikatlong bahagi ng kampo ang nagkasakit, kabilang na si Joseph Smith, at pagkaraan ay 14 na kalahok ng kampo ang namatay. Noong ika-2 ng Hulyo, muling nagbabala sa kampo si Joseph na magpakumbaba ng kanilang mga sarili sa harap ng Panginoon at makipagtipang susunod sa kanyang mga kautusan at sinabi rin niya na kung gagawin nila ito, ang epidemya ay aalisin sa oras ding iyon. Ang tipan ay ginawa sa pamamagitan ng pagtaas ng mga kamay, at natapos ang epidemya.

Noong unang bahagi ng Hulyo, itiniwalag nang may karangalan ng Propeta ang mga kasapi ng kampo. Ipinakita ng paglalakbay kung sino ang nasa panig ng Panginoon at kung sino ang karapat-dapat maglingkod sa mga tungkulin ng pamumuno. Ipinaliwanag ng Propeta kalaunan ang kinalabasan ng pagmamartsa: "Hindi nais ng Diyos na makipag-away kayo. Hindi niya maaaring itayo ang kanyang kaharian sa pamamagitan ng labindalawang kalalakihang magbubukas ng mga pinto ng ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig, at pitumpung kalalakihan sa ilalim ng pangangasiwa ng mga ito na sumunod sa kanilang landas, maliban lamang kung kinuha niya ang mga ito mula sa kalalakihang inialay ang kanilang mga buhay, at gumawa ng sakripisyong kasing dakila ng ginawa ni Abraham."

Sinabi ni Wilford Woodruff, isang kasapi ng kampo na nang maglaon ay naging pang-apat na Pangulo ng Simbahan: "Nakatamo kami ng karanasang hindi namin makukuha sa iba pang paraan. Nagkaroon kami ng pribilehiyong makita nang

harapan ang Propeta, at nagkaroon kami ng pribilehiyong maglakbay ng isang libong milya kasama siya, at makita ang mga paggawa ng espiritu ng Diyos sa kanya, at ang mga paghahayag ni Jesucristo sa kanya at ang katuparan ng mga paghahayag na iyon."[11]

Noong Pebrero 1835, limang buwan matapos na itiwalag ang kampo, itinatag ang Korum ng Labindalawang Apostol at ang Unang Korum ng Pitumpu. Pitumpu't-siyam sa walumpu't dalawang katungkulan sa dalawang korum na ito ay hinawakan ng mga kalalakihang nasubukan na sa pagmamartsa sa Kampo ng Sion.

Sa Kirtland, ipinagpatuloy ni Joseph Smith ang pagsasanay sa mga pinuno sa hinaharap. Apat na Pangulo ng Simbahan sa hinaharap—sina Brigham Young, John Taylor, Wilford Woodruff, at Lorenzo Snow—ang bininyagan noong mga taon sa Kirtland at kalauan ay namuno sa Simbahan nang magkakasunod hanggang 1901. Karagdagan dito, ang tatlong sumunod na mga Pangulo—sina Joseph F. Smith, Heber J. Grant, at George Albert Smith, na ang mga panunungkulan ay umabot hanggang 1951—ay tuwirang mga inapo ng magigiting na tagabunsod sa Kirtland.

**Pagsulong ng Gawaing Misyonero**

Habang naninirahan ang mga Banal sa Kirtland, maraming misyonero ang tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo sa malalayong lugar, karamihan ay sa pansariling sakripisyo. May mga misyonerong ipinadala sa ilang estado ng Amerika, sa mga bahagi ng Canada, at sa ibayo ng Atlantiko hanggang sa Inglatera. Sa pamamagitan ng mga pagpupunyaging pangmisyonerong ito, maraming tao ang tumanggap ng saksi sa katotohanan ng ebanghelyo. Naging magiting na mga kasapi sila at nagbigay ng dakilang lakas sa bagong Simbahan.

Ilan sa mga paghahayag na itinala sa Kirtland ay kinabilangan ng mga kautusan sa mga kasapi na ipangaral ang ebanghelyo sa mundo. Ipinahayag ng Panginoon, "At kayo ay hahayo sa

pamamagitan ng kapangyarihan ng aking Espiritu, mangangaral ng aking ebanghelyo, dala-dalawa, sa aking pangalan, lalakasan ang inyong mga tinig gaya ng tunog ng isang trumpeta, na nagpapahayag ng aking salita katulad ng mga anghel ng Diyos" (Doktrina at mga Tipan 42:6). Nang sumunod na taon, ipinag-utos ng Panginoon na, "Nababagay lamang sa bawat tao na nabigyang babala na balaan ang kanyang kapwa" (Doktrina at mga Tipan 88:81).

*Mga Misyon ng mga Naunang Nagbalik-loob sa Ohio*

Si Zera Pulsipher, isang nagbalik-loob mula sa Ohio, ay isang halimbawa ng mga masigasig na nagbahagi ng mensahe ng Pagpapanumbalik. Sumapi siya sa Simbahan noong Enero 1832 at nagtalang di naglaon mula noon, siya "ay inordenan sa katungkulan ng elder at umalis upang mangaral nang may malaking tagumpay sa loob ng bansa at sa ibayong dagat."[12] Siya at ang isa pang misyonero, si Elijah Cheney, ay naglakbay patungo sa maliit na nayon ng Richland, New York, kung saan nagsimula silang mangaral sa lokal na paaralan. Kabilang sa mga naunang nagbalik-loob na bininyagan nila ay isang batang magsasaka na nagngangalang Wilford Woodruff, na isang araw ay magiging isa sa mga pinakamatagumpay na misyonero sa kasaysayan ng Simbahan at pang-apat na Pangulo ng Simbahan. Sa loob ng isang buwan, nakapagbinyag ang dalawang misyonero ng ilang tao at itinatag ang isang sangay ng Simbahan sa Richland.

Bilang tugon sa panawagang bigyang-babala ang kanilang mga kapwa, nagmula ang mga misyonero sa iba't ibang larangan ng buhay. May mga asawa at pananagutang pang mag-anak ang karamihan sa kanila. Umalis sila sa kalagitnaan ng paggapas at sa kapanglawan ng taglamig, sa panahon ng kasaganaang pansarili at sa oras ng kahirapan sa pananalapi. Halos hikahos ang ilan sa mga elder nang pasukin nila ang larangan ng misyon. Ang Propeta mismo ay naglakbay ng mahigit sa 15,000 milya sa paglilingkod ng 14 na maiikling misyon mula 1831 hanggang 1833 sa maraming estado at sa Canada.



*Ang apat na misyonerong ito, na tinawag upang dalhin ang ebanghelyo sa mga Indiyan ng Amerika sa ilalim ng mga mapanubok na kalagayan, ay halimbawa ng mga sakripisyong ginawa ng mga tapat na misyonero sa loob ng maagang kasaysayan ng Simbahan.*

Nang tanggapin ni George A. Smith, pinsan ng Propeta, ang tawag patungo sa silangang Estados Unidos, napakadahop niya kung kaya't wala siya ng mga kinakailangang damit at aklat o pambili ng mga ito. Dahil dito, binigyan siya ng Propetang Joseph at ng kapatid nitong si Hyrum ng ilang telang kulay abo, at ipinagtahi siya ni Eliza Brown ng amerikana, tunika, at pantalon. Binigyan siya ni Brigham Young ng isang paris ng sapatos, binigyan siya ng kanyang ama ng isang maliit na Biblia, at nagkaloob ang Propeta ng isang sipi ng Aklat ni Mormon.

Mahirap din sina Elder Erastus Snow at Elder John E. Page nang umalis sila patungo sa larangan ng misyon noong tagsibol ng 1836. Sa paglalarawan ng kanyang katayuan sa panahon ng kanyang pag-alis para sa isang misyon sa kanlurang Pennsylvania, sumulat si Elder Snow, "Umalis ako sa Kirtland nang naglalakad mag-isa at bitbit ang isang maliit na maletang naglalaman ng ilang lathalain ng Simbahan at isang paris ng medyas, may limang sentimo sa aking bulsa, na siyang lahat na ng aking kayamanan sa lupa." Sinabi ni Elder Page sa Propeta na hindi niya matatanggap ang tawag upang mangaral dahil salat siya sa pananamit. Wala

siya kahit na amerikanang maisuot. Sumagot ang Propeta sa pamamagitan ng paghuhubad sa kanyang amerikana at pagbibigay nito kay Elder Page. Sinabi niya kay Elder Page na tumuloy sa kanyang misyon at siya ay saganang bibiyayaan ng Panginoon.[13] Sa misyong ito, biniyayaan si Elder Page na maibahagi ang ebanghelyo sa daan-daang katao na sumapi sa Simbahan.

*Misyon ng Korum ng Labindalawang Apostol*

Noong 1835, tinawag ang mga kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol sa isang misyon sa silangang Estados Unidos at Canada. Ito lamang ang tanging panahon sa kasaysayan ng Simbahan na lahat ng 12 kasapi ng Korum ay naglingkod ng misyon nang sabay-sabay. Nang sila ay bumalik, nagpatotoo si Heber C. Kimball na kanilang nadama ang kapangyarihan ng Diyos at nakapagpagaling sila ng mga maysakit at nakapagpalayas ng mga diyablo.

*Misyon sa Inglatera*

Noong huling bahagi ng yugto sa Kirtland, isang kagipitan ang naganap sa loob ng Simbahan. Ilang kasapi, kabilang ang ilang pinuno, ang lubusang tumalikod dahil hindi nila makayanan ang mga pagsubok at pag-uusig at dahil nagsimula silang maghanap ng mga kamalian sa Propetang Joseph at sa iba pang mga pinuno ng Simbahan. Inihayag ng Panginoon kay Joseph Smith na may bagong bagay na kailangang gawin para mailigtas ang Simbahan. Ang bagay na ito ay ang pagpapasok sa Simbahan ng mga nagbalik-loob mula sa Inglatera. Noong Linggo, ika-4 ng Hunyo 1837, lumapit ang Propeta kay Elder Heber C. Kimball sa Templo ng Kirtland at sinabi sa kanya, "Kapatid na Heber, ang Espiritu ng Panginoon ay nagbulong sa aking: 'Papuntahin ang aking tagapaglingkod na si Heber sa Inglatera at ipahayag ang aking Ebanghelyo, at buksan ang pintuan ng kaligtasan sa bansang iyon.'"[14]

Habang si Heber C. Kimball ay itinatalaga para sa kanyang misyon, pumasok si Elder Orson Hyde sa silid. Nang marinig

niya ang sinasabi, pinukaw si Orson na magsisi, dahil isa siya sa mga kasama sa paghahanap ng kamalian sa Propeta. Nag-alok siyang maglingkod bilang misyonero at itinalaga rin siya upang pumunta sa Inglatera.

Sabik na sabik si Heber C. Kimball na ipangaral ang ebanghelyo sa ibayong dagat kung kaya't habang papalapit ang bapor sa daungan ng Liverpool, Inglatera, tumalon siya patungong pantalan mula sa bapor bago pa man ito makadaong, at nagpahayag na siya ang unang nakarating sa ibayong lupain na may mensahe ng Pagpapanumbalik. Pagdating ng ika-23 ng Hulyo, nangaral ang mga misyonero sa kongregasyon ng nag-uumapaw na mga tagapakinig at itinakda ang unang pagbibinyag sa ika-30 ng Hulyo. Nanalo si George D. Watt sa karera ng takbuhan patungo sa Ilog Preston, na nagpasiya sa karangalan ng pagiging unang bininyagan sa Britanya.

Sa loob ng walong buwan, daan-daang nagbalik-loob ang sumapi sa Simbahan at maraming sangay ang itinayo. Sa pagmumuni-muni hinggil sa dakilang pag-aning ito ng mga kaluluwa, naalala ni Heber na ang Propeta at ang kanyang mga Tagapayo ay "ipinatong ang kanilang mga kamay sa akin at. . . . nagsabing gagawin akong makapangyarihan ng Diyos sa bansang iyon sa pagdadala ng mga kaluluwa sa Kanya: sasamahan at aakayin ako ng mga anghel upang hindi ako madapa; na ako ay bibiyayaan nang labis upang maging ugat ng kaligtasan sa libu-libo."[15]

Dahil maraming naunang misyonero ang masunuring tumanggap sa mga panawagan sa misyon sa kabila ng mga pansariling sakripisyo, libu-libong nagbalik-loob sa Britanya ang nagtamasa sa mga biyaya ng pinanumbalik na ebanghelyo. Nagtipon sila sa Sion at lalong pinalakas ang Simbahan para sa napakahalagang yugtong darating.

## Ang Templo ng Kirtland

### *Mga Sakripisyo ng mga Banal*

Noong ika-27 ng Disyembre 1832, unang nabatid ng mga

Banal ang kautusan ng Panginoon na magtayo ng templo (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 88:119). Ang pagtatayo ng templo ang naging pangunahing pinagkaabalahan ng Simbahan sa Kirtland sa pagitan ng 1833 at 1836. Nagdulot ito ng malaking hamon sa mga Banal, na kulang kapwa sa kinakailangang mga manggagawa at salapi. Ayon kay Eliza R. Snow, "Sa panahong iyon,. . . . iilan lamang ang bilang ng mga Banal, at karamihan sa kanila ay lubos na mahirap; at, kung hindi lamang dahil sa katiyakang winika ng Diyos, at kautusang ibinigay na kinakailangang magtayo ng bahay sa kanyang pangalan, na hindi lamang inihayag niya ang anyo, kundi itinakda rin niya ang mga sukat, ang isang pagtatangka sa pagtatayo ng Templo, sa mga kalagayan noon, ay itinuring, ng lahat nang may kinalaman, na katawa-tawa."[16]

Sa pananampalatayang ibibigay ng Diyos ang kinakailangang tulong at paraan, sinimulan ni Propretang Joseph Smith at ng mga Banal ang kinakailangang mga sakripisyo. Isa si John Tanner sa mga inihanda ng Panginoon upang maibigay ang kaparaanan sa pagtatayo ng templo. Noong Disyembre 1834, si John, isang bagong kasapi mula sa Bolton, New York, "ay nakatanggap ng pagpupukaw sa pamamagitan ng panaginip o pangitain sa gabi, na siya ay kailangan at nararapat na kaagad pumunta sa Simbahan sa Kanluran. . . .

"Sa kanyang pagdating sa Kirtland, nabatid niyang sa panahong tinatanggap niya ang pagpupukaw na kailangan siyang agad na kumilos patungo sa Simbahan, ang Propetang Joseph at ilan sa mga kapatid na lalaki ay nagtagpo sa isang pulong-panalangin upang hilingin sa Panginoon na magpadala sa kanila ng isang kapatid na lalaki o mga kapatid na lalaki na may kaparaanang makatulong sa kanilang makabayad sa pagkakasanla ng sakahan kung saan itatatayo ang templo.

"Nang sumunod na araw mula sa kanyang pagdating sa Kirtland,. . . . [kanyang] napag-alaman na ang nasabing sakahan ay malapit nang mailit dahil sa di pagkakabayad ng pagkakasangla. Sa gayon, pinautang niya ang Propeta ng

dalawang libong dolyar at tinanggap ang kasulatan mula sa propeta na babayaran ito kasama ang tubo, at sa pamamagitan ng halagang iyon ay natubos ang sakahan."[17]

Ang pambihirang mga pagpupunyaging ginawa ng mga Banal sa Kirtland ay mga halimbawa ng sakripisyo at paglalaan ng panahon, talino, at kaparaanan. Gumawa sila sa gusali sa loob ng tatlong taon. Maliban sa kahusayan sa pagtatayo at pagpupunyaging ibinigay ng kalalakihan, nagkidkid at naggantsilyo ang kababaihan upang madamitan ang mga gumagawa. Kalaunan ay ginawa nila ang mga tabing na pinanghati sa mga silid. Ang pagtatayo ay naging higit na mahirap dahil sa pananakot ng mga mandurumog na sirain ang templo, at ang mga gumagawa sa araw ay nagtatanod sa gabi. Subalit pagkaraan ng napakalaking sakripisyo ng panahon at kayamanan, natapos sa wakas ang templo noong tagsibol ng 1836.

*Pagtatalaga ng Templo*

Sa pagkakabuo ng templo, ibinuhos ng Panginoon ang malalakas na biyayang espirituwal sa mga Banal sa Kirtland, kabilang na ang mga pangitain at paglilingkod ng mga anghel. Tinawag ni Joseph Smith ang yugtong itong "isang taon ng kasayahan sa atin, at isang panahon ng kagalakan."[18] Nagpatotoo si Daniel Tyler, "Naramdaman ng lahat na natikman nila ang kalangitan. . . . Inisip namin kung nag-umpisa na ang milenyo."[19]

Ang karurukan ng pagpupuspos na ito ng Espiritu ay ang pagtatalaga sa templo. Nagtipon ang tinutuos na 1,000 katao sa templo noong ika-27 ng Marso 1836 sa isang diwa ng kagalakan. Inawit ang mga himnong pangtalaga, kabilang ang "Ang Espiritu ng Diyos Katulad ng Apoy ay Nagliliyab" na sinulat ni William W. Phelps para sa pagdiriwang na ito. Pinangasiwaan ang sakramento, at bumigkas ng mga sermon sina Sidney Rigdon, Joseph Smith, at iba pa.

Binasa ni Joseph Smith ang panalangin ng pagtatalaga, na ngayon ay nakatala bilang bahagi 109 ng Doktrina at mga Tipan, na ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng paghahayag. Dito ay

nagsumamo siya sa Panginoon na biyayaan niya ang mga tao kagaya noong araw ng Pentecostes: "At puspusin ang inyong bahay, gaya ng isang rumaragasang malakas na hangin, ng inyong kaluwalhatian" (Doktrina at mga Tipan 109:37). Marami ang nagtala na natupad ang panalanging ito nang gabing iyon nang makipagpulong ang Propeta sa mga kasapi ng mga korum ng pagkasaserdote sa templo.

Sumulat si Eliza R. Snow: "Ang mga seremonya ng pagtatalagang iyon ay maaaring ikuwento, ngunit wikang makapaglalarawan sa mga makalangit na pagpapakilala sa di-makakalimutang araw na iyon. May mga anghel na nagpakita sa ilan, samantalang isang damdaming makalangit ang natamo ng lahat ng naroroon, at ang bawat puso ay napuspos ng 'kagalakang di maisalaysay sa ganap na kaluwalhatian.'"[20] Pagkatapos ng panalangin ng pagtatalaga, tumayo ang buong kongregasyon, at habang nakataas ang mga kamay, ay sumigaw ng mga hosanna.

Makaraan ang isang linggo, noong ika-3 ng Abril 1836, ang ilan sa mga pinakamakahulugang pangyayari sa kasaysayan sa mga huling araw ay naganap. Sa templo nang araw na iyon, nagpakita ang Tagapagligtas kina Joseph Smith at Oliver Cowdery at nagsabing, "Masdan, tinanggap ko ang bahay na ito, at ang aking pangalan ay malalagay rito; at ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao sa bahay na ito" (Doktrina at mga Tipan 110:7). Sumunod ang iba pang mga dakila at maluwalhating pangitain sa pagpapakita nina Moises, Elias, at Elijah upang ipanumbalik ang karagdagang mga susi ng pagkasaserdote. Ipinagkaloob ni Moises ang mga susi ng pagtitipon ng Israel, ipinangako ni Elias kina Joseph at Oliver ang dispensasyon ng ebanghelyo ni Abraham, at pinanumbalik ni Elijah ang mga susi ng pagbubuklod (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 110:11–16). Ang lahat ng karagdagang susing ito ay kinakailangan sa pag-unlad ng kaharian ng Panginoon sa huling dispensasyon ng panahon.

Ang kabuuan ng mga biyaya ng pagkasaserdorte na

pinamamahalaan sa templo ay hindi inihayag o pinangasiwaan sa kapanahunan ng Kirtland. Inihayag sa Simbahan ang mga biyayang ito sa pamamagitan ng Propetang Joseph pagkalipas ng ilang taon habang itinatayo ang Templo ng Nauvoo.

**Exodo Mula sa Kirtland**

Ang pagtatayo ng templo ay naghatid ng maraming biyaya, ngunit noong 1837 at 1838, ang matatapat na Banal ay humarap sa mga suliraning bunsod ng lubusang pagtalikod at pag-uusig, na nagpabilis sa pagtatapos ng yugto ng Simbahan sa Kirtland.

Dumaranas ang Estados Unidos ng paghihirap sa pananalapi, at nadama ng simbahan ang mga bunga nito. Ilang kasapi ang nasangkot sa malawakang pakikipagsapalaran sa pananalapi at pagkakautang, at sila ay espirituwal na namatay sa panahon ng madilim na pagbagsak ng kabuhayan, kabilang na ang pagkalugi ng *Kirtland Safety Society*. Itinatag ang bangkong ito ng mga kasapi ng Simbahan sa Kirtland, at ilang kasapi ang di makatwirang sinisi si Joseph Smith sa mga suliraning kaugnay rito.

Nagkakaisang pag-uusig at marahas na pagkilos ang nagmula sa mga naninirahan sa komunidad at sa mga galit na kasapi na itiniwalag o tumalikod mula sa Simbahan.

Nang umigting ang karahasan laban sa mga Banal at kanilang mga pinuno, hindi naging ligtas ang kanilang pananatili sa Kirtland. Ang Propeta, na nasa malubhang panganib ang buhay, ay tumakas mula sa Kirtland noong Enero 1838 patungong Far West, Missouri. Noong 1838 karamihan sa matatapat na Banal ay napilitan ding lumikas. Iniwan nila bilang isang bantayog ng pananampalataya, paglalaan, at sakripisyo ang templong itinayo nila sa Diyos. Sa halimbawa ng kanilang mga buhay, nag-iwan din sila ng isang palagiang pamana ng matapat na pagsunod sa mga pinuno na binasbasan ng Panginoon at pansariling sakripisyo sa gawain ng Panginoon.

KABANATA APAT

# Pagtatatag ng Sion sa Missouri

## Ang mga Unang Taon sa Missouri

Kasabay ng pagsusumikap ng mga Banal na maitayo ang kaharian ng Diyos sa Kirtland, Ohio, maraming kasapi ng Simbahan ang dumanas ng matitinding pakikibaka sa Jackson County, Missouri.

Nang tawagin sila upang magtipon, taos sa pusong iniwan ng mga Banal na naninirahan sa Colesville, New York, ang kanilang mga tahanan upang magtipon sa Kirtland (tingnan sa mga pahina 21–22). Nang dumating sila sa Ohio noong kalagitnaan ng Mayo 1831, napag-alaman nilang hindi maaaring matirhan ang lupaing ibinukod para sa kanila. Ipinanalangin ng Propetang Joseph Smith sa Panginoon ang suliranin ng mga Banal na ito. Katatanggap lamang niya ng paghahayag na nagtagubilin sa kanya, kay Sidney Rigdon, at 28 pang mga elder na pumunta sa isang misyon ng pangangaral sa Missouri at inatasan siya ng Panginoon na maglakbay din ang mga Banal mula sa Colesville "patungo sa lupain ng Missouri" (Doktrina at mga Tipan 54:8). Sila ang unang pangkat ng mga Banal na nanirahan sa lupaing nakilala bilang Sion.

Kaagad na tinipon ni Newel Knight, pangulo ng Sangay ng Colesville, ang kanyang mga tao. Nagsalaysay si Emily Coburn, "Totoong kami ay isang pangkat ng mga peregrino, na umalis upang makasumpong ng higit na mabuting lupain."[1] Sa Wellsville, Ohio, lumulan sila sa isang bapor at, sa paglalayag sa mga Ilog Ohio, Mississippi, at Missouri, ay naglakbay patungong Jackson County, Missouri. Sinabi ng kapitan ng bapor na sila "ang

pinakamapayapa at pinakamatahimik na mga manlalakbay na kanyang naisakay patungong kanluran; 'walang kabastusan, walang malaswang pananalita, walang sugal at walang inuman.'"[2]

Sa pamamagitan ng paglalakbay sa lupa, nagmadaling mauna sa mga Banal mula sa Colesville ang Propeta at iba pang mga pinuno ng Simbahan upang maagang maisagawa ang pagsasaayos ng paglilipat nila sa Jackson County. Dumating ang pangkat ng Propeta sa Independence, Missouri, noong ika-14 ng Hulyo 1831. Makaraang pagmasdan ang lupain at hilingin ang banal na pamamatnubay sa pagdarasal, sinabi ng Propeta, "Ipinakita [ng Panginoon] ang kanyang sarili sa akin at itinakda sa akin at sa iba pa, ang pinakadako kung saan pinanukala niyang simulan ang gawain ng pagtitipon, at ng pagtatayo ng banal na lungsod, na dapat tawaging Sion."[3]

Tiniyak ng paghahayag na ito na ang Missouri ang lugar na iniukol ng Diyos para sa pagtitipon ng mga Banal, at na "ang lugar na ngayon ay tinatawag na Independence ay ang sentrong lugar; at ang dako para sa templo ay nasa gawing kanluran, sa lote na hindi malayo mula sa bahay-hukuman" (Doktrina at mga Tipan 57:3). Kailangang bilhin ng mga Banal ang bawat sukat ng lupain sa gawing kanluran ng lungsod na iyon patungo sa hangganang humihiwalay sa estado ng Missouri mula sa teritoryo ng mga Indiyan (tingnan ang Doktrina at mga Tipan 57:1–5).

Nakabili ng lupain sina Joseph Smith at Obispo Partridge para sa Sangay ng Colesville sa Kaw Township, mga 12 milya sa kanluran ng Independence. Noong ika-2 ng Agosto, pagkarating ng mga kasapi ng sangay, isang seremonyang puno ng mga simbolo ang ginanap. Labindalawang lalaki, na kumakatawan sa 12 tribo ng Israel, ang nagbuhat ng isang bagong putol na troso at ipinatong itong pahalang sa isang batong inilagay ni Oliver Cowdery, at sa ganoon ay simbolikong inilatag ang sagisag ng saligan para sa pagtatatag ng Sion. Mula sa hamak na panimulang iyon, nagtayo ang mga banal ng isang gusaling ginamit bilang simbahan at paaralan.[4]

Nang sumunod na araw, ilan sa mga kapatid na lalaki ang nagtipon sa isang mataas na dako isa't kalahating milya sa kanluran ng bahay-hukuman ng Independence. Inilatag sa lugar ng Propetang Joseph Smith ang batong panulok para sa binabalak na templo at itinalaga iyon sa pangalan ng Panginoon. Ang bahay ng Panginoon ang magiging pangunahing tampok sa lupain ng Sion.[5]

Bumalik ang Propeta sa Kirtland, at nagsimulang tumanggap ang mga Banal sa Jackson County ng mga pitak ng lupain mula kay Obispo Edward Partridge. Lubha silang hikahos kung kaya't wala silang kahit na tolda man lamang upang ipananggalang laban sa kalikasan habang nagtatayo ng mga bahay na yari sa troso. Wala rin halos silang gamit sa pagsasaka hanggang magpadala ng mga pangkat sa St. Louis, mahigit 200 milya sa silangan upang kunin ang mga ito. Nang magkaroon ng kagamitan ang mga Banal, sinimulan nilang bungkalin ang lupa para matamnan. Lubos na humanga sa kanyang nakita, nagsalaysay si Emily Coburn: "Talagang kakaibang tanawin ang makita ang apat o limang kapong baka na nag-aararo ng matabang lupa. Mabilis na sumunod ang pagtatayo ng mga bakod at gusali. Itinayo ang mga bahay na yari sa troso para sa mga mag-anak nang kasimbilis ng magagawa ng salapi at panahon."[6]

Sa kabila ng mga kahirapan sa hangganan, nanatiling masaya at maligaya ang mga Banal sa Colesville. Sinabi ni Parley P. Pratt, na nanirahang kasama nila: "Nagtamasa kami ng maraming maliligayang panahon sa aming panalangin at iba pang mga pagpupulong, at ibinuhos sa amin ang Espiritu ng Panginoon, maging sa malilit na bata, hanggang sa pagkakataong marami sa mga walo, sampu, o labindalawang taong gulang ang nagsalita, nanalangin, at nagpropesiya sa aming mga pagpupulong at pagsambang pangmag-anak. Nagkaroon ng diwa ng kapayapaan at pagkakaisa, at pagmamahalan at mabuting pakikitungo na ipinamalas sa maliit na Simbahang ito sa ilang, na ang alaala nito kailanman ay mananatiling mahal sa aking puso."[7]

Nabiyayaan ang mga Banal ng pangalawang pagdalaw ng

Propeta at ni Sidney Rigdon noong Abril 1832. Kagagaling lamang ng mga pinunong ito sa napakasaklap na karanasan sa sakahan ni John Johnson sa Hiram, Ohio, kung saan nila ginanap ang pagsasalin ng Biblia. Kinaladkad ng mga mandurumog na kaaway ng Simbahan si Joseph palabas ng kanyang bahay isang gabi. Sinakal nila siya, hinubaran, at binuhusan sa katawan ng alkitran at mga balahibo. Si Sidney Rigdon ay hinawakan sa mga sakong at kinaladkad sa nagyeyelo at matigas na lupa, na naging sanhi ng malulubhang sugat sa kanyang ulo.

Ngayon, kabaliktaran sa mga pananakit na iyon, ligtas sila sa piling ng mga kaibigan. Pinagtibay ni Joseph na "tumanggap siya ng pagsalubong na kilala lamang sa mga kapatid na lalaki at babaing pinagbuklod bilang isa sa iisang pananampalataya, at iisang pagbibinyag, at tinataguyod ng iisang Panginoon. Ang Sangay ng Colesville, lalo na, ay nagalak kagaya ng ginawa ng mga sinaunang Banal kay Pablo. Masarap makigalak sa mga tao ng Diyos."[8]

**Pag-uusig sa Jackson County**

Bilang pagsunod sa kautusan ng Panginoon, bumili si Obispo Partridge ng daan-daang hektarya ng lupain sa Jackson County para sa mga Banal na dumayo mula sa Ohio at iba pang dako. Sa simula, itinayo ng mga pinuno ang mga Sangay ng Independence, Colesville, Whitmer, Big Blue, at Prairie para sa mga kasaping ito. Umabot sa sampung sangay ang naitayo pagdating ng huling bahagi ng 1833.[9] Maaaring may mahigit sa 1,000 Banal ang naroroon nang sama-samang magtipon ang mga sangay sa Ilog Big Blue noong Abril 1833 upang ipagdiwang ang ikatlong taon ng pagkakatatag ng Simbahan. Sinabi ni Newel Knight na ang pagtitipong ito ang siyang unang pagdiriwang nang ganoong uri sa Sion at nagsaya ang lahat ng Banal. Gayunman, napansin ni Newel, "Kung nagagalak ang mga Banal, nagagalit ang diyablo, at nakikisalo sa galit ang kanyang mga anak at tagapaglingkod."[10]

Bago magtapos ang Abril, muling lumitaw ang mga pag-uusig. Sa maagang yugto, nagbabala ang mga lokal na mamamayan na

di nila nagugustuhan ang pagdagsa ng napakaraming Banal sa mga Huling Araw, na kinatatakutan nilang dadaig sa kanila sa mga halalan. Karamihan sa mga Banal ay buhat sa mga estado sa hilaga at karaniwang laban sa pang-aalipin sa mga Negro, na noon ay pinapayagan ng batas sa Missouri. Nakagagambala ang paniniwala ng mga Banal sa Aklat ni Mormon bilang banal na kasulatan, ang kanilang pagsasabi na ang Jackson County sa huli ang kanilang magiging Sion, at ang kanilang paggiit na pinamumunuan sila ng isang propeta. Gayon din, ang sumbong na may ugnayan sila sa mga Indiyan ay pumukaw sa paghihinala ng mga lokal na mamamayan.

Isang pabatid, na kung minsan ay tinatawag na lihim na saligang batas, ang inilibot ng mga kaaway upang kumuha ng lagda ng mga taong nakahandang pumuksa sa "parusang Mormon." Ang ganitong damdamin ng pagkasuklam ay humantong sa pagpupulong ng mga mandurumog na umabot sa mga 400 kalalakihan noong ika-20 ng Hulyo 1833 sa bahay-hukuman sa Independence upang pag-ugnayin ang kanilang mga pagkilos. Mga kahilingang nakasulat ang iniharap sa mga pinuno ng Simbahan na nag-uutos sa kanilang lisanin ang Jackson County; tumigil sa paglilimbag ng kanilang pahayagan, ang *The Evening and the Morning Star*; at huwag nang hayaang pumunta sa Jackson County ang karagdagan pang mga kasapi ng Simbahan. Nang malaman ng mga mandurumog na hindi pumapayag ang mga pinuno ng Simbahan sa mga labag sa batas na kahilingang ito, nilusob nila ang tanggapan ng pahayagan, na siya ring tahanan ng patnugot nito, si William W. Phelps. Ninakaw ng mga manlulusob ang palimbagan at winasak ang gusali.

### *Pagwasak sa Aklat ng mga Kautusan*

Ang pinakamahalagang gawaing nililimbag sa tanggapan ng pahayagan ay ang Aklat ng mga Kautusan (Book of Commandments), ang unang pagtatala ng mga paghahayag na tinanggap ng Propetang Joseph Smith. Nang lusubin ng mga mandurumog ang gusali, inihagis nila sa kalsada ang mga pahinang di pa natatahi. Nang makita ang mga ito, dalawang

kabataang Banal sa mga Huling Araw, si Mary Elizabeth Rollins at ang kanyang kapatid, si Caroline, sa paglalagay sa panganib ng kanilang buhay, ay nagtangkang sumagip ng anumang makakayanan nila. Naalaala ni Mary Elizabeth:

"Naglabas [ang mga mandurumog] ng malalaking piraso ng papel, at nagsabing, 'Heto ang mga Kautusang Mormon.' Nasa isang sulok ng bakod, ako at ang aking kapatid na si Caroline, ay pinagmamasdan sila; nang magsalita sila tungkol sa mga kautusan, napagpasiyahan kong makakuha ng ilan sa mga ito. Sinabi ni Caroline na kung pupunta ako upang kumuha ng ilan, sasama siya, ngunit nagsabing 'papatayin nila tayo.' " Habang abala ang mga mandurumog sa isang dulo ng bahay, tumakbo ang dalawang kabataang babae at kumuha ng mahahalagang papel. Nakita sila ng mga mandurumog at sinigawan silang tumigil. Nag-ulat si Mary Elizabeth: "Tumakbo kami nang mabilis. Dalawa sa kanila ang nagsimulang humabol sa amin. Nang makakita kami ng siwang sa bakod, pumasok kami sa isang malawak na taniman ng mais, inilatag sa lupa ang mga papel, at hinigaan ang mga ito. Mga lima hanggang anim na talampakan ang taas ng mga mais, at napakakapal; may katagalan silang naghanap, at napalapit nang husto sa amin, subalit hindi nila kami nakita."

Nang makaalis ang mga tampalasan nagtungo ang dalawang kabataang babae sa isang lumang kuwadrang yari sa troso. Dito, ayon sa pag-uulat ni Elizabeth, natagpuan nila "ang Kapatid na babaeng Phelps at kanyang mga anak na naghahakot ng mga dayami at tinatambak ito sa isang sulok ng kamalig upang paglagyan ng mga higaan. Tinanong niya ako kung ano ang aking dala—sinabi ko sa kanya. Kinuha niya ang mga ito mula sa amin. . . . Tinahi nila ito upang maging maliliit na aklat at pinadalhan ako ng isa, na lubos kong pinahalagahan."[11]

### *Pagbubuhos ng Alkitran at Balahibo kay Obispo Partridge*

Sumunod na sinunggaban ng mga mandurumog sina Obispo Edward Partridge at Charles Allen. Dinala sila sa plasa ng

Independence at pinag-utusang itakwil ang Aklat ni Mormon at umalis sa lupaing iyon. Wika ni Obispo Partridge, "Sinabi ko sa kanilang dumanas na ng pag-uusig ang mga Banal sa buong panahon ng mundo; na wala akong ginawa na dapat ikagalit ninuman; na kung pagmamalabisan nila ako, pagmamalabisan nila ang isang taong walang kasalanan; na handa akong magdusa alang-alang kay Cristo; ngunit, ang umalis sa lupaing ito, hindi ako nakahandang sumang-ayon sa ganoon."

Dahil sa pagtangging ito, hinubaran ang dalawang lalaki ng kanilang panlabas na kasuotan at binuhusan ang kanilang mga katawan ng alkitran at mga balahibo. Pagmamasid ni Obispo Partridge, "Tinanggap ko ang pagmamalabis sa akin nang may malaking pagpapaubaya at kaamuan, at ikinamangha ito ng karamihan ng tao, kaya't hinayaan nila akong makaalis nang tahimik, at marami ang naging walang-kibo, sa palagay ko ay dahil naantig ang kanilang puso; sa ganang akin, ganap akong napuspos ng Espiritu at pag-ibig ng Diyos, at wala akong pagkamuhi sa mga umusig sa akin, at sa kung kanino man."[12]

*Labanan sa Big Blue*

Muling dumating ang mga mandurumog noong ika-23 ng Hulyo, at inialok ng mga pinuno ng Simbahan ang mga sarili nila sa halip na saktan ng mga mandurumog ang mga tao. Ngunit nanakot ang mga mandurumog na saktan ang buong Simbahan at pinilit ang mga kapatid na pumayag sa paglilikas ng lahat ng Banal sa mga Huling Araw mula sa lupain. Dahil labag sa batas ang ginawa ng mga mandurumog at sumasalungat sa mga saligang batas ng Estados Unidos at ng estado ng Missouri, hiniling ng mga pinuno ng Simbahan ang tulong ng gobernador ng estado, si Daniel Dunklin. Sila ay pinayuhan niya ng kanilang mga karapatan sa batas at tinagubilinan silang kumuha ng manananggol. Inupahan si Alexander W. Doniphan at iba pa upang kumatawan sa mga kasapi ng Simbahan, isang pagkilos na lalong ikinagalit ng mga mandurumog.

Tinangka sa simula ng mga Banal sa mga Huling Araw na

umiwas sa anumang pakikipaglaban; subalit ang pambubugbog sa mga kasapi at ang pagwasak sa mga ari-arian ang nagbunsod kalaunan sa isang labanang malapit sa Ilog Big Blue. Dalawa sa mga mandurumog ang napatay, at nasawi sa panig ng mga Banal si Andrew Barber. Tatlong ulit na nabaril sa tiyan si Philo Dibble. Tinawag si Newel Knight upang gamutin siya, at mahimala ang kinalabasan. Nagsalaysay si Kapatid na Dibble:

"Dumating si Kapatid na Newel Knight upang tingnan ako, at umupo sa gilid ng aking kama. . . . Naramdaman kong nasa ulunan ko ang Espiritu bago pa man niya ipatong ang kanyang mga kamay sa akin, at agad kong nalaman na ako ay gagaling. . . . Agad akong tumayo at bumuhos ang halos isang galon ng dugo, kasama ang ilang maliliit na piraso ng damit na naipasok sa aking katawan ng mga bala. Nagbihis ako at lumabas ng bahay. . . . Mula sa sandaling iyon, wala na ni isa mang patak ng dugo ang nawala sa akin at hindi na ako kailanman nakadama ng anumang hapdi o paghihirap dahil sa aking mga sugat, maliban sa bahagya akong nanghina dahil sa nawala sa aking dugo."[13]

Namagitan si Gobernador Dunklin at inatasan si Koronel Thomas Pitcher na alisan ng sandata ang dalawang panig. Subalit, kampi sa mga mandurumog si Koronel Pitcher, kung kaya't inalisan niya ng sandata ang mga Banal at ibinigay ang mga ito sa mga mandurumog. Nilusob ang walang kalaban-labang mga Banal at sinira ang kanilang mga tahanan. Nagtago sa kakahuyan ang kalalakihan upang di sila dumanas ng matinding pambubugbog. Sa wakas, nanawagan ang mga pinuno ng Simbahan sa mga tao na kunin ang kanilang ari-arian at lumikas mula sa Jackson County.

### *Kanlungan sa Clay County*

Noong malapit nang matapos ang 1833, tumawid ng Ilog Missouri ang karamihan sa mga Banal patungong hilaga sa Clay County at nakasumpong ng pansamantalang kanlungan doon, kagaya ng paglalarawan ni Parley P. Pratt:

"Ang pampang sa magkabilang panig ng tawiran sa ilog ay nagsimulang pilahan ng kalalakihan, kababaihan, at mga bata; mga gamit, bagon, kahon, panustos, atbp., samantalang pabalik-balik ang bangka; at nang muling datnan kami ng gabi, tila ba may isang pagpupulong sa ilalim ng mga punong *cottonwood* sa may ibabang bahagi ng ilog. Daan-daang tao ang makikita sa lahat ng dako, ang iba ay sa mga tolda at ang iba ay sa nasa labas na nakapalibot sa kanilang mga siga, samantalang bumubuhos nang malakas ang ulan. Ang mga lalaki ay naghahanap sa kanilang mga kabiyak, ang mga babae ay naghahanap sa kanilang mga asawa; ang mga magulang sa mga anak, at mga anak sa mga magulang. Nagkaroon ang ilan ng magandang kapalarang makalikas na dala ang kanilang mag-anak, mga kagamitan sa bahay, at ilang mga panustos; samantalang ang iba ay di man lamang alam kung ano ang nangyari na sa kanilang mga kaibigan, at nawalan ng lahat ng kagamitan. Ang ganoong tanawin. . . . ay makapagpapalambot sa puso ng sinumang tao sa lupa, maliban sa mga bulag naming mga maniniil, at sa isang bulag at mangmang na komunidad."[14]

Ang pagkakataong maitayo ang Sion at ang isang templo para sa kanilang Diyos sa Jackson County ay pansamantalang inagaw mula sa mga Banal. Ginawa sa ngayon ng mga 1,200 kasapi ng Simbahan ang nararapat upang mabuhay sa di mapagkalingang taglamig sa pampang ng ilog sa Clay County. Nanirahan ang ilan sa mga bagon, tolda, o kublihang hukay sa gilid ng burol, samantalang ginamit ng iba ang pinabayaang mga bahay na yari sa troso. Tiniis ni Newel Knight ang taglamig sa isang *wigwam* o tolda ng mga Indiyan.

Ang isa sa unang mga gusaling itinayo ng mga Banal sa Clay County ay isang maliit na simbahang yari sa troso kung saan sila makasasamba. Dito hindi "nila kinalimutang ibalik ang pasasalamat sa Makapangyarihang Diyos para sa pagpapalaya mula sa kamay ng kanilang mga kasuklam-suklam na kaaway, at upang hilingin ang Kanyang mapagkalingang pangangalaga para sa hinaharap—na Kanyang palambutin ang puso ng mga taong

naging dahilan ng kanilang paglikas, na makasumpong sila sa isa't isa ng mga bagay na magbibibigay-lakas sa kanilang mga sarili."[15]

**Pag-uusig sa Kampo ng Sion**

Kagaya ng natalakay na sa kabanata 3, ipinag-utos ng Panginoon kay Joseph Smith na magtipon ng kalalakihan upang magmartsa mula sa Kirtland patungong Missouri upang tulungan ang mga Banal na pinalayas mula sa kanilang mga lupain sa Jackson County. Nang marating ng Kampo ng Sion ang silangang Clay County, Missouri, noong huling bahagi ng Hunyo 1834, isang pangkat ng mandurumog na may mahigit 300 katao ang sumalubong sa kanila—na may hangaring wasakin sila. Sa ilalim ng pangangasiwa ni Joseph Smith, nagtayo ang mga kapatid ng kampo sa pinagsasangahan ng Ilog Little at Ilog Big Fishing.

Nagsimulang lumusob ang mga mandurumog sa pamamagitan ng pagpapaputok ng mga kanyon, subalit ang Panginoon ang nakikipagtunggali para sa mga Banal. Mabilis na naipon ang mga ulap sa itaas. Inilarawan ng Propeta ang mga naganap: "Nagsimulang pumatak ang tubig ulan at yelo. . . . Napakalakas ng sigwa; hangin at ulan, yelo at kulog ang sumalubong sa kanila nang may matinding pagkapoot, at di nagtagal ay nagpahina sa loob nila at sumira sa kanilang mga balak na paslangin si Joe Smith at ang kanyang hukbo'. . . . Gumapang sila sa ilalim ng mga bagon, sa mga hungkag na puno, at pinuno ang isang maliit na silungan, atbp., hanggang sa matapos ang sigwa, kung kailan basang-basa na ang kanilang mga bala." Makaraang maranasan ang pagbuhos ng ulan sa magdamag, "ang 'pangkat na ito ng mga mandurumog na sumumpang papatayin ang Propeta at mga Banal' ay 'umatras sa pagkatalo' pabalik sa Independence, upang muling sumama sa karamihan ng mga mandurumog, ganap na naniniwalang. . . . kapag si Jehova ang nakikipaglaban, higit na mabuting wala sila. . . . Tila bang ang kautusang gumanti ay nanggaling na mula sa Diyos ng mga labanan, upang ipagtanggol ang Kanyang mga

tagapaglingkod mula sa pangwawasak ng kanilang mga kaaway.”[16]

Nang maging maliwanag na haharapin ng mga mandurumog ang mga Banal at hindi tutuparin ni Gobernador Dunklin ang kanyang pangakong tutulungan sila, nanalangin ang Propeta para sa mga tagubilin buhat sa Panginoon. Sinabi ng Panginoon na hindi tama ang mga kalagayan noon para sa pagtubos ng Sion. Marami pang kinakailangang gawin ang mga Banal para maihanda ang kanilang sariling buhay upang maitayo ang Sion. Marami sa kanila ang hindi pa natututong maging masunurin sa mga bagay na kinakailangan ng Panginoon: “Ang Sion ay hindi maitatayo kung hindi ito ayon sa mga alituntunin ng batas ng kahariang selestiyal; kung hindi, hindi ko siya matatanggap sa akin. At ang aking mga tao ay kinakailangang parusahan hanggang kanilang matutuhan ang pagsunod, kung kinakailangan, sa pamamagitan ng mga bagay na kanilang dinanas” (Doktrina at mga Tipan 105:5–6).

Tinagubilinan ng Panginoon ang Kampo ng Sion na huwag nang ipagpatuloy ang layuning militar nito: “Bunga ng paglabag ng aking mga tao, ito ay kinakailangan sa akin na ang aking mga elder ay maghintay ng maikling panahon para sa ikatutubos ng Sion—Nang sila sa kanilang mga sarili ay maging handa, at ang aking mga tao ay maturuan nang mas ganap” (Doktrina at mga Tipan 105:9–10). Itiniwalag nang may karangalan ang mga kapatid sa Kampo ng Sion, at bumalik ang Propeta sa Kirtland.

**Punong Tanggapan ng Simbahan sa Far West**

Nanatili sa Clay County ang karamihan sa mga Banal mula sa Missouri hanggang 1836, nang paalalahanan sila ng mga mamamayan na nangako silang manatili lamang hanggang sa maaari na silang bumalik sa Jackson County. Dahil sa lumilitaw na hindi na mangyayari ang ganito, hiniling sa kanilang umalis alinsunod sa kanilang pangako. Sa ilalim ng batas, hindi kinakailangang sumunod ng mga Banal, subalit sa halip na lumikha ng kaguluhan, muli silang lumikas. Sa pamamagitan ng

pagpupunyagi ng kanilang kaibigan sa lehislatura ng estado, si Alexander W. Doniphan, dalawang bagong *county*, na pinangalanang Caldwell at Daviess, ang nilikha mula sa Ray County noong Disyembre 1836. Pinahintulutan ang mga Banal na makapagtayo ng sarili nilang komunidad na tinawag nilang Far West, mga 60 milya sa hilaga ng Clay County, bilang kabisera ng Caldwell County. Mga Banal sa mga Huling Araw ang pangunahing mga pinuno ng bayan, at maraming tao ang umasa na ito na ang magpapatigil sa mga pag-uusig sa mga Banal.

Pagkatapos ng isang mahirap na paglalakbay mula sa Kirtland, Ohio, dumating ang Propeta sa Far West, Missouri noong Marso 1838 at itinatag ang punong tanggapan ng Simbahan doon. Noong Mayo, pumunta siya sa hilaga patungong Daviess County at, habang namamasyal sa Ilog Grand, ay mapagpahayag na kinilala ang pook bilang Lambak ng Adam-ondi-Ahman, ang "lugar na kung saan si Adan ay darating upang dalawin ang kanyang mga tao" (Doktrina at mga Tipan 116:1).[17] Ang Adam-ondi-Ahman ang naging pangunahing komunidad ng mga Banal sa Daviess County. Itinalaga sa Far West ang mga batong panulok para sa templo noong ika-4 ng Hulyo 1838, at nagsimulang madama ng mga Banal na sa wakas ay nakasumpong na sila ng kapahingahan mula sa kanilang mga kaaway.

**Ang Labanan sa Ilog Crooked**

Gayunman, di nagtagal ay muling nagsimula ang pag-uusig. Noong ika-6 ng Agosto 1838, pinagbawalan ng mga mandurumog na bumubilang nang 100 katao na makaboto ang mga Banal sa presinto ng halalan sa Daviess County. Nagdulot ito ng pagkakagulo kung saan ilang tao ang nasaktan. Ang lumalaking kaguluhang gawa ng mga mandurumog ay nagbunsod kay Gobernador Lilburn W. Boggs na dalhin ang sandatahang hukbo ng estado upang mapanatili ang kapayapaan.

Si Kapitan Samuel W. Bogart, isa sa mga pinuno ng sandatahang hukbo, sa katunayan ay isang malapit na kakampi

ng mga mandurumog. Nagpasiya siyang lumikha ng kaguluhan sa pamamagitan ng pagdukot sa tatlong Banal sa mga Huling Araw at pagpigil sa kanila sa kanyang kampo sa Ilog Crooked sa hilagang-kanluran ng Ray County. Ipinadala ang isang pangkat ng sandatahang mga Banal sa mga Huling Araw upang iligtas ang kalalakihang ito, at isang maigting na labanan ang naganap noong ika-25 ng Oktubre 1838. Si Kapitan David W. Patten, isa sa Labindalawang Apostol, ang namuno sa pangkat at kabilang sa mga nasugatan at namatay sa sagupaan. Ang kabiyak ni David, si Phoebe Ann Patten; sina Joseph at Hyrum Smith; at si Heber C. Kimball ay dumating mula sa Far West upang makasama siya bago malagutan ng hininga.

Sabi ni Heber tungkol kay David Patten, "Ang mga alituntunin ng ebanghelyo na napakahalaga sa kanya noon, ang nagbigay sa kanya ng lakas at aliw sa panahon ng kanyang pagpanaw, na pumaram sa sakit at sindak ng kamatayan." Nagsalita ang lalaking malapit nang mamatay sa mga naroroon sa gilid ng kanyang kama tungkol sa mga Banal na nawalay sa kanilang paninindigan patungo sa lubusang pagtalikod sa pagsasabing, " 'O nawa ay nasa katayuan ko sila! Dahil sa palagay ko ay iningatan ko ang pananampalataya.' " Sumunod niyang kinausap si Phoebe Ann, sa pagwiwikang, " 'Ano pa man ang gawin mo, O huwag mong itatwa ang pananampalataya.' " Nanalangin siya bago pumanaw, " 'Ama, hinihiling ko sa Inyo sa pangalan ni Jesucristo, na palayain Ninyo ang aking kaluluwa, at tanggapin ito sa Inyong sarili.' " At hiniling niya sa mga nakapalibot sa kanya, " 'Mga kapatid, pinatatag ninyo ako sa inyong pananampalataya, ngunit hayaan na ninyo akong yumao, nagsusumamo ko sa inyo.' " Sinabi ni Kapatid na Kimball, " ' Alinsunod dito ay ipinaubaya namin siya sa Diyos, at pagkaraan ay pinakawalan niya ang huling hininga, at namayapa kay Jesus nang walang daing.' "[18]

Kumilos si Kapitan Samuel Bogart at ang kanyang pangkat na tila mga mandurumog kaysa sandatahang hukbo ng estado. Gayunman, ang pagkamatay ng isang sundalo sa Labanan sa Ilog


Crooked, kasama ng iba pang mga ulat, ang ginamit ni Gobernador Lilburn W. Boggs sa pagpapanukala ng kanyang kahiya-hiyang "atas ng pamumuksa." Ang dekretong ito, na may petsang ika-27 ng Oktubre 1838, ay nagsaad sa isang bahagi, "Dapat na ituring na kaaway ang mga Mormon, at kinakailangang puksain o palayasin mula sa Estado kung kinakailangan, alang-alang sa katahimikang pambayan—ang kanilang mga panlalapastangan ay hindi maisalarawan."[19] Isang pinuno ng sandatahang hukbo ang inutusang isakatuparan ang atas ng gobernador.

**Pamumuksa sa Haun's Mill**

Noong ika-30 ng Oktubre 1838, tatlong araw makalipas na ipalabas ang atas ng pamumuksa, nagsagawa ng biglaang paglusob ang mga 200 kalalakihan laban sa isang maliit na komunidad ng mga Banal sa Haun's Mill sa Sapa ng Shoal, Caldwell County. Bilang panlilinlang, nanawagan ang mga nanalakay sa mga kalalakihan na tumakbo sa isang pandayan kung nais nilang iligtas ang kanilang mga sarili. Pagkaraan ay pinalibutan nila ang gusali at pinagbabaril ito hanggang sa palagay nilang patay na ang lahat ng nasa loob. Binaril ang iba habang nagtatangka silang tumakas. Sa kabuuan, 17 kalalakihan at mga batang lalaki ang napaslang at 15 ang sugatan.

Pagkatapos ng pamumuksa, pumunta si Amanda Smith sa pandayan, kung saan natuklasan niyang napatay ang kanyang asawa, si Warren, at isang anak, si Sardius. Sa gitna ng mga bangkay at sugatan, labis siyang nagalak nang makitang ang isa pa niyang anak na lalaki, ang munting si Alma, ay buhay pa bagamat malubhang nasugatan. Nawasak ang kanyang balakang sa sabog ng baril. Sa dahilang patay na o sugatan ang karamihan sa kalalakihan, lumuhod si Amanda at nagsumamo ng tulong sa Panginoon:

"O aking Ama sa Langit, nagsusumamo ako, ano ang dapat kong gawin? Nakikita ninyo ang kawawa kong anak at nababatid ang kakulangan ko ng karanasan. O Ama sa Langit tagubilinan po Ninyo ako kung ano ang aking gagawin!" Sinabi niyang siya



*Habang nakakulong sa Piitan ng Carthage, nagsumamo sa Panginoon ang Propetang Joseph Smith para sa naghihirap na mga Banal at tinanggap ang banal na paghahayag at pang-aaliw na ngayon ay nakatala sa bahagi 121, 122, at 123 ng Doktrina at mga Tipan.*

"ay pinatnubayan ng isang tinig," na nagtagubilin sa kanyang gumawa ng lihiya mula sa mga abo at linisin ang sugat. Pagkaraan ay naghanda siya ng panapal mula sa banakal at dahon ng isang puno at nilapatan nito ang sugat. Binuhusan niya ng isang boteng balsamo ang sugat kinabukasan.

Sinabi ni Amanda sa kanyang anak, "'Alma, anak ko. . . . naniniwala ka bang ang Panginoon ang gumawa sa iyong balakang?'

" 'Opo, ina.'

" 'Kung ganoon, makagagawa ang Panginoon ng pamalit sa iyong balakang, hindi ka ba naniniwalang kaya niya, Alma?'

" 'Sa palagay ninyo ay kaya ng Panginoon, ina?' tanong ng

bata, sa kanyang kawalang malay.

" 'Oo, aking anak,' sagot ko, 'ipinakita niyang lahat ito sa akin sa isang pangitain.'

"Pagkaraan ay maayos ko siyang inihiga nang padapa, at nagsabing: 'Ngayon, humiga ka nang ganyan, at huwag kang gagalaw, at gagawan ka ng Panginoon ng isa pang balakang.'

"Kung kaya't nahigang padapa si Alma sa loob ng limang linggo hanggang sa ganap siyang gumaling—isang malambot na litid ang tumubo sa lugar ng nawalang kasu-kasuan."[20]

Nagkaroon si Amanda at ang iba pa ng nakapanlulumong gawain ng paglilibing sa kanilang mga mahal sa buhay. Iilan na lang ang naiwang kalalakihan na malakas ang pangangatawan, kabilang si Joseph Young, ang kapatid ni Brigham Young. Dahil kinatakutan nila ang pagbalik ng mga mandurumog, wala na silang panahong makapaghukay ng kinaugaliang libingan. Itinapon ang mga bangkay sa isang patay na balon, na naging isang libingan ng lahat. Tumulong si Joseph Young sa pagdadala ng labi ng batang si Sardius ngunit nagpahayag na "hindi niya maitapon ang batang lalaki sa nakapanghihilakbot na libingang ito." Naging kalaro niya ang "nakagigiliw na bata" sa kanilang paglalakbay patungong Missouri, at "likas na mapagmahal" si Joseph kung kaya't hindi niya magagawa ito. Binalot ni Amanda si Sardius sa isang kumot, at kinabukasan, inilagay niya at ng isa pa niyang anak, si Willard, ang bangkay sa balon. Pagkaraan ay tinabunan ito ng lupa at dayami upang matakpan ang nakapangingilabot na tanawin.[21]

Sa Adam-ondi-Ahman, ang 20 taong gulang na si Benjamin Johnson ay nakaligtas sa kagaya ring kapalaran sa mga kamay ng isang taga-Missouri na nagpasiyang barilin siya. Hinuli si Benjamin at binantayan ng tanod sa loob ng walong araw sa napakaginaw na panahon sa harap ng isang siga. Habang nakaupo sa isang troso, isang "tampalasan" na may dalang riple ang lumapit sa kanya at nagsabing, "Itakwil mo ang Mormonismo ngayon din, o kung hindi ay babarilin kita."

Mahigpit na tumanggi si Benjamin, kung kaya't maingat na inasinta siya ng tampalasan at kinalabit ang gatilyo. Hindi pumutok ang baril. Maingay na nagmura, sinabi ng tao na "ginamit niya ang baril sa loob ng 20 taon at hindi pa ito kailanman pumaltos." Sinuri ang pangkasa, kinargahan niya ulit ang baril at muling itinutok at kinalabit—nang walang nangyari.

Ginawa ang ganoon ding paraan, sinubukan nito sa ikatlong pagkakataon at ganoon din ang nangyari. Isang taong nanonood ang nagsabi sa kanyang "ayusin nang bahagya ang kanyang baril" at pagkatapos "ay mapapatay mong tiyak ang kakutya-kutyang taong ito." Kung kaya't sa ikaapat na pagkakataon ay naghanda ang taong nagtatangkang pumatay sa kanya, at naglagay pa mandin ng bagong bala. Subalit, pahayag ni Benjamin, "Sa pagkakataong ito, biglang sumabog ang baril at namatay ang tampalasan noon din. Narinig na nagsabi ang isa sa mga taga-Missouri, "Mabuting huwag mo nang tangkaing patayin ang taong iyan."[22]

**Ikinulong sa Piitan ang Propeta**

Di nagtagal pagkatapos ng pumumuksa sa Haun's Mill, ipiniit ng sandatahang hukbo ng estado ang Propeta at iba pang mga pinuno. Isang hukumang militar ang binuo at hinatulan ang Propeta at mga kasamahan niya na patayin sa pamamagitan ng pagbaril kinabukasan ng umaga sa plasa ng Far West. Subalit, tumanggi si Heneral Alexander W. Doniphan ng sandatahang hukbo ng estado na isagawa ang pagbaril, at tinawag ang hatol bilang "walang kalaban-labang pagpaslang." Binalaan niya ang heneral na pinuno ng sandatahang hukbo na kung magpapatuloy ito sa kanyang pagpupunyaging patayin ang kalalakihang ito, "Papapanagutin kita sa harap ng isang hukuman sa lupa, tulungan nawa ako ng Diyos."[23]

Unang dinala ang Propeta at mga kasamahan sa Independence, at pagkatapos ay sa Richmond, Ray County, kung saan sila ikinulong habang naghihintay ng pagdinig. Isa si Parley P. Pratt sa mga kasama ng Propeta. Sinabi niyang isang gabi,

inuuyam ng mga tanod ang mga bilanggo sa pamamagitan ng pagkuwento sa ginawa nilang mga panggagahasa, pagpaslang, at pangungulimbat sa mga Banal sa mga Huling Araw. Alam niyang gising ang Propeta sa kanyang tabi at itinalang biglang tumayo si Joseph at pinagwikaan ang mga tanod nang may dakilang kapangyarihan:

"'TUMAHIMIK, kayong mga diyablo ng impiyerno. Sa pangalan ni Jesucristo, pinagsasabihan ko kayo, at inaatasang manahimik; di ako mabubuhay nang isa pang sandali na makaririnig nang ganyang mga salita. Itigil ang pag-uusap na ganyan, o mamamatay kayo o ako NGAYON DIN!'

Tumigil siya sa pagsasalita. Tumayo siya nang tuwid sa isang dakilang kamaharlikahan. Natatalian ng tanikala, walang sandata; matiwasay, panatag, marangal tulad ng isang anghel, tumingin siya sa nahintakutang mga tanod, na nagbaba ng kanilang mga sandata o naglapag ng mga ito sa lupa; na nanginginig ang mga tuhod, at sila, na nagsiurong sa isang sulok, o nagyumukyok sa kanyang paanan, ay humingi ng kanyang patawad, at nanatiling tahimik hanggang sa pagpapalit ng mga tanod."

Sumunod na napagmasdan ni Parley. "Tinangka kong ilarawan sa isip ang mga hari, mga maharlikang hukuman, mga trono at korona; at mga emperador na nagtitipon upang pagpasiyahan ang tadhana ng mga kaharian; ngunit ang kadakilaan at kamaharlikahan ay nakita ko minsan lamang, habang ito ay nakatayong may mga tanikala, sa hatinggabi, sa bartolina ng isang di-kilalang nayon sa Missouri."[24]

Nang matapos ang pagdinig, dinala sina Joseph at Hyrum Smith, Sidney Rigdon, Lyman Wight, Caleb Baldwin, at Alexander McRae sa Piitan ng Liberty, Clay County, at dumating doon noong ika-1 ng Disyembre 1838. Inilarawan ng Propeta ang kalagayan: "Ipiniit kami sa ilalim ng mahigpit na pagbabantay, gabi at araw, sa isang bilangguang doble ang mga dingding at pintuan, pinagbawalan sa aming kalayaan ng konsensiya, salat kami sa pagkain. . . . Napilitan kaming matulog sa sahig na may

dayami, at walang mga kumot na magbibigay nang sapat na init. . . . Seryosong sinabi sa amin ng mga Hukom paminsan-minsan na batid nilang wala kaming kasalanan, at nararapat na palayain, ngunit di nila kayang ipatupad ang batas dahil sa takot sa mga mandurumog."[25]

**Exodo Patungong Illinois**

Habang nakakulong ang kanilang Propeta, mahigit na 8,000 Banal ang tumawid ng Ilog Missouri pasilangan patungong Illinois upang makatakas sa atas ng pamumuksa. Napilitan silang lumisan sa ginaw ng taglamig, at bagamat si Brigham Young, ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay pinatnubayan at binigyan sila ng lahat ng maaaring tulong, nagdusa sila nang labis. Ang mag-anak ni John Hammer ay isa sa maraming mag-anak na naghanap ng kanlungan. Naaalala ni John ang mahihirap na kalagayan:

"Naaalala kong mabuti ang mga paghihirap at kalupitan ng mga araw na iyon. . . . May isang bagon at isang bulag na kabayo ang aming mag-anak, na siyang lahat ang bumubuo ng pangkat, at ang bulag na kabayong iyon ang magdadala ng aming mga kagamitan papunta sa Estado ng Illinois. Ipinagpalit namin ang aming bagon sa isang kapatid na may dalawang kabayo, para sa isang maliit na bagon na pang-isang kabayo, at dahil dito ay nagkabigayan ang dalawang panig. Sa maliit na bagong ito inilagay namin ang aming mga damit, tulugan, ilang pagkaing mais at kung ano pang kaunting panustos na aming naipon, at nagsimulang maglakad sa malamig na yelo, natutulog at kumakain sa tabing daan na ang langit ang pinakabubong. Subalit ang matinding ginaw ng mga gabing iyon at ang malalakas na hangin ay hindi kasing lupit at kasuklam-suklam ng mga diyablo sa katawang tao na kung kaninong poot ang tinakasan namin. . . . Ang aming mag-anak, katulad ng iba, ay halos wala nang sapin sa paa, at kinakailangang balutin ng ilan ang mga paa nila upang hindi manigas ang mga ito at magkaroon ang mga ito ng pananggalang sa matutulis na bagay sa nagyeyelong lupa. Ito, sa

pinakamainam, ay isang di maaasahang pananggalang, at madalas na maguhitan ang nagyeyelong lupa ng dugong nagmula sa aming mga paa. Tanging ang aking ina at kapatid na babae sa aming mag-anak ang may mga sapatos, at pudpod na ang mga ito at halos wala nang silbi bago namin narating ang magiliw na mga pampang ng Illinois."[26]

Walang nagawa kundi maghintay ang Propeta sa piitan habang pinalalayas ang kanyang mga tao mula sa estado. Ang pagdadalamhati ng kanyang kaluluwa ay masusukat sa kanyang pagsusumamo sa Panginoon, na nakatala sa Doktrina at mga Tipan, bahagi 121:

"O Diyos, nasaan kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong pinagkukublihang lugar?


"Hanggang kailan pipigilin ang inyong kamay, at ang inyong mga mata, oo ang inyong dalisay na mata, ay mamasdan mula sa walang hanggang kalangitan ang mga kaapihan ng inyong mga tao at ng inyong mga tagapaglingkod, at ang inyong marinig ng kanilang mga tainga ang kanilang mga iyak?" (Doktrina at mga Tipan 121:1–2).

Sumagot ang Panginoon sa ganitong nang-aaliw na pananalita: "Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga paghihirap ay maikling sandali na lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong kaaway.

"Ang iyong mga kaibigan ay nakatayo sa iyong tabi, at ikaw ay kanilang muling ipagbubunyi nang may maiinit na puso at magigiliw na kamay" (Doktrina at mga Tipan 121:7–9).

Ganap na natupad ang mga salita ng Panginoon noong Abril 1839. Pagkatapos ng anim na buwang pagkakakulong nang labag sa batas, ang pagpapalit sa lugar ng paglilitis ay nagdala sa mga bilanggo una sa Gallatin sa Daviess County, Missouri, at pagkaraan ay patungo sa Columbia sa Boone County. Subalit, tinagubilinan si Sheriff William Morgan na "huwag na huwag



*Itinayo ng mga Banal ang marikit na lungsod ng Nauvoo sa pampang ng Ilog Mississippi. tinatanaw ng lungsod ang Templo ng Nauvoo.*

[silang] dadalhin sa Boone County." Napagpasiyahan ng isang tao o mga taong nasa matataas na katungkulan na hayaang makatakas ang mga bilanggo, marahil upang maiwasan ang kahihiyang pambayan kung lilitisin sila samantalang wala namang mga katibayan upang mapatunayan ang kanilang pagkakasala. Binigyan ang mga bilanggo ng pagkakataong makabili ng dalawang kabayo at makatakas sa kanilang mga

bantay. Sinabi ni Hyrum Smith, "Lumipat kami ng lugar patungo sa estado ng Illinois, at sa loob ng siyam o sampung araw ay ligtas na dumating sa Quincy, Adams County, kung saan natagpuan namin ang aming mga mag-anak sa kalagayan ng pagdarahop, bagamat nasa mabubuting pangangatawan."[27] Totoong sinalubong sila "nang may maiinit na mga puso at magigiliw na kamay."

Winika ni Wilford Woodruff tungkol sa muli niyang pakikipagkita sa Propeta: "Muli akong nagkaroon ng masayang pribilehiyo na mahawakan siya sa kamay. . . . Binati niya kami nang may malaking kagalakan. . . . [Siya] ay tapat, hayagan, at matalik kagaya nang dati, at malaki ang aming kagalakan. Walang taong makauunawa sa nakagagalak na damdaming likha ng pagkikitang iyon, maliban sa isang nagdusa para sa kapakanan ng ebanghelyo."[28] Mahimalang iningatan ng Panginoon ang kanyang Propeta at ang katawan ng kanyang Simbahan. Ang makabagong Israel ay nag-umpisa muling magtipon sa isang bagong lupain na may bagong mga pagkakataon at tipan sa harapan nila.

# Sakripisyo at mga Biyaya sa Nauvoo

Ang mga Banal sa mga Huling Araw na nakarating ng Illinois ay tumanggap ng mainit na pagsalubong mula sa may mabubuting-loob na mamamayan ng Quincy. Pagkatapos makabalik ng Propetang Joseph Smith mula sa kanyang pagkakakulong sa Piitan ng Liberty, kumilos ang mga Banal ng mga 35 milya pahilaga sa Ilog Mississippi. Pinatuyo nila ang malalaking latian sa pook na iyon at inumpisahang itayo ang Lungsod ng Nauvoo sa gilid ng isang pagliko sa ilog. Ang lungsod di nagtagal ay naging abala sa mga gawain at pangangalakal habang nagtitipon doon ang mga Banal mula sa lahat ng bahagi ng Estados Unidos, Canada, at Inglatera. Sa loob ng apat na taon, naging isa sa pinakamalaking lungsod sa Illinois ang Nauvoo.

Namuhay nang may kainamang kapayapaan ang mga kasapi ng Simbahan, payapa sa katotohanang may isang propetang naglalakad at gumagawa sa piling nila. Daan-daang misyonerong tinawag ng Propeta ang lumisan sa Nauvoo upang ipahayag ang ebanghelyo. Itinayo ang isang templo, tinanggap ang endowment ng templo, nilikha ang mga purok sa unang pagkakataon, itinatag ang mga istaka, binuo ang Samahang Damayan (Relief Society), inilathala ang aklat ni Abraham, at tumanggap ng makahulugang mga paghahayag. Sa loob nang mahigit sa anim na taon, ipinamalas ng mga Banal ang kapansin-pansing antas ng pagkakaisa, pananampalataya, at kaligayahan habang ang kanilang lungsod ay naging tanglaw ng kasipagan at katotohanan.

**Mga Sakripisyo ng mga Misyonero ng Nauvoo**

Habang nagsisimulang magtayo ang mga Banal ng mga tahanan at maghasik ng mga pananim, marami sa kanila ang nagkasakit ng malarya, isang nakahahawang karamdaman na nagdadala ng lagnat at pangangaligkig. Kinabilangan ng mga maysakit ang karamihan sa Labindalawa at ni Joseph Smith. Noong ika-22 ng Hulyo 1839, bumangon ang Propeta mula sa kanyang banig ng karamdaman na dala ang kapangyarihan ng Diyos na pumasakanya. Sa paggamit ng kapangyarihan ng pagkasaserdote, pinagaling niya ang sarili at ang mga maysakit sa kanyang bahay, at pagkatapos ay unutusan ang mga namamahinga sa mga tolda sa kanyang bakuran na magsipaggaling. Maraming tao ang gumaling. Pumunta ang propeta sa mga tolda at sa mga bahay, at binasbasan ang lahat. Isa iyon sa mga dakilang araw ng pagpapagaling sa kasaysayan ng Simbahan.

Sa panahong ito, tinawag ng Propeta ang Korum ng Labindalawa na pumunta sa Inglatera upang magmisyon. Si Elder Orson Hyde, isang kasapi ng Korum ng Labindalawa, ay ipinadala sa Jerusalem upang italaga ang Palestina para sa pagtitipon ng mga Judio at iba pang mga anak ni Abraham. Ipinadala ang mga misyonero upang mangaral sa buong Estados Unidos at sa silanganang Canada, at tumanggap ng tawag sina Addison Pratt at iba pa na pumunta sa ng mga Isla ng Pasipiko.

Nagsakripisyo ng malaki ang mga kapatid na ito sa paglisan nila sa kanilang mga tahanan at mag-anak upang tumugon sa mga tawag sa kanilang maglingkod sa Panginoon. Marami sa mga kasapi ng Labindalawa ang maysakit ng malarya habang naghahanda sila sa kanilang pagpunta sa Inglatera. Si Wilford Woodruff, na lubhang maysakit, ay iniwan ang kanyang kabiyak, si Phoebe, nang halos walang makain at iba pang mga kinakailangan sa buhay. Napakalubha ng karamdaman ni George A. Smith, ang pinakabatang Apostol, kung kaya't kinailangang siyang buhatin papunta sa bagon, at ang isang taong nakakita sa kanya ay nagtanong sa kutsero kung galing sila sa pagnanakaw

ng bangkay sa libingan. Sina Parley P. Pratt, na nagsama ng kanyang asawa at mga anak, at ang kanyang kapatid na si Orson, at John Taylor lamang ang walang karamdaman nang lisanin nila ang Nauvoo, bagamat lubhang nagkasakit si Elder Taylor at muntik nang mamatay habang naglalakbay sila patungong Lungsod ng New York.

Malubha sakit ni Brigham Young kung kaya't hindi niya kayang maglakad nang kahit na malapit lamang nang walang umaalalay, at ang kanyang kasama, si Heber C. Kimball, ay walang ipinagkaiba sa kanya. Nakahiga rin sa banig ng karamdaman ang kanilang mga kabiyak at mag-anak. Nang marating ng mga Apostol, na kapwa nakahiga sa bagon, ang tuktok ng isang burol malapit sa kanilang mga tahanan, naramdaman nilang tila hindi nila makakayang iwan ang kanilang mga mag-anak sa ganoong kahabag-habag na kalagayan. Sa mungkahi ni Heber, hirap na tumayo sila, ikinaway nila sa itaas ng kanilang ulo ang mga sumbrero, at tatlong ulit na sumigaw ng "Mabuhay, mabuhay, ang Israel." Ang kanilang mga kabiyak, sina Mary Ann at Vilate, ay nagkaroon ng sapat na lakas upang makatayo, at habang nakasandal sa kuwadro ng pinto ay sumigaw ng, "Paalam, basbasan nawa kayo ng Diyos." Bumalik ang dalawang lalaki sa kanilang mga higaan sa bagon nang may kagalakan at kasiyahan sa pagkakita sa kanilang mga asawang nakatayo sa halip na nakahigang may sakit sa higaan.

Ipinamalas ng mga mag-anak na naiwan ang kanilang pananampalataya sa kanilang pagsasakripisyo upang matulungan ang mga tumanggap ng mga tawag sa misyon. Nang matawag si Addison Pratt na magmisyon sa mga Isla ng Sandwich, nagpaliwanag ang kanyang kabiyak, si Louisa Barnes Pratt: "Kinakailangang paaralin at damitan ang apat kong anak, at walang salaping matitira sa akin. . . . Nakadama ng panghihina ang aking puso noong una, ngunit napagpasiyahan kong magtiwala sa Panginoon, at tumayong matatag sa harap ng mga kahirapan sa buhay, at magalak na ibinilang ang aking kabiyak sa mga karapat-dapat na mangaral ng ebanghelyo."

Pumunta sina Louisa at ang kanyang mga anak sa daungan upang mamaalam sa kanilang asawa at ama. Nang bumalik sila sa kanilang tahanan, nag-ulat si Louisa na "ang binalot ng kalungkutan ang aming mga isip. Hindi nagtagal ay dumagundong ang malalakas na kulog. Ang mag-anak na nakatira sa kabila ng kalye ay may bahay na tumutulo, mahina, at mabuway. Di nagtagal, lumipat sila sa amin upang maging ligtas sa sigwa. Nagpasalamat kami nang makita sila; kinausap nila kami upang aliwin, umawit ng mga himno, at kasama naming nanalangin ang kapatid na lalaki, at nanatili hanggang sa lumipas ang sigwa."[1]

Di nagtagal mula sa pag-alis ni Addison, nagkaroon ng bulutong ang kanyang batang anak na babae. Napakadaling makahawa ng sakit at totoong mapanganib sa sinumang kapatid na mayhawak ng pagkasaserdote na pumunta sa mga Pratt, kung kaya't nagdasal si Louisa nang may pananampalataya at "pinahupa ang lagnat." May labing-isang maliliit na butlig ang lumitaw sa katawan ng bata, ngunit hindi natuloy ang karamdaman. Pagkalipas ng ilang araw ay nawala ang lagnat. Sumulat si Louisa, "Ipinakita ko ang bata sa isang nakababatid sa karamdamang iyon; sinabi niyang iyon ay gayon nga; na nadaig ko iyon sa pamamagitan ng aking pananampalataya."[2]

Ang mga misyonerong ito na lumisan sa Nauvoo sa ganoong pagsasakripisyo ay nakapagdala ng libu-libo sa Simbahan. Marami sa nagbalik-loob ang nagpamalas din ng pambihirang pananampalataya at katapangan. Si Mary Ann Weston ay tumira sa mag-anak ni William Jenkins habang nag-aaral manahi. Ang Kapatid na Jenkins ay nagbalik-loob sa ebanghelyo, at dumating si Wilford Woodruff sa kanilang tahanan upang dalawin ang mag-anak. Si Mary Ann lamang ang naiwan sa bahay sa oras na iyon. Umupo si Wilford sa tabi ng apoy at umawit ng, "Ako ba dahil sa pagkatakot ng isang mahinang tao, ay itatatwa ang pagkasi ng Espiritu sa akin." Nanonood si Mary Ann sa kanya habang umaawit at naalalang, "napakapayapa at napakasaya niya, at mabuti siyang tao sa palagay ko, at maaring totoo nga

ang Ebanghelyong ipinangangaral niya."[3]

Sa pamamagitan ng kanyang pakikipaghalubilo sa mga kasapi ng Simbahan, hindi nagtagal ay nagbalik-loob at nabinyagan si Mary Ann—ang tanging kasapi ng kanyang mag-anak na tumugon sa mensahe ng pinanumbalik na ebanghelyo. Napangasawa niya ang isang kasapi ng Simbahan, na namatay pagkaraan ng apat na buwan, at ang isa sa naging dahilan ng kamatayan nito ay ang pambubugbog na kanyang tinanggap mula sa kamay ng mga mandurumog na nagtangkang manggulo ng isang pagtitipon ng Simbahan. Nag-iisa, sumakay si Mary Ann sa isang barko na puno ng mga Banal sa mga Huling Araw patungo sa Nauvoo, iniwan ang kanyang tahanan, mga kaibigan, at mga di makapaniwalang magulang. Hindi na niya muling nakita pa ang kanyang mag-anak.

Ang kanyang katapangan at panata ay nagbasbas sa buhay ng maraming tao kalaunan. Napangasawa niya si Peter Maughan, isang balo, na nanirahan sa Lambak ng Cache sa kahilagaang Utah. Doon siya nagkaroon ng isang malaki at matapat na mag-anak, na iginalang kapwa ang Simbahan at ang kanyang pangalan.

**Ang Pamantayang mga Banal na Kasulatan**

Sa kapanahunan ng Nauvoo, inilathala ang ilan sa mga kasulatang naging Mahalagang Perlas (Pearl of Great Price) kalaunan. Naglalaman ang aklat na ito ng mga piniling sipi mula sa aklat ni Moises, aklat ni Abraham, at isang hango mula sa patotoo ni Mateo, mga sipi mula sa kasaysayan ni Joseph Smith, at ang Mga Saligan ng Pananampalataya. Isinulat o isinalin ang mga dokumentong ito ni Joseph Smith sa ilalim ng pangangasiwa ng Panginoon.

Nagkaroon ngayon ang mga Banal ng mga kasulatang magiging pamantayang mga banal na kasulatan ng Simbahan: ang Biblia, ang Aklat ni Mormon, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas. May halagang hindi mataya ang mga aklat na ito para sa mga anak ng Diyos, sapagkat nagtuturo ang

mga ito ng mga pangunahing katotohanan ng ebanghelyo at nagdudulot sa tapat na nagsasaliksik ng kaalaman ng Diyos Ama at ng kanyang Anak, si Jesucristo. May mga karagdagang paghahayag na idinagdag sa mga makabagong kasulatan ayon sa pangangasiwa ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

**Ang Templo ng Nauvoo**

Pagkalipas lamang ng 15 buwan mula sa pagkakatatag ng Nauvoo, ang Unang Panguluhan, masunurin sa paghahayag, ay nagpatalastas na dumating na ang panahon "upang magtayo ng isang bahay ng panalangin, bahay ng kaayusan, bahay para sa pagsasamba sa ating Diyos, kung saan ang mga ordenansa ay magagampanan ayon sa Kanyang banal na kalooban."[4] Bagamat salat at hirap na hirap na maglaan para sa kanilang mga mag-anak, tumugon ang mga Banal sa mga Huling Araw sa panawagan ng kanilang mga pinuno at nagsimulang mag-ambag ng panahon at yaman para sa pagtatayo ng templo. Mahigit sa 1,000 kalalakihan ang nag-alay ng paggawa sa bawat ikasampung araw nila. Humanga si Louisa Decker, isang batang babae, sa kanyang ina nang ipinagbili ng nito ang mga pinggang porselana at magandang kobrekama upang maging ambag niya sa templo.[5] Nagbigay ang ibang mga Banal sa mga Huling Araw ng mga kabayo, bagon, baka, karne ng baboy, at butil upang makatulong sa pagtatayo ng templo. Ang kababaihan sa Nauvoo ay hinilingang mag-ambag ang kanilang mga kusing at sentimo para sa pondo ng templo.

Walang maiambag na mga kusing o sentimo si Caroline Butler, ngunit tunay siyang nagnais na makapagbigay ng isang bagay. Isang araw habang papunta sa lungsod sakay ng isang bagon, may nakita siyang dalawang patay na *buffalo*. Bigla, kanyang nalaman kung ano ang magiging handog niya sa templo. Binunot niya at ng kanyang mga anak ang mahahabang buhok mula sa kiling ng *buffalo* at iniuwi ang mga ito. Kanilang hinugasan at sinuklay paayon ang mga buhok at kinidkid ito upang maging

magaspang na sinulid, at naggantsilyo pagkaraan ng walong paris ng makakapal na guwantes at ibinigay ang mga ito sa mga tagaputol ng bato na gumagawa sa matinding ginaw ng taglamig.[6]

Lumiham si Mary Fielding Smith, kabiyak ni Hyrum Smith, sa kababaihang Banal sa mga Huling Araw sa Inglatera, na nakapagipon sa loob ng isang taon ng 50,000 sentimong tumitimbang ng 434 libra at ipinadala sa Nauvoo. Nag-ambag ang mga magsasaka ng mga pangkat ng hayop at mga bagon; ipinagbili ng iba ang kanilang mga lupain at iniambag ang salapi sa lupon ng namamahala sa paggawa ng gusali. Maraming orasan at baril ang ibinigay. Ang mga Banal sa Norway, Illinois ay nagpadala ng 100 tupa sa Nauvoo upang magamit ng lupon ng templo.

Naalala ni Brigham Young: "Gumanap kami ng napakaraming mabibigat na gawain sa templo ng Nauvoo, sa loob ng panahong napakahirap makakuha ng tinapay at ibang panustos upang makain ng mga manggagawa." Gayunman, pinayuhan ni Pangulong Young ang mga namamahala sa pondo ng templo na ibigay lahat ang harinang mayroon sila, sa pagtitiwalang magbibigay ang Panginoon. Sa loob ng maikling panahon, dumating sa Nauvoo si Joseph Toronto, isang bagong nagbalik-loob sa Simbahan na taga Sicily, at dala ang $2,500 sa ginto, na inilatag niya sa paanan ng mga Kapatid.[7] Ang buong buhay na inimpok na ito ni Kapatid na Toronto ay ginamit sa pagbili ng karagdagang harina at iba pang kinakailangang kagamitan.

Di nagtagal mula nang dumating ang mga Banal sa Nauvoo, inihayag ng Panginoon sa pamamagitan ng Propetang Joseph Smith na maaaring ganapin ang pagbibinyag para sa namatay na mga ninuno na hindi nakarinig ng ebanghelyo (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 124:29–39). Maraming Banal ang nakatamo ng aliw sa pangakong maaaring magkaroon ang mga patay ng mga biyaya nang gaya sa mga tumatanggap ng ebanghelyo dito sa lupa.

Tumanggap din ang Propeta ng mahalagang paghahayag hinggil sa mga turo, tipan, at biyaya na ngayon ay tinatawag na endowment ng templo. Ang mga Banal, dahil sa sagradong

ordenansang ito ay "makatatamo ng kabuuan ng mga biyayang yaon" na maghahanda sa kanila upang "makarating at manatili sa kinaroroonan ni . . . Eloheim sa mga mundong walang hanggan."[8] Pagkaraang matanggap ang endowment, maaaring pagbuklurin ang mga mag-asawa para buhay na ito at sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagkasaserdote. Napagtanto ni Joseph Smith na maikli ang kanyang panahon dito sa lupa, kung kaya't habang itinatayo ang templo, sinimulan niyang igawad ang endowment sa piniling matatapat na tagasunod sa itaas na silid ng bahay na yari sa pulang laryo.

Kahit noong mapaslang si Propetang Joseph Smith, nang mapagtanto ng mga Banal na di magtatagal ay lilisanin nila ang Nauvoo, pinag-ibayo nila ang panatang matapos ang templo. Itinalaga ang silid sa pagitan ng bubungan at kisame bilang bahagi ng gusali kung saan mapapangasiwaan ang endowment. Sabik na sabik ang mga Banal na matanggap ang ordenansang ito kung kaya't sina Brigham Young, Heber C. Kimball, at iba pa sa Labindalawang Apostol ay nanatili sa templo kapwa sa araw at gabi, natutulog nang hindi lalampas ng apat na oras bawat gabi. Si Mercy Fielding Thompson ang nangasiwa sa paglalaba at pamamalantsa ng mga damit sa templo, gayon din sa pamamahala ng pagluluto. Sa templo rin siya tumira, at gumagawa sa magdamag kung minsan upang maihanda ang lahat para sa susunod na araw. Kasing tapat din ang ibang mga kasapi.

Bakit kinailangang gumawa nang napakasigasig ng mga Banal na ito upang makabuo ng isang gusaling kanilang lilisanin sa di katagalan? Halos 6,000 mga Banal sa mga Huling Araw ang tumanggap ng kanilang endowment bago umalis sa Nauvoo. Habang tinatanaw nila ang kanilang patutunguhan patungong kanluran, malakas ang kanilang pananampalataya at panatag sila sa kaalamang nabubuklod ang kanilang mga angkan magpakailanman. Walang tinag ang mga mukhang dinaluyan ng mga luha, na handa muling kumilos makaraang ilibing ang isang anak o kabiyak sa malawak na kaparangan ng Amerika, malaking

dahilan nito ay ang katiyakang nilalaman ng mga ordenansang kanilang tinanggap sa templo.

**Ang Samahang Damayan**

Habang itinatayo ang Templo ng Nauvo, si Sarah Granger Kimball, kabiyak ni Hiram Kimball na isa sa pinakamayamang mamamayan sa lungsod, ay umupa ng isang mananahi na nagngangalang Margaret A. Cooke. Naghahangad na maisulong ang gawain ng Panginoon, nag-ambag si Sarah ng tela na gagawing kamiseta para sa mga lalaking gumagawa sa templo, at pumayag si Margaret na siya ang manahi nito. Di nagtagal pagkatapos nito, nagnais din ang ilan sa mga kapitbahay ni Sarah na lumahok sa pagtatahi. Nagpulong ang mga kapatid na babae sa salas ng mga Kimball at nagpasiyang bumuo ng isang kapisanan. Nahilingan si Eliza R. Snow na sumulat ng saligang batas at mga patakaran para sa bagong samahan.

Iniharap ni Eliza ang nabuong saligang batas sa Propetang Joseph Smith, na nagpahayag na iyon ang pinakamainam na saligang batas na kanyang nakita. Ngunit pinukaw siyang palawakin ang pangitain ng kakabaihan tungkol sa kung ano ang kanilang maisasakatuparan. Hiniling niya sa kababaihan na muling dumalo sa isa pang pagpupulong, kung saan itinatag niya ang Samahang Damayan ng Kababaihan ng Nauvoo. Si Emma Smith, ang kabiyak ng Propeta, ang naging unang pangulo ng samahan.

Sinabi ni Joseph sa mga kapatid na babae na sila ay makatatanggap "ng tagubilin sa pamamagitan ng kaayusan na itinatag ng Diyos sa pamamaraan ng mga yaong itinalagang mamuno—at akin na ngayong inililipat sa inyo ang susi sa pangalan ng Diyos at sa Samahang ito ay magagalak at ang kaalaman at katalinuhan ay dadaloy mula sa oras na ito—ito ang simula ng magagandang araw para sa Samahang ito."[9]

Di nagtagal makaraang itatag ang samahan, isang lupon ang dumalaw sa lahat ng mahihirap sa Nauvoo, inalam ang kanilang mga pangangailangan, at nanghingi ng mga ambag upang

matulungan ang mga ito. Ang iniambag na salapi at ang kinita sa pagtitinda ng mga pagkain at tulugan ay ginamit sa pag-aaral ng mga nangangailangang bata. Mga lino, balahibo ng tupa, sinulid, tabla, sabon, kandila, kagamitang yari sa lata, alahas, buslo, kobrekama, kumot, sibuyas, mansanas, harina, tinapay, galyetas, at karne ang iniambag upang makatulong sa mga yaong nangangailangan.

Maliban sa pagtulong sa mga mahihirap, sama-samang sumamba ang mga kapatid na babae sa Samahang Damayan. Nag-ulat si Eliza R. Snow na sa isang pagpupulong, "nagsalita ang halos lahat ng dumalo, at ang espiritu ng Panginoon, tulad ng isang mapandalisay na sapa, ay nagpanariwa sa bawat puso."[10] Nanalangin ang mga kapatid na babaing ito para sa isa't-isa, nagpalakas sa patotoo ng bawat isa, at naglaan ng kanilang mga buhay at kayamanan upang makatulong sa pagpapasulong ng layunin ng Sion.

**Ang Pagkamartir**

Bagamat nagdulot ang mga taon sa Nauvoo ng maraming masasayang panahon para sa mga Banal, hindi naglaon nagsimulang muli ang pag-uusig, na humantong sa pagpaslang kina Joseph at Hyrum Smith. Isa itong madilim at kahapis-hapis na panahon na hindi kailanman malilimutan. Sa pagtatala ng kanyang mga damdamin nang marinig ang tungkol sa pagkamartir, sumulat si Louisa Barnes Pratt: "Tahimik na gabi iyon, at kabilugan ng buwan. Isang gabi ng kamatayan kumbaga, at nagkaisa ang lahat na gawin itong taimtim! Narinig ang tinig ng mga pinuno na tumatawag na magtipon ang mga kalalakihan at dahil nagmula sa may kalayuan ay umantig sa pusong kagaya ng agunyas ng kampana. Pangkat-pangkat na nagtipon ang mga babae, nananangis at nananalangin, naglunggati ang ilan ng kakila-kilabot na kaparusahan sa mga namaslang, kumilala ang iba na naroroon ang kamay ng Diyos sa kaganapang iyon."[11]

Tulad ni Louisa Barnes Pratt, maraming Banal sa mga Huling Araw ang nakaalala sa mga naganap noong ika-27 ng Hunyo 1844



*Ang tagpo ng pagkamartir sa Piitan ng Carthage. Si Hyrum Smith, na nakahiga sa gitna ng sahig ay agad na namatay; si John Taylor, nasa baba sa kaliwa, ay lubhang nasugatan; si Joseph Smith ay binaril at namatay habang patakbo siya sa durungawan; at si Willard Richards, sa may paapuyan, ay hindi nasaktan.*

bilang panahon ng pagluha at pagkabagbag na mga puso. Ang pagkamartir ang pinakapanlulumong kaganapan sa naunang kasaysayan ng Simbahan. Gayunman, iyon ay inaasahan.

Sa di kukulangin sa 19 na mga pagkakataon, simula noong unang bahagi ng 1829, sinabi ni Joseph Smith na maaaring hindi niya lilisanin nang mapayapa ang buhay na ito.[12] Bagamat naramdaman niyang kukunin ng kanyang mga kaaway ang kanyang buhay isang araw, hindi niya batid kung kailan. Nang lumipas ang tagsibol noong 1844 at dumating ang tag-araw, nagtulungan ang mga kaaway sa loob at labas ng Simbahan upang wasakin si Joseph. Si Thomas Sharp, ang patnugot ng isang pahayagan sa ibayo at isang pinuno ng partido politikal na laban sa mga Mormon sa Hancock County, ay hayagang nanawagan sa pagpatay sa Propeta. Ang kapisanan ng mga

mamamayan, mga tumalikod mula sa katotohanan, at mga pinunong sibiko ay nagkaisang sirain ang Simbahan sa pamamagitan ng pagwasak sa propeta nito.

Ang gobernador ng Illinois, si Thomas Ford, ay lumiham kay Joseph Smith, at iginiit na litisin ng mga huradong hindi Mormon ang mga kasapi ng konseho ng lungsod sa sakdal na paglikha ng kaguluhang pambayan. Sinabi niyang ang ganoong paglilitis lamang ang magbibigay kasiyahan sa mga tao. Pinangakuan niya ng ganap na pangangalaga ang kalalakihan bagamat hindi naniwala ang Propeta na matutupad niya ang kanyang pangako. Nang lumabas na wala nang iba pang mapagpipilian, ipinaubaya ng Propeta, ng kanyang kapatid na si Hyrum, John Taylor, at iba na hulihin sila, kahit lubos nilang alam na malinis ang kanilang budhi sa anumang pagkakasala.

Habang naghahanda ang Propetang umalis sa Nauvoo patungo sa Carthage na kabisera ng bayan, mga 20 milya ang layo, batid niyang iyon na ang huli niyang pagkakakita sa kanyang mag-anak at mga kaibigan. Nagpropesiya siyang, "Hahayo akong tila isang tupang kakatayin, ngunit mapanatag akong katulad ng isang umaga sa tag-araw."[13]

Nang papaalis na ang Propeta, si B. Rogers, na namasukan sa sakahan ni Joseph Smith nang higit sa tatlong taon at dalawa pang kabataang lalaki ay naglakad patawid sa bukirin at umupo sa bakod sa tabi ng daan at inabangan ang pagdaan ng kanilang kaibigan at pinuno. Itinigil ni Joseph sa tabi ng mga kabataang lalaki ang kanyang kabayo at sinabi sa mga sundalong kasama niya: "Mga ginoo, ito ang aking sakahan at mga bata ko sila. Mahal nila ako, at mahal ko sila." Makaraang makipagkamay sa bawat batang
lalaki, umakyat siya sa kanyang kabayo at sumakay patungo sa kanyang pakikipagtagpo sa kamatayan.[14]

Si Dan Jones, isang nagbalik-loob buhat sa Wales, ay sumama sa propeta sa Piitan ng Carthage. Noong ika-26 ng Hunyo 1844, ang huling gabi sa kanyang buhay, nakarinig si Joseph ng pagputok ng baril, umalis sa kama, at nahiga sa sahig malapit kay

Jones. Bumulong ang Propeta, "Natatakot ka bang mamatay?" "Dahil abala sa layuning ito, di ko inaakala na magdudulot ng mga pagkatakot ang kamatayan," sagot ni Jones. "Muli mong makikita ang Wales at magagawa ang misyong itinakda sa iyo bago ka mamatay," nagpropesiya si Joseph.[15] Libu-libong matapat na Banal sa mga Huling Araw ang tumatamasa ngayon sa mga biyaya ng Simbahan dahil marangal at matagumpay na naglingkod ng misyon sa Wales si Dan Jones kinalaunan.

Di nagtagal pagkalipas ng ikalima ng hapon noong ika-27 ng Hunyo 1844, isang pulutong ng mga mandurumog na may humigit-kumulang 200 kataong may pinta ang mukha ang lumusob sa Piitan ng Carthage, binaril at pinatay si Joseph at ang kanyang kapatid na si Hyrum, at malubhang sinugatan si John Taylor. Si Willard Richards lamang ang naiwang di nasaktan. Nang marinig ang mga sigaw na "dumarating ang mga Mormon!" nagsilikas ang mga mandurumog, kagaya rin ng karamihan sa mga naninirahan sa Carthage. Inalagaan ni Willard Richards ang sugatang si John Taylor, at kapwa sila nagluksa para sa pinaslang nilang mga pinuno. Nasa loob ng piitan ang katawan ni Hyrum, samantalang si Joseph, na nahulog sa durungawan, ay nakabulagta sa labas tabi ng balon.

Si Samuel, ang kapatid ng pinaslang na mga martir, ang isa sa mga unang Banal sa mga Huling Araw na dumating sa lugar na iyon. Siya at ang ilan pa ay tumulong kay Willard Richards na maayos ang mga katawan para sa mahaba at malungkot na paglalakbay pabalik sa Nauvoo.

Samantala, sa Warsaw, Illinois, ang mag-anak ni James Cowley, na mga kasapi ng Simbahan, ay naghahanda ng kanilang hapunan. Nakarinig ang labing-apat na taong gulang na si Matthias ng kakaibang kaguluhan sa bayan at sumali sa natitipong ng mga tao. Nakita ng pangunahing tagapagsalita ang batang Cowley at inutusan siyang umuwi na sa kanyang ina. Sumunod ang mga batang lalaki na hindi kasapi sa Simbahan at pinagpupukol siya ng mga basura bago siya makatakas sa pamamagitan ng pagtakbo sa bakuran ng isang kapitbahay.

Sa pag-aakalang tumahimik na ang mga bagay-bagay, pumunta si Matthias sa ilog upang umigib ng isang timba ng tubig. Nakita siya ng mga mandurumog at binayaran ng mga ito ang isang lasing na mananahi upang itapon siya sa ilog. Nang tumigil si Matthias upang tumimba ng tubig, sinakmal siya ng mananahi sa kuwelyo at nagsabing, "Ikaw. . . . munting Mormon, lulunurin kita." Ayon kay Matthias, "Tinanong ko siya kung bakit niya ako lulunurin, at kung may nagawa ba akong kasalanan sa kanya? Wala, sabi nito, 'Hindi kita lulunurin. . . . Mabuti kang bata, maaari ka nang umuwi.' " Nang gabing iyon, tatlong ulit na nagtangka at nabigo ang mga mandurumog na sunugin ang tahanan ng mga Cowley, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya at panalangin ay napangalagaan ang mag-anak.[16] Lumaki si Matthias Cowley at nanatiling tapat sa Simbahan; ang kanyang anak na si Matthias at apong si Matthew ay naglingkod sa Korum ng Labindalawang Apostol kinalaunan.

Sumulat si Gobernador Thomas Ford ng Illinois tungkol sa pagkamartir: "Ang pagpaslang sa mga Smith, sa halip na magpatigil sa. . . . mga Mormon at magpahiwa-hiwalay sa kanila, gaya ng paniniwala ng marami, ay lalong higit pang nagpabuklod sa kanila nang mahigpit, at nagbigay sa kanila ng bagong pananalig sa kanilang pananampalataya."[17] Isinulat din ni Ford: "May mga lalaking magaling kagaya ni Pablo, mga mahuhusay na mananalumpati na maaaring makatipon ng libu-libong mga tagapakinig sa pamamagitan ng kanyang kahusayan sa pananalita,. . . . ang maaaring huminga ng bagong buhay [sa simbahang Mormon] at gawing matunog ang pangalan ng pinaslang na si Joseph. . . . at pumukaw sa puso ng mga tao." Nabuhay si Ford na kinatakutang magaganap ang ganito at ang kanyang sariling pangalan, gaya ng pangalan nina Pilato at Herodes, ay "kakaladkarin sa kadustaan ng kasaysayan."[18] Nagkatotoo ang kinatakutan ni Ford.

Nakabawi mula sa kanyang mga sugat si John Taylor at sumulat kinalaunan ng isang parangal sa pinaslang na mga pinuno na ngayon ay bahagi 135 ng Doktrina at mga Tipan. Wika

niya: "Si Joseph Smith, ang Propeta at Tagakita ng Panginoon, ay nakagawa nang higit pa, maliban lamang kay Jesus, para sa kaligtasan ng mga tao sa daigdig na ito, kaysa sa sinumang tao na kailanman ay nabuhay rito. . . . Siya ay nabuhay na dakila, at siya ay namatay na dakila sa paningin ng Diyos at ng kanyang mga tao; at gaya ng karamihan sa pinahiran ng Panginoon noong mga sinaunang pahanon, ay tinatakan ang kanyang misyon at kanyang mga gawain ng kanyang sariling dugo; at gayun din ang kanyang kapatid na si Hyrum. Sa buhay sila ay hindi nagkalayo, at sa kamatayan sila ay hindi pinaghiwalay!. . . . Sila ay nabuhay para sa kaluwalhatian; sila ay namatay para sa kaluwalhatian; at kaluwalhatian ang kanilang walang hanggang gantimpala" (Doktrina at mga Tipan 135:3, 6).

**Paghahalilihan sa Panguluhan**

Nang paslangin sina Propetang Joseph Smith at Hyrum Smith sa Piitan ng Carthage, marami sa mga kasapi ng Korum ng Ladindalawa at iba pang mga pinuno ng Simbahan ang naglilingkod ng mga misyon at wala sa Nauvoo. Ilang araw ang lumipas bago nalaman ng mga kalalakihang ito ang mga pagpaslang. Nang marinig ni Brigham Young ang balita, batid niyang ang mga susi ng pagkasaserdote ay nasa Simbahan pa rin, sapagkat ipinagkaloob ang mga susing ito sa Korum ng Labindalawa. Subalit, hindi nakaunawa ang lahat ng kasapi ng Simbahan kung sino ang hahalili kay Joseph Smith bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag ng Panginoon.

Dumating si Sidney Rigdon, ang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan, sa Pittsburgh, Pennsylvania, noong ika-3 ng Agosto 1844. Sa nakalipas na taon, nag-umpisa siyang tumahak ng landas na laban sa payo ng Propetang Joseph Smith at napalayo sa Simbahan. Tumanggi siyang makipagpulong sa tatlong kasapi ng Labindalawa na nasa Nauvoo na at sa halip ay nagsalita sa isang malaking kongregasyon ng mga Banal na nagtipon sa kanilang serbisyo sa pagsamba sa araw ng linggo. Sinabi niya sa kanila ang tungkol sa pangitaing kanyang tinanggap kung saan nabatid


niyang walang dapat na humalili kay Joseph Smith. Sinabi niyang isang tagapangalaga ng Simbahan ang dapat na italaga at ang tagapangalagang iyon ay dapat na si Sidney Rigdon. Ilang mga Banal ang sumang-ayon sa kanya.

Si Brigham Young, ang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay hindi bumalik sa Nauvoo hanggang noong ika-6 ng Agosto 1844. Ipinahayag niyang nais lamang niyang malaman kung "ano ang sinasabi ng Diyos" tungkol sa kung sino ang dapat na mamuno sa Simbahan.[19] Tumawag ang Labindalawa ng isang pagpupulong noong ika-8 ng Agosto 1844. Nagsalita nang mahigit sa isang oras si Sidney Rigdon sa sesyong pang-umaga. Nakakuha siya ng ilang tagapagtaguyod, kung mayroon man, sa kanyang paninindigan.

Nagsalita si Brigham Young nang maikli pagkaraan, inaaliw ang puso ng mga Banal. Habang nagsasalita si Brigham, naaalala ni George Q. Cannon, "tinig iyon ni Joseph," at "tila sa mata ng mga tao ay ang katauhan ni Joseph ang siyang nakatayo sa harapan nila."[20] Nagpatotoo si William C. Staines na nagsalita si Brigham Young nang may tinig na katulad ng kay Joseph. "Akala ko ay siya iyon," wika ni Staines, "at ganoon din ng libu-libong nakarinig niyon."[21] Naaalala rin ni Wilford Woodruff ang magandang sandaling iyon at sumulat, "kung hindi ko siya nakita nang sarili kong mga mata, walang makapagpapaniwala sa akin na hindi iyon si Joseph Smith, at ang sinumang nakakikilala sa dalawang lalaking ito ay makapagpapatunay dito."[22] Ginawang malinaw sa mga Banal ng mahimalang paghahayag na ito, na nakita nang marami, na pinili ng Panginoon si Brigham Young na humalili kay Joseph Smith bilang pinuno ng Simbahan.

Sa panghapong sesyon, muling nagsalita si Brigham Young, at nagpatotoong inordenan ni Joseph ang mga Apostol upang hawakan ang mga susi sa kaharian ng Diyos sa buong mundo. Nagpropesiya siyang hindi uunlad ang yaong hindi susunod sa Labindalawa at ang mga Apostol lamang ang magtatagumpay sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos.

Pagkaraan ng kanyang talumpati, hiniling ni Pangulong



*Pinilit ng karahasan ng mga mandurumog ang mga Banal na lisanin ang pinakamamahal nilang lungsod ng Nauvoo.*

Young kay Sidney Rigdon na magsalita, ngunit tumanggi ito. Pagkatapos ng mga pananalita nina William W. Phelps at Parley P. Pratt, muling nagsalita si Brigham Young. Binanggit niya ang pagtapos sa Templo ng Nauvoo, ang pagtanggap ng endowment bago pumunta sa ilang, at ang kahalagahan ng mga banal na kasulatan. Sinabi niya ang kanyang pagmamahal para kay Joseph Smith at ang kanyang pagkagiliw sa mag-anak ng Propeta.

Pagkaraan ay sumang-ayunan nang buong pagkakaisa ang mga Banal sa Korum ng Labindalawa bilang mga pinuno ng Simbahan.

Samantalang may ilan pang mag-aangkin sa karapatan sa pagiging Pangulo ng Simbahan, nagwakas na para sa karamihan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang suliranin sa paghahalili. Si Brigham Young, ang nakatataas na Apostol at Pangulo ng Korum ng Labindalawa, ang taong hinirang ng Diyos na mamuno sa kanyang mga tao, at nagkaisa ang mga tao upang sang-ayunan siya.

# Pananampalataya sa Bawat Hakbang

## Paghahanda Para sa Paglisan sa Nauvoo

Pinag-usap-usapan ng mga pinuno ng Simbahan mula pa noong 1834 ang tungkol sa paglilipat ng mga Banal sa kanluran sa Rocky Mountains, kung saan sila makapaninirahan nang payapa. Sa paglipas ng mga taon, tinalakay ng mga pinuno at tagagalugad ang pihong mga lugar at pinag-aralan ang mga mapa upang matukoy ang tamang lugar na mapananahanan. Sa pagtatapos ng 1845, nasa kamay ng mga pinuno ng Simbahan ang pinakabagong mga kaalaman tungkol sa Kanluran.

Habang sumisidhi ang mga pag-uusig sa Nauvoo, naging maliwanag na kinakailangang umalis ang mga Banal. Pagdating ng Nobyembre 1845, naging abala ang Nauvoo sa mga gawain ng paghahanda. Itinalaga ang mga kapitan ng mga pulutong ng isang daan, limampu, at sampu, upang pamunuan ang mga Banal sa kanilang exodo. Ang bawat pulutong ng 100 ay bumuo ng isa o higit pang pagawaan ng bagon. Ang mga tagagawa ng gulong, anluwagi, at tagagawa ng muwebles ay gumawa hanggang sa kalaliman ng gabi sa paghahanda ng kahoy at pagbubuo ng mga bagon. Ipinadala ang mga kasapi sa silangan upang bumili ng bakal, at gumawa ang mga panday ng mga kagamitang kinakailangan sa paglalakbay at mga gamit pansakahan na kakailanganin sa pananakop sa isang bagong Sion. Nag-ipon ang mga mag-anak ng pagkain at mga gamit sa bahay at naglagay sa mga sisidlan ng mga pinatuyong bungang-kahoy, harina, bigas, at mga gamot. Sa paggawa nang sama-sama para sa kapakanan ng

lahat, higit na marami ang naisakatuparan ng mga Banal kaysa sa inaasahan, sa loob lamang ng maikling panahon.

**Mga Pagsubok ng Paglalakbay sa Taglamig**

Unang pinanukalang gawin noong Abril 1846 ang paglikas mula sa Nauvoo. Subalit dahil sa mga pananakot na binabalak ng mga sundalo ng estadong pagbawalan ang mga Banal na pumunta sa kanluran, ang Labindalawang Apostol at ibang pangunahing mga mamamayan ay agad na nagkita-kita sa isang pagpupulong noong ika-2 ng Pebrero 1846. Napagkasunduan nilang marapat na simulan kaagad ang pagpapakanluran, at nag-umpisa ang exodo noong ika-4 ng Pebrero. Sa ilalim ng pangangasiwa ni Brigham Young, sabik na nagsimula ang unang pulutong ng mga Banal sa kanilang paglalakbay. Gayunman, humarap sa isang malaking pagsubok ang ganoong kasabikan, dahil maraming milya ang dapat na tahakin bago sila nakatagpo ng mga pangmatagalang kampo na nagbigay sa kanila ng kapahingahan mula sa huling panahon ng taglamig at sa di-pangkariwang maulan na tagsibol.

Upang makahanap ng kaligtasan mula sa kanilang mga taga-usig, libu-libong mga Banal ang kinailangang tumawid sa malapad na Ilog Mississippi patungo sa teritoryo ng Iowa. Maagang nagsimula ang mga panganib sa kanilang paglalakbay nang sikaran at mabutas ng isang kapong baka ang isang bangkang nagdadala ng ilang mga Banal at ito ay lumubog. Nakita ng isang nakamasid na nangunyapit ang sawing-palad na mga pasahero sa mga higaan, kahoy, "mga tabla at kung ano pang mga bagay na makakapitan nila at siniklut-siklot sa tubig at nasa awa ng lamig at walang tigil na mga alon. . . . Umakyat ang ilan sa mga bagon na hindi gaanong lumubog at naging maginhawa samantalang nagsilangoy pabalik sa pinagmulang pampang ang mga nakasakay na baka at kapong baka."[1] Sa wakas, nasagip tungo sa mga bangka ang mga tao at dinala sa kabilang pampang.

Dalawang linggo makaraan ang unang pagtawid, nagyelo ang ilog sa loob ng ilang panahon. Bagamat madulas ang yelo,

nakayanan nito ang bagon at higit na madaling nakatawid ang mga pangkat. Subalit nagdulot ng matinding kahirapan ang malamig na panahon habang binabagtas ng mga Banal ang niyebe. Sa kanilang kampo sa Sugar Creek sa kabilang ibayo ng ilog, nagdala ng niyebe na umabot sa halos walong pulgada ang patuloy na pag-ihip ng hangin. Naging maputik ang lupa nang matunaw ito. Mula sa paligid, sa itaas, at sa ibaba, nagtulung-tulong ang kalikasan upang magdulot ng napakahirap na kalagayan para sa 2,000 Banal na nagsiksiksikan sa mga tolda, bagon, at minadaling mga silungan habang hinihintay nila ang atas na magpatuloy.

Ang unang yugto ng pagbagtas sa Iowa ang pinakamahirap na bahagi ng paglalakbay. Itinala ni Hosea Stout na siya ay "naghanda para sa gabi sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang pansamantalang tolda na yari sa mga damit pantulog. Sa panahong ito, halos hindi makaupo ang aking kabiyak at may napakataas na lagnat ang maliit kong anak na lalaki at hindi man lang makapansin ng anumang bagay na nagaganap."[2] Marami pang mga Banal ang nagdusa rin nang napakatindi.

**Kay-inam ng Buhay**

Ang pananampalataya, katapangan, at pagpapasiya ng mga Banal na ito ang nagdala sa kanilang makayanan ang lamig, gutom, at pagkamatay ng mga mahal nila sa buhay. Tinawag si William Clayton na sumama sa unang pulutong na umalis sa Nauvoo at iniwan ang kanyang asawa, si Diantha, sa mga magulang nito, isang buwan bago ito magsilang sa una nilang anak. Ang pagbagtas sa mapuputik na mga landas at pamamahinga sa malalamig na mga tolda ay nagpahina sa kanyang katatagan habang inaalala niya ang kapakanan ni Diantha. Pagkalipas ng dalawang buwan, hindi pa rin niya batid kung nanganak ito nang maluwalhati ngunit nakatanggap sa wakas ng masayang balita na isang "maganda at bilog na batang lalaki" ang isinilang. Agad pagkarinig sa balitang ito, umupo si William at sumulat ng isang awitin na hindi lamang nagkaroon ng natatanging kahulugan sa kanya, kundi magiging himno ng

inspirasyon at pasasalamat para sa mga kasapi ng Simbahan sa loob ng mga salinlahi. Ang awit ay ang "Mga Banal, Halina" (Come, Come, Ye Saints) at nagpapahayag ang tanyag na mga linya nito ng kanyang pananampalataya at ng pananampalataya ng libu-libong Banal na umawit nito sa gitna ng pagdurusa: "Kay-inam ng Buhay!"[3] Sila, tulad ng mga kasaping sumunod sa kanila, ay nakasumpong ng kapayapaang siyang gantimpala ng sakripisyo at pagsunod sa loob ng kaharian ng Diyos.

**Winter Quarters**

Nangailangan ang mga Banal ng 131 araw upang lakbayin ang 310 milya mula Nauvoo hanggang sa mga panirahanan sa kanluraning Iowa kung saan sila magpapalipas ng taglamig noong 1846–47 at maghahanda para sa kanilang paglakbay tungo sa Rocky Mountains. Nagturo ang karanasang ito sa kanila ng maraming bagay tungkol sa paglalakbay na makatutulong sa kanilang mabagtas nang mabilis ang 1,000 milya ng mga malawak na kapatagan ng Amerika, na nagawa nang sumunod na taon sa loob ng 111 araw.

Ilang bilang ng mga panirahanan ang matatagpuan sa magkabilang pampang ng Ilog Mississippi. Ang pinakamalaking panirahanan, ang Winter Quarters, ay nasa bahaging kanluran, sa Nebraska. Kaagad na naging tuluyan ito ng humigit-kumulang na 3,500 kasapi ng Simbahan, na tumira sa nga bahay na yari sa troso at sa mga kublihang yari sa kahoy at putik. Umaabot ng 2,500 Banal ang nanirahan din sa palibot ng tinatawag na Kanesville sa bahaging Iowa ng Ilog Mississippi. Mapanghamong katulad sa landas ang buhay sa mga panirahanang ito. Sa tag-araw, dinanas nila ang lagnat na sanhi ng malarya. Nang dumating ang taglamig at maubos ang sariwang pagkain, dinanas nila ang epidemya ng kolera, iskerbi, pananakit ng mga ngipin, kahirapang makakita kung gabi, at matinding pagkasira ng tiyan. Daan-daang tao ang namatay.

Subalit nagpatuloy pa rin ang buhay. Pinalipas ng kababaihan ang mga araw sa paglilinis, pamamalantsa, paglalaba, pananahi, pagsusulat ng mga liham, paghahanda ng pagkain mula sa salat

nilang imbak, at pag-aalaga sa kanilang mga mag-anak, ayon kay Mary Richards, na ang asawa, si Samuel, ay nasa isang misyon sa Scotland. Masaya niyang itinala ang mga pagdating at pag-alis ng mga Banal sa Winter Quarters, kabilang na ang mga gawaing katulad ng mga talakayang pangrelihiyon, pasayaw, pagpupulong ng Simbahan, piging, at pagpapanibagong buhay sa hangganan.

Sama-samang gumawa ang kalalakihan at madalas na magpulong upang talakayin ang mga plano sa paglalakbay at ang mga lugar na paninirahanan ng mga Banal sa hinaharap. Tuwina silang nagtulungan sa pag-iipon ng mga kawan na nagsipangain sa parang sa labas ng kampo. Gumawa sila sa mga bukirin, nagbantay sa mga bakuran ng kampo, nagpapatakbo ng isang gilingan ng harina, at naghanda ng mga bagon para sa paglalakbay, at madalas na dumanas ng pagkahapo at karamdaman. Di-makasariling gawain ng pag-ibig ang ilan sa kanilang trabaho, dahil naghanda sila ng mga bukirin at naghasik ng mga pananim upang anihin ng mga Banal na susunod sa kanila.

Tinawag ni John, anak na lalaki ni Brigham Young, ang Winter Quarters bilang "Lambak ng Pandayan ng Mormonismo." Nanirahan siya malapit sa libingan doon at nakasaksi sa "maliliit at malulungkot na paghahatid sa libingan na madalas dumaan sa aming pinto." Naalala niya kung "gaano kasalat at kawalang pagbabago" ang pagkain ng kanyang mag-anak, na kinabibilangan ng tinapay na gawa sa mais, maalat na tusino at kaunting gatas. Sinabi niyang naging nakasusuka ang lugaw at tusino kung kaya't parang pag-inom ng gamot ang pagkain nito at mahirap niyang lununin ito.[4] Tanging ang pananampalataya at katapatan lamang ng mga Banal ang nagdala sa kanilang malagpasan ang mapanubok na panahong ito.

## Ang Batalyong Mormon

Habang nasa Iowa ang mga Banal, humiling ang mga tagakalap mula sa hukbong sandatahan ng Estados Unidos sa mga pinuno ng Simbahan na maghanda ng isang pulutong ng kalalakihan na maninilbihan sa Digmaang Mexicano na

nagsimula noong 1846. Ang kalalakihan, na tinawag na Batalyong Mormon, ay magmamartsa patawid sa katimugang bahagi ng bansa patungong California at makatatanggap ng sahod, damit, at mga rasyon. Nanghikayat sa kalalakihan si Brigham Young na lumahok bilang isang paraan ng paglikom ng salapi upang makuha ang mahihirap sa Nauvoo at makatulong sa mga mag-anak ng bawat isang sundalo. Magpapakita rin ang pakikipagtulungan sa pamahalaan ng katapatan ng mga kasapi ng Simbahan sa bansa at makapagbibigay ng makatwirang dahilan upang panandaliang humimpil sila sa mga lupaing pambayan at laan sa mga Indiyan. Sa kalaunan, 541 kalalakihan ang tumanggap sa payo ng kanilang mga pinuno at lumahok sa batalyon. Sinamahan sila ng 33 kababaihan at 42 bata.

Ang hirap ng pagpunta sa digmaan para sa mga kasapi ng batalyon ay pinatindi ng kalungkutang bunsod ng pag-iwan sa kanilang mga asawa at anak nang walang kasama sa panahong iyon ng kahirapan. Nagmuni-muni si William Hyde:

"Hindi maisalarawan ang pag-iisip sa pag-iwan sa aking mag-anak sa gipit na panahong ito. Malayo sila sa bayan ng kanilang kapanganakan, nasa isang malungkot na parang na walang tirahan kundi isang bagon, tumatama ang mainit na araw sa kanila, at inaasahang matatagpuan sila ng malamig na hangin ng Disyembre sa malungkot at mapanglaw na lugar ding yaon.

"Kinabibilangan ang aking mag-anak ng aking asawa at dalawang maliliit na anak, na naiwan kasama ng isang matanda nang ama at ina at isang kapatid na lalaki. Nag-iwan ng mga mag-anak ang karamihan sa Batalyon. . . . Kung kailan namin sila makikitang muli, Diyos lamang ang nakaaalam. Gayunpaman, di namin nadamang dapat na bumulong-bulong."[5]

Nagmartsa ang batalyon ng 2,030 milya sa timog-kanluran patungong California, at naghirap dahil sa kawalan ng pagkain at tubig, kakulangan sa pahinga at gamot, at sa mabilis na lakad ng martsa. Naglingkod sila bilang mga hukbong mananakop sa San Diego, San Luis Rey, at Los Angeles. Sa pagtatapos ng isang taong paninilbihan, itiniwalag sila at pinahintulutang bumalik sa kanilang mga mag-anak. Ang kanilang mga pagpupunyagi at

katapatan sa pamahalaan ng Estados Unidos ay nagtamo ng paggalang ng mga namuno sa kanila.

Pagkatapos ng kanilang pagtitiwalag, marami sa mga kasapi ng batalyon ang humimpil sa California upang mamasukan ng ilang panahon. Pumunta ang ilan sa kanila sa hilaga sa Ilog Amerikana at nagtrabaho sa lagarian ni John Sutter nang matuklasan ang ginto doon at magbunsod sa tanyag na Pagmamadali sa Ginto (Gold Rush) sa California. Ngunit hindi namalagi ang mga kapatid na mga Banal sa mga Huling Araw sa California upang samantalahin ang pagkakataong ito ng kayamanan. Ang mga puso nila ay nasa mga kapatid nilang naghihirap pakanluran patawid sa kapatagan ng Amerika tungo sa Rocky Mountains. Nagpaliwanag ang isa sa mga ito, si James S. Brown:

"Hindi pa ako nakakita ng ganoon kayamang dako sa daigdig hanggang noon; hindi rin ako nanghinayang dito, dahil palaging may higit na mataas akong layunin kaysa ginto. . . . Maaaring isipin ng iba na bulag kami sa aming kapakanan; ngunit pagkaraan ng apatnapung taon ay lumingon kami pabalik nang walang panghihinayang, bagamat may nakita kaming mga kayamanan sa lupain, at nagkaroon ng maraming panghalina upang mamalagi. Sabi ng mga tao, 'Heto ang ginto mula sa kailaliman ng lupa, ginto sa burol, ginto sa maliliit na sapa, ginto kahit saan, . . . at di magtatagal ay magkakaroon ka ng pansariling kayamanan.' Makukuha namin ang lahat ng iyon. Ngunit, nanawagan ang tungkulin, nakataya ang aming karangalan, nakipagtipan kami sa isa't isa, may alintuntuning kasama; para sa amin, Diyos muna at ang kanyang kaharian ang nauuna. May mga kaibigan at kamag-anak kami sa ilang, oo, sa isang di pa nasusubukang disyerto, at sino ang nakaaalam sa kanilang kalagayan? Hindi kami. Kung kaya't tungkulin muna bago ang aliw, bago ang kayamanan, at lumisan kami sa pamamatnubay na ito."[6] Malinaw na nakababatid ang mga kapatid na ito na ang kaharian ng Diyos ay may higit na halaga sa anumang makalupang bagay sa mundong ito at pumili sila ng kanilang tahakin alinsunod dito.

## Ang mga Banal sa Brooklyn

Habang kumikilos ang karamihan sa mga Banal patungo sa Rocky Mountains sa pamamagitan ng paglakbay sa lupa buhat sa Nauvoo, isang pulutong ng mga Banal mula sa silangang Estados Unidos ang naglakbay sa dagat. Noong ika-4 ng Pebrero 1846, 70 kalalakihan, 68 kababaihan, at 100 bata ang sumakay sa barkong *Brooklyn* at naglayag mula sa daungan ng New York sa isang 17,000 milyang paglalayag patungo sa baybayin ng California. Sa loob ng kanilang paglalakbay, dalawang sanggol ang isinilang, na pinangalanang Atlantic at Pacific, at 12 katao ang namatay.

Napakahirap ng paglalakbay na umabot ng anim na buwan. Nagsiksikan ang mga pasahero sa kainitan ng tropiko, at ang kanilang tanging panustos ay masamang pagkain at tubig lamang. Pagkaraang makaikot sa Cape Horn, tumigil sila sa pulo ng Juan Fernandez upng mamahinga ng limang araw. Naalala ni Caroline Augusta Perkins na "ang tanawin at ang muling pagyapak sa lupa ay isang kaginhawaan mula sa buhay sa barko, at mapagpasalamat na naunawaan at tinamasa namin ito. Naligo sila at naglaba ng mga damit sa tubig tabang, nanguha ng mga bungang kahoy at patatas, nanghuli ng isda, at naglibut-libot sa pulo at siniyasat ang isang "kuweba ni Robinson Crusoe."[7]

Noong ika-31 ng Hulyo 1846, pagkatapos ng paglalakbay na pinagdanasan ng matitinding bagyo, kakulangan sa pagkain, at mahahabang araw ng paglalayag, dumaong sila sa San Francisco. Namalagi ang ilan dito at nagtayo ng isang komunidad na tinawag na Bagong Pag-asa (New Hope), samantalang naglakbay ang iba pasilangan sa kabundukan upang sumama sa mga Banal na nasa Great Basin.

## Nagpatuloy ang Pagtitipon

Mula sa lahat ng dako ng Amerika at mula sa maraming bansa, sa pamamagitan ng maraming paraan ng paglalakbay, sa pagsakay sa kabayo o sa paglakad, lumisan ang matatapat na nagbalik-loob mula sa kanilang mga tahanan at mga lugar ng kapanganakan upang sumama sa mga Banal at pasimulan ang

mahabang paglalakbay tungo sa Rocky Mountains.

Noong Enero 1847, pinalabas ni Pangulong Young ang pinatnubayang "Salita at Kalooban ng Panginoon Tungkol sa Kampo ng Israel" (Doktrina at mga Tipan 136:1), na siyang naging saligang batas na umiral sa pagkilos ng mga tagabunsod pakanluran. Isinaayos ang mga pulutong at inatasang pangalagaan ang mga balo at ulilang kasama nila. Ang pakikitungo sa ibang mga tao ay dapat na walang kasamaan, pag-iimbot, at pagtatalu-talo. Nararapat na magsaya ang mga tao at ipakita ang kanilang pasasalamat sa pamamagitan ng musika, panalangin, at sayaw. Sa pamamagitan ni Pangulong Young, sinabi ng Panginoon sa mga Banal, "Humayo sa inyong landas at gawin ang gaya ng sinabi ko sa inyo, at huwag katakutan ang inyong mga kaaway" (Doktrina at mga Tipan 136:17).

Habang naghahandang umalis sa Winter Quarters ang unang pulutong ng mga tagabunsod, dumating si Parley P. Pratt mula sa kanyang misyon sa Inglatera at nag-ulat na susunod si John Taylor na may dalang handog mula sa mga Banal na Ingles. Dumating nang sumunod na araw si Kapatid na Taylor dala ang salaping ikapu na ipinadala ng mga kasaping ito upang makatulong sa mga manlalakbay, isang katibayan ng kanilang pagmamahal at pananampalataya. Nagdala rin siya ng mga kagamitang pang-agham na naging mahalaga sa pagtatala ng paglalakbay ng mga tagabunsod at nakatulong na mabatid nila ang tungkol sa kanilang kapaligiran. Noong ika-15 ng Abril 1847 kumilos na ang unang pulutong, na pinamunuan ni Brigham Young. Sa sumunod na higit sa dalawang dekada, humigit-kumulang na mga 62,000 Banal ang susunod patawid sa kaparangan lulan ng mga bagon at kariton upang magtipon sa Sion.

Magagandang tanawin at paghihirap ang naghintay sa mga manlalakbay sa kanilang paglikas. Naalala ni Joseph Moenor na nagkaroon siya ng "mahirap na panahon" upang makarating sa Lambak ng Salt Lake. Ngunit namalas niya ang mga bagay na di pa niya nakikita—malalaking kawan ng *buffalo* at malalaking puno ng sedro sa mga burol.[8] Naalala ng ibang nakakita sila ng

napakaraming namumulaklak na mga mirasol.

Nagkaroon din ang mga Banal ng mga karanasang nagpaibayo sa pananampalataya na nagpagaan sa kapagurang dinanas ng kanilang mga katawan. Pagkatapos ng isang araw ng mahabang paglalakbay, habang niluluto sa siga ang pagkain, nagtitipon ang kalalakihan at kababaihan nang pangkat-pangkat upang talakayin ang mga naganap sa araw na iyon. Nag-usap-usap sila tungkol sa mga alituntunin ng ebanghelyo, umawit ng mga himig, sumayaw, at magkakasamang nanalangin.

Madalas dumalaw ang kamatayan sa mga Banal habang inut-inot silang kumilos pakanluran. Noong ika-23 ng Hunyo 1850, bumibilang sa labinlima ang mag-anak na Crandall. Sa pagtatapos ng linggo, pito ang namatay sa kinatatakutang epidemya ng kolera. Sa sumunod na ilang araw, lima pa sa mag-anak ang namatay. At noong ika-30 ng Hunyo, pumanaw ang Kapatid na babaing Crandall sa kanyang panganganak kasama ang kanyang sanggol.

Bagamat labis na nagdusa ang mga Banal sa kanilang paglalakbay tungo sa Lambak ng Salt Lake, isang diwa ng pagkakaisa, pagtutulungan, at optimismo ang namayani. Pinagbuklod ng kanilang pananampalataya at panata sa Panginoon, nakasumpong sila ng kagalakan sa gitna ng kanilang mga pagsubok.

**Ito ang Tamang Lugar**

Noong ika-21 ng Hulyo 1847, sina Orson Pratt at Erastus Snow ng unang pangkat ng mga tagabunsod ay nauna sa mga nagsilikas na makarating sa Lambak ng Salt Lake. Nakakita sila ng napakataas na mga damo kung saan maaaring maglakad nang painut-inot ang isang tao dito, lupaing mainam na sakahin, at ilang mga sapang dumadaloy pakalat sa lambak. Pagkalipas ng tatlong araw, si Pangulong Brigham Young, na noon ay may lagnat, ay isinakay sa isang kariton tungo sa bungad ng isang matarik na ilog na patungo sa lambak. Habang pinagmamasdan ni Pangulong Young ang tanawin, ibinigay niya ang kanyang mapagpahayag na pamamaalam sa kanilang paglalakbay: "Tama na dito. Ito ang tamang lugar."

Habang nagdaratingan mula sa mga bundok ang sumusunod na mga Banal, minasdan din nila ang kanilang lupang pangako! Ang lambak na ito na may maalat na lawang kumikinang sa araw na nasa kanluran ay siyang tampulan ng pananaw at propesiya, ang lupaing pinangarap nila at ng libu-libong sumusunod sa kanila. Ito ang kanilang lupang kanlungan, kung saan sila magiging dakilang mga tao sa gitna ng Rocky Mountains.

Pagkaraan ng ilang taon, isang nagbalik-loob mula sa Inglatera, si Jean Rio Griffiths Baker, ay nagtala ng kanyang nadama habang tinatanaw ang Lungsod ng Salt Lake sa unang pagkakataon: "Ang lungsod. . . . ay nakalatag sa mga parisukat o bloke kung tawagin nila rito; bawat isa ay naglalaman ng apat na hektarya at nahahati sa walong lote, ang bawat lote ay may isang bahay. Nakatayo ako at nagmasid, at halos di ko masuri ang aking mga nadarama, ngunit sa palagay ko ay namamayani ang kagalakan at pasasalamat para sa mapananggalang na pag-alagang ibinigay sa akin at sa mga yaong akin sa loob nang matagal at mapanganib naming paglalakbay."[9]

**Mga Tagabunsod ng Hinihilang Kariton**

Noong mga 1850 ipinasiya ng mga pinuno ng Simbahan na bumuo ng mga pangkat na maghihila ng mga kariton bilang paraan ng pagbabawas sa gugulin upang maipaabot sa higit na nakararaming nagsisilikas ang tulong pananalapi. Ang mga Banal na naglakbay sa ganitong paraan ay nagdala lamang ng 100 libra ng harina at kaunting mga panustos at ari-arian sa pamamagitan ng kariton na hihilahin patawid sa kapatagan. Sa pagitan ng 1856 at 1860, sampung pangkat ng may hila-hilang kariton ang naglakbay patungong Utah. Walo sa mga pangkat ang matagumpay na nakarating sa Lambak ng Salt Lake, ngunit dalawa sa kanila, ang pangkat Martin at Willie ng mga hinihilang kariton, ang inabutan ng isang maagang taglamig at maraming Banal na kasama nila ang namatay.

Si Nellie Pucell, isang tagabusod sa isa sa mga sawimpalad na pangkat, ay naging sampung taong gulang sa kapatagan. Kapwa namatay ang mga magulang niya sa kanilang paglalakbay. Nang



*Inilagay sa panganib ng mga Banal sa Lambak ng Salt Lake ang kanilang buhay upang mailigtas ang mga kasama sa Pangkat ni Martin ng Hinihilang Kariton na naantala sa kapatagan dahil sa isang napaagang*

malapit na ang pangkat sa kabundukan, napakalamig ng panahon, ubos na ang mga panustos, at mahinang-mahina na sa gutom ang mga Banal upang magpatuloy. Hinimatay si Nellie at ang kanyang nakatatandang kapatid na babae. Nang halos mawalan na sila ng pag-asa, dumating sa isang bagon ang pinuno ng pangkat. Inilagay niya sa bagon si Nellie at sinabihan si Maggie na maglakad sa tabi ng bagon at humawak doon upang hindi siya mabuwal. Naging mapalad si Maggie dahil ang sapilitang paglakad ang pumigil sa paninigas niya sa lamig.

Nang dumating sila sa Lungsod ng Salt Lake, at alisin ang mga sapatos at medyas ni Nellie na napudpod sa kapatagan, dumikit sa mga ito ang kanyang balat dahil sa paninigas sa lamig. Pinutol nang napakasakit ang mga paa ng matapang na batang babaeng ito at naglakad siyang gamit ang kanyang tuhod sa nalalabing panahon ng kanyang buhay. Nakapag-asawa siya kinalaunan at nagkaanak ng anim, nag-asikaso ng kanyang pamamahay at nagkaroon ng magandang angkan.[10] Ang kanyang pagpapasiya sa kabila ng kanyang kalagayan at ang kagandahang-loob ng mga lumingap sa kanya ay nagpapakitang-halimbawa sa pananampalataya at pagkukusang magsakripisyo ng mga naunang kasaping ito ng Simbahan. Isang pamana ng pananampalataya ang kanilang halimbawa sa lahat ng Banal na sumusunod sa kanila.

Isang lalaking tumawid sa kapatagan kasabay ng pangkat ni Martin ang nanirahan sa Utah sa loob ng maraming taon. Isang araw, napasama siya sa isang grupo ng mga taong nagsimulang bumatikos sa mga pinuno ng Simbahan sa pagpapahintulot nilang patawirin ang mga Banal sa kapatagan nang walang panustos at pananggalang kundi ang maibibigay lamang ng isang pangkat ng mga naghihila ng kariton. Nakinig ang lalaki hanggang sa hindi na niya ito makayanan; tumayo siya pagkaraan at nagsalita nang may malakas na damdamin:

"Kasama ako sa pangkat na iyon at ang aking kabiyak ay naroon din. . . . Nagdusa kami nang higit pa sa anumang maiisip ninyo at marami ang namatay sa lamig at pagkagutom, subalit

may narinig ba kayo sa mga nakaligtas na nagbitaw ng isang salita ng pagbatikos?. . . . *Dumating [kaming] may tiyak na kaalamang nabubuhay ang Diyos dahil nakilala namin siya sa panahon ng aming pinakamatinding kagipitan*.

"Hinila ko ang aking kariton nang ako'y napakahina at pagod na pagod dahil sa pagkakasakit at kawalan ng pagkain kung kaya't di ko halos maihakbang ang isang paa sa unahan ng isa.

Tumanaw ako sa aking harapan at may nakitang buhanginan o dalisdis ng burol at sinabi kong hanggang doon na lamang ako at titigil na pagdating doon, sapagkat di ko na kayang maitawid pa ang aking dala. . . . Nagpatuloy ako at nang makarating sa buhanginang iyon, nagsimulang itulak ako ng kariton. Tumingin ako sa likuran nang ilang ulit upang makita kung sino ang tumutulak sa aking kariton, ngunit wala ako nakitang sinuman. Nabatid ko noon na naroroon ang mga anghel ng Diyos.

"Nagsisi ba ako at pinili kong pumunta rito sa pamamagitan ng kariton? Hindi. Hindi noon o sa anumang sandali ng aking buhay mula noon. *Ang halagang aming ibinayad upang makilala ang Diyos ay isang pribileheyong dapat bayaran, at nagpapasalamat ako sa pribileheyong mapasama sa Pangkat ni Martin ng Hinihilang Kariton*.[11]

Naglalaman ang ating himnaryo ng isang awitin tungkol sa naunang mga kasapi ng Simbahan na may katapangang tumanggap sa ebanghelyo at naglakbay nang malayo upang manirahan sa mga himpilan ng kabihasnan:

Silang humubog sa bayan,
Nagbunsod ng landas;
Susundan ng salinlahi
Kanilang mga bakas.
Pundasyong bago't matibay,
Kanilang hinuhubog,
Sumusulong, laging sulong,
Ang mga Tagabunsod!

Nagtuturo sa atin ang kanilang halimbawa kung paanong

mabuhay nang may higit na pananampalataya at kagitingan sa ating sariling mga bansa:

Ang tawag nila'y maglingkod;
Pag-ibig talang tanod;
Ang ilaw nila ay tapang,
Banaag kahit saan.
Araw-araw ay ginhawa,
Araw-araw may lugod,
Araw-araw may pag-asa,
Ang mga Tagabunsod!

KABANATA PITO

# Pagtatatag ng Sagisag sa mga Bansa

Makaraang matagumpay na madala ang unang pangkat ng mga Banal patawid sa kapatagan ng Utah, ibinaling ni Pangulong Brigham Young ang kanyang pansin sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa disyerto. Sa pamamagitan ng kanyang pananaw at pamumuno, naging isang maunlad na kabihasnan at kanlungan para sa mga Banal ang dating walang lamang disyerto. Ang kanyang tuwirang pangangasiwa ay tumulong sa mga Banal na malirip ang mga pagkakataon sa kanilang bagong tahanan at nagbunsod sa kanila pasulong sa mithiin nilang itayo ang kaharian ng Diyos.

Dalawang araw makaraang dumating ang unang pangkat, umakyat si Brigham Young at ilan sa Labindalawa sa isang pabilog na talampas sa gilid ng bundok na namalas ni Pangulong Young



*Sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya at kasipagan, sinimulang itatag ng mga Banal ang isang lungsod sa Lambak ng Salt Lake. Ipinapakita ng ukit na ito ang lambak noong 1853.*

sa isang pangitain bago lumisan sa Nauvoo. Tumingin sila sa kalawakan ng lambak at nagpropesiya na ang lahat ng bansa sa mundo ay malugod na tatanggapin sa lugar na ito at dito matatamasa ng mga Banal ang kasaganaan at kapayapaan. Tinawag nila ang burol bilang Burol ng Sagisag (Ensign Park), na kinuha sa kasulatan ni Isaias na nangakong, "At siya ay maglalagay ng pinakasagisag sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel" (Isaias 11:12).1

Ang unang kilos-pambayan ni Pangulong Young, noong ika-28 ng Hulyo 1847, ay ang pumili ng isang pangunahing pook na pagtatayuan ng isang templo at nag-atas ng mga tao na planuhin ang balangkas at pagtatayo nito. Itinuro niya ang kanyang tungkod sa napiling lugar at nagsabing, "Dito tayo magtatayo ng templo para sa ating Diyos." Maaaring nakapagpaaliw ang pahayag na ito sa mga Banal, na di pa naglalaon ay napilitang itigil ang kanilang pagsamba sa templo nang lisanin nila ang

Nauvoo.

Noong Agosto, bumalik sa Winter Quarters ang mga pinuno ng Simbahan at ang unang pulutong ng mga tagabunsod upang ihanda ang kanilang mga mag-anak na pumunta sa lambak sa susunod na taon. Di pa naglalaon mula nang sila ay dumating, pinukaw sina Brigham Young at ang Korum ng Labindalawa na dumating na ang panahon upang itatag muli ang Unang Panguluhan. Bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawa, sinang-ayunan si Brigham bilang Pangulo ng Simbahan. Pinili niya sina Heber C. Kimball at Willard Richards bilang kanyang mga Tagapayo, at sinang-ayunan sila nang buong pagkakaisa ng mga Banal.

**Ang Unang Taon sa Lambak**

Dalawa pang pangkat ng mga Banal ang dumating sa Lambak ng Salt Lake bago matapos ang tag-araw noong 1847, at itinatag ang Istaka ng Salt Lake na binubuo ng halos 2,000 kasapi. May mga nahuling pananim na inihasik ngunit kakaunti ang naging ani, at sa pagdating ng tagsibol marami ang naghirap dahil sa kawalan ng pagkain. Si John R. Young, na kabataan noon, ay sumulat:

"Nang magsimulang tumubo ang mga damo, naging matindi ang taggutom. Wala kaming tinapay sa loob ng ilang mga buwan. Karne ng baka, gatas, mahahabang damo, mga ugat ng liryo, at mga dawag ang aming kinakain. Ako ang pastol, at habang nagbabantay sa mga hayop, kumakain ako ng mga tangkay ng dawag hanggang sa mapuno ang tiyan ko katulad ng sa baka. Sa wakas ay napakatindi na ng gutom kung kaya't kinuha ni ama mula sa sabitan ang katad ng baka na tinuka na ng mga ibon at ginawa itong napakasarap na sabaw."[2] Kusang nagtulungan at nagbigayan sa isa't isa ang mga naninirahan kung kaya't nakaligtas sila sa mahirap na panahong ito.

Pagdating ng Hunyo 1848, nakapagtanim ang mga naninirahan ng mula dalawang libo hanggang dalawang libo at apat na raang hektarya ng lupa, at nagsimulang maging luntian at mabunga ang lambak. Subalit sa pagkabalisa ng mga Banal,

malalaking kuyog ng mga itim na balang ang bumaba sa mga pananim. Ginawa ng mga naninirahan ang lahat ng kanilang magagawa. Naghukay sila ng mga kanal at binugahan ng tubig ang mga balang. Hinataw nila ang mga insekto ng mga patpat at walis at sinubukang sunugin ang mga ito, ngunit naging walang saysay ang mga pagpupunyagi nila. Patuloy ang pagdagsa ng mga balang sa tila walang katapusang bilang. Si Patriyarka John Smith, pangulo ng Istaka ng Salt Lake, ay nanawagan para sa isang araw ng pagdarasal at pag-aayuno. Hindi naglaon, malalaking langkay ng mga ibong-dagat ang lumitaw sa kalangitan at bumaba sa mga balang. Wika ni Susan Noble Grant hinggil sa karanasang ito: "Sa aming pagkamangha, tila gutom na gutom ang mga ibong-dagat habang sumasabsab sa nag-uukyabitan at nagtatalunang mga balang."[3] Nanood nang may kagalakan at pagkamangha ang mga Banal. Nailigtas ang kanilang mga buhay.

Gumawa ang mga Banal nang may kasiglahan at pananampalataya sa kabila ng mahihirap nilang kalagayan, at nakalikha sila di naglaon ng malaking pag-unlad. Isang manlalakbay patungong California na dumaan sa Lungsod ng Salt Lake noong Setyembre 1849 ang nagbigay ng parangal sa kanila nang ganito: "Isang higit na maayos, masigasig, masipag, at magalang na mga tao, wala pa akong nakasalamuhang higit dito, at di kapani-paniwala ang kanilang nagawa rito sa ilang sa loob ng napakadaling panahon. Sa lungsod na ito na naglalaman ng mula apat hanggang limang libong mga tao, wala pa akong nakikitang isa mang tamad, o taong parang pagala-gala. Ang inaasahan nila sa mga pananim ay maganda, at may kasiglahan sa lahat ng makikita mong hindi mapantayan sa alin mang lungsod na anumang laki na napuntahan ko na."[4]

**Mga Paggalugad**

Sa huling bahagi ng tag-araw noong 1848, muling naglakbay si Brigham Young mula sa Winter Quarters patungo sa Lambak ng Salt Lake. Nang dumating siya, napagtanto niyang kailangang

malaman ng mga Banal kung ano ang mga kayamanang matatagpuan sa bago nilang kapaligiran. Marami ang nalaman mula sa mga Indiyan na nakatira sa pook na iyon, ngunit nagpadala rin si Pangulong Young ng mga kasapi ng Simbahan upang tuklasin ang mga katangian sa panggagamot ng mga halaman at ang mga likas na kayamanang magagamit.

Nagpadala siya ng iba pang mga pulutong na maggagalugad upang makakita ng mga bagong pook na matitirhan. Sa paglalakbay ng mga kasaping ito ay nakatuklas sila ng mga nakalagak na mineral, saganang troso, mapagkukunan ng tubig, at mga parang, at pati rin ng mga pook na maaaring matirhan. Upang mapigil ang mapagsapalarang bilihan ng mga lupain, binabalaan ng propeta ang mga Banal laban sa paghahati-hati ng lupang itinakda sa kanila upang ipagbili ang mga ito. Nasa kanilang pangangasiwa ang lupain at dapat na pamahalaan nang may karunungan at kasipagan, hindi para tumubo ng salapi.

Noong taglagas ng 1849, itinatag ang *Perpetual Emigrating Fund*, sa ilalim ng pangangasiwa ni Pangulong Young. Layunin nito ang tumulong sa mahihirap na walang kakayahang makapaglakbay upang makasama sa mga kasapi ng Simbahan. Maraming Banal ang nag-ambag sa pondong ito nang may malaking pagsasakripisyo, at dahil dito, libu-libong kasapi ang nakapaglakbay patungo sa Lambak ng Salt Lake. Kapag kaya na nila, ang mga tumanggap ng tulong ay inaasahang babayaran ang halaga ng tulong na kanilang tinanggap. Gugugulin ang pondong ito upang matulungan ang mga iba pa. Sa pamamagitan ng pagpupunyaging pang-kooperatibang ito, binigyang biyaya ng mga Banal ang buhay ng mga taong nangangailangan.

**Sumagot ang mga Misyonero sa Panawagan**

Nang mapuno ang hangin ng tunog na likha ng kaabalahan sa paggawa at pamumuhay, binalingan ni Pangulong Young ang mga alalahanin ng Simbahan. Sa pangkalahatang komperensiya noong ika-6 ng Oktubre 1949, itinalaga niya ang ilang kasapi ng

Labindalawa, kasama ang mga bagong tawag na misyonero, na maglingkod ng mga misyon sa ibayong dagat. Tinanggap nila ang panawagang ito bagamat maiiwan nila ang kanilang mga mag-anak, ang bago nilang mga tahanan, at maraming pang di tapos na mga gawain. Sina Erastus Snow at iba pang mga elder ang nagpasimula ng gawaing misyonero sa Scandinavia, samantalang naglakbay sina Lorenzo Snow at Joseph Toronto sa Italya. Bumalik sina Addison at Louisa Barnes Pratt sa dating pinaglingkuran ni Addison sa mga Isla ng Society (Society Island). Tinawag si John Taylor sa Pransiya at Alemanya. Habang naglalakbay ang mga misyonero patungong silangan, nadaanan nila ang mga Banal na papunta sa bagong Sion sa Rocky Mountains.

Sa mga pook na kanilang pinaglingkuran, nasaksihan ng mga misyonero ang mga himala at nagbinyag ng maraming tao tungo sa Simbahan. Nang si Lorenzo Snow, na naging Pangulo ng Simbahan kinalaunan, ay nangangaral sa Italya, nakakita siya ng isang tatlong taong gulang na batang lalaking nasa bingit ng kamatayan. Nakakita siya ng pagkakataon na pagalingin ang bata at buksan ang puso ng mga tao sa pook na iyon. Nang gabing iyon matagal at taimtim siyang nanalangin para sa pamamatnubay ng Panginoon, at nag-ayuno siya at ang kanyang kasama nang sumunod na araw para sa bata. Kinahapunan, naglingkod sila sa bata at naghandog ng tahimik na panalangin para matulungan sa kanilang mga gawain. Natulog nang mahimbing ang bata nang buong magdamag at mahimalang gumaling. Ang tungkol sa pagpapagaling na ito ay kumalat sa mga lambak ng Piedmont sa Italya. Nabuksan ang mga pinto para sa mga misyonero, at naganap ang unang pagbibinyag.[5]

Noong Agosto 1852, sa isang tanging pagpupulong na ginanap sa Lungsod ng Salt Lake, tinawag ang 106 na elder upang magmisyon sa lahat ng bansa sa buong mundo. Ang mga misyonerong ito, at gayun din ang mga tinawag kinalaunan, ay nangaral ng ebanghelyo sa Timog Amerika, Tsina, India, Espanya,

Australia, Hawaii, at sa Timog Pasipiko. Sa karamihan sa mga pook na ito, nagkaroon ang mga misyonero ng kaunting tagumpay sa umpisa. Subalit, naghasik sila ng mga binhi na tumulong sa pagdulog ng marami sa Simbahan sa mga sumunod na pagpupunyagi ng mga misyonero.

Tinawag si Elder Edward Stevenson sa Misyon ng Gibraltar sa Espanya. Nangahulugan ang panawagang ito ng pagbabalik sa kanyang sinilangang lugar, kung saan niya magiting na ipinahayag ang pinanumbalik na ebanghelyo sa kanyang mga kababayan. Dinakip siya dahil sa pangangaral at nagpalipas ng ilang panahon sa bilangguan hanggang sa matuklasan ng mga maykapangyarihan na tinuturuan niya ang mga tanod, at halos mapanumbalik-loob na ang isa sa kanila. Pagkalaya niya, bininyagan niya ang dalawang tao tungo sa Simbahan at pagdating ng Enero 1854 isang sangay na may sampung kasapi ang itinatag. Noong Hulyo, bagamat anim katao ang umalis upang manilbihan sa hukbong sandatahan ng Britanya sa Asya, may labingwalong kasapi ang sangay, kabilang ang isang pitumpu, isang elder, isang pari, at isang guro, na nagbigay sa sangay ng pamumunong kinakailangan nito upang patuloy na lumaki.[6]

Itinaboy palabas ng mga pamahalaang lokal sa Polynesiang Pranses ang mga misyonero noong 1852. Ngunit pinanatiling buhay ang Simbahan ng nagbalik-loob na mga Banal hanggang sa sumunod na mga pagpupunyaging pangangaral noong 1892. Sina Elder Tihoni at Maihea ay sadyang magiting dahil tiniis nila ang pagkakapiit at iba pang mga pagpapahirap sa halip na itakwil ang kanilang pananampalataya. Kapwa nila sinubukang panatilihing masigasig at tapat sa ebanghelyo ang mga Banal.[7]

Sa mga sumapi sa Simbahan sa labas ng Estados Unidos, panahon ito ng pagtitipon sa Sion, na nangahulugan ng paglalakbay sa pamamagitan ng bapor patungong Amerika. Naglayag sina Elizabeth at Charles Wood noong 1860 mula sa Timog Aprika, kung saan nagtrabaho sila ng ilang mga taon



*Bilang tugon sa mga panawagan ni Pangulong Brigham Young, iniwan ng maraming Banal ang kanilang naitatag na mga tahanan upang manakop ng mga bagong komunidad.*

upang magkaroon ng salapi para sa kanilang paglalakbay. Naging utusan si Elizabeth ng isang mayamang tao, at gumawa ng laryo ang kanyang kabiyak hanggang sa malikom nila ang kinakailangang pondo. Iniakyat si Elizabeth sa bapor na nakahiga sa isang kama 24 na oras makaraang magsilang siya ng isang sanggol na lalaki, at ibinigay sa kanya ang kamarote ng kapitan upang higit na maging maginhawa siya. Lubha siyang nagkasakit sa panahon ng paglakabay, at dalawang ulit na halos mamatay, ngunit nakaligtas at nanirahan sa Fillmore, Utah.

Labis na napamahal ang mga misyonero sa mga Banal sa mga bansang pinaglingkuran nila. Nang malapit nang matapos ang kanyang misyon sa Hawaii, nagkaroon ng mataas na lagnat si Joseph F. Smith na pumigil sa kanyang makapagturo sa loob ng tatlong buwan. Nabiyayaan siyang mapunta sa pangangalaga ni Ma Mahuhii, isang matapat na Banal sa Hawaii. Inalagaan niya si Joseph na para niyang sariling anak, at isang matibay na buklod ng pagmamahal ang nabuo sa pagitan ng dalawa. Pagkaraan ng maraming taon, nang siya ay Pangulo na ng Simbahan, dumalaw si Joseph F. Smith sa Honolulu at pagkarating pa lamang niya, nakita niya ang isang inaakay na matandang babaing bulag na hawak ang ilang pirasong saging para ihandog. Narinig niyang tumawag siya, "Iosepa, Iosepa" (Joseph, Joseph). Kaagad siyang tumakbo sa babae at hinagkan ito nang ilang ulit, hinimas sa ulo at nagsabing, "Nanay, Nanay, ang mahal kong matandang Nanay."[8]

**Mga Panawagan para sa Pananakop**

Marami sa komunidad sa Utah at katimugang Idaho at nang maglaon sa mga bahagi ng Arizona, Wyoming, Nevada, at California ang itinatag ng mga tao at mag-anak na tinawag sa mga pangkalahatang komperensiya. Ipinag-atas ni Pangulong Brigham Young ang pagtatag ng mga komunidad na ito, kung saan maaaring manirahan at magsaka ang libu-libong bagong dating.

Sa panahong nabubuhay siya, ang buong Lambak ng Salt Lake

at marami pook sa palibot nito ang nasakop. Pagdating ng 1877, nang mamatay si Brigham Young, mahigit sa 350 panirahanan ang naitatag, at may halos 500 noong 1900. Isa sa mga naunang awtoridad ng Simbahan, si Brigham Henry Roberts, ay nagsabing ang tagumpay ng pananakop ng mga Mormon ay bunsod ng "katapatan ng mga tao sa kanilang mga pinuno at ang [kanilang] di maramot at matapat na pagsasakripisyong pansarili" sa pagtupad sa mga panawagan sa kanila ni Pangulong Young.[9] Isinakripisyo ng mga mananakop ang pansariling kaginhawaan, ang pakikisalamuha ng mga kaibigan, at kung minsan ay ang buhay nila sa pagsunod sa propeta ng Diyos.

Sa mga pangkalahatang komperensiya, binasa ni Pangulong Young ang pangalan ng mga kapatid at ng kanilang mga mag-anak na natawag na lumipat sa mga kanugnog na lugar. Itinuring ng mga mananakop na itong tinatawag sila sa mga misyon at batid nilang dapat silang manatili sa mga pook na itinakda sa kanila hanggang sa halinhan sila. Naglakbay sila patungo sa kanilang bagong pook gamit ang sarili nilang panggugol at dala ang sarili nilang mga kagamitan. Nakasalalay ang tagumpay nila sa kung gaano nila kaayos ginamit ang kanilang mga kayamanan. Nagsiyasat at naghawan sila ng mga lupain, nagtayo ng gilingan ng trigo, naghukay ng mga kanal upang dumaloy ang tubig tungo sa lupain, nagtayo ng mga bakod para sa mga hayop, at gumawa ng mga kalsada. Naghasik sila ng mga pananim at halamanan, nagtayo ng mga simbahan at paaralan, at sinubukang magkaroon ng mabuting pakikitungo sa mga Indiyan. Tinulungan nila ang isa't isa sa karamdaman, gayon din sa mga panganganak, pagkamatay, at kasalan.

Noong 1862, nakatanggap si Charles Lowell Walker ng tawag na manirahan sa katimugang Utah. Dumalo siya sa isang pagpupulong ng mga natawag at nagtala: "Dito ko natutuhan ang isang alituntuning di ko kaagad makalilimutan. Ipinabatid nito sa akin na ang pagsunod ay isang dakilang alituntunin sa kalangitan at sa lupa. Gumawa ako dito sa nakaraang pitong taon sa init at lamig, gutom at mahihirap na kalagayan, at nagkaroon sa wakas

ng tahanan, isang lote na maraming punong kahoy na nagsisimula nang mamunga at gumanda. Kinakailangan kong lisanin ito at humayo at gawin ang kalooban ng aking Ama sa Langit, na nananaig sa lahat para sa kabutihan ng mga nagmamahal at natatakot sa kanya. Nanalangin ako sa Diyos na pagkalooban ako ng lakas upang maisakatuparan ang kinakailangan kong gawin sa isang kaparaanang katanggap-tanggap sa kanya."[10]

Si Charles C. Rich, isang kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay tumanggap din ng tawag na manakop. Siya at ang ilan pang mga kapatid ay tinawag ni Brigham Young na dalhin ang kanilang mga mag-anak at manirahan sa Lambak ng Bear Lake, mga 150 milya sa hilaga ng Lungsod ng Salt Lake. Nasa isang mataas na kinalalagyan ang lambak at labis na maginaw sa dahil sa makapal na niyebe sa taglamig. Kababalik pa lamang ni Kapatid na Rich mula sa isang misyon sa Europa at hindi siya sabik na ilipat ang kanyang mag-anak at magsimulang muli sa mahihirap na kalagayan. Subalit tinanggap niya ang panawagan at noong Hunyo 1864 ay dumating sa Lambak ng Bear Lake. Naging matindi ang sumunod na taglamig at pagdating ng tagsibol, nagpasiyang umalis ang ilan sa ibang mga kapatid. Napagtanto ni Kapatid na Rich na hindi magiging madali ang buhay sa malamig na klimang ito ngunit siya ay nagsabing:

"Nagkaroon tayo ng maraming paghihirap. Inaamin ko iyan. . . . at pinagsamahan natin ang mga ito. Ngunit kung nais ninyong pumunta sa ibang dako, karapatan ninyo iyan, hindi ko ibig na alisin iyan sa inyo. . . . Subalit kinakailangang manatili ako rito, kahit na mag-isa ako. Tinawag ako rito ni Pangulong Young, at dito ako maiiwan hanggang bigyan niya ako ng pahintulot na umalis." Nanatili si Kapatid na Rich at ang kanyang mag-anak, at siya ang naging pinuno ng isang maunlad na komunidad sa sumunod na ilang dekada.[11] Kagaya ng iba pang libu-libo, kusang-loob na sinunod niya ang kanyang mga pinuno upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Panginoon.

## Kaugnayan sa mga Indiyan

Habang kumikilos ang mga mananakop patungo sa hangganan, madalas silang magkaroon ng pakikitungo sa mga Indiyan. Hindi katulad ng ibang mga nanirahan sa Kanluran, tinuruan ni Pangulong Brigham Young ang mga Banal na pakainin ang mga kapatid nilang katutubo at subuking dalhin sila sa Simbahan. Tinangka ang mga pagpupunyaging pangangaral sa Fort Limhi sa rehiyon ng Ilog Salmon sa Teritoryo ng Idaho at sa panirahanan sa Bundok Elk sa kaitaasang Colorado sa Teritoryo ng Utah. Pinasimulan din ni Pangulong Young ang mga Samahang Damayan na kung kaninong mga kasapi ang nanahi ng mga damit para sa mga kapatid na Indiyan at lumikom ng salapi upang mapakain sila.

Nang si Elizabeth Kane, ang kabiyak ni Thomas L. Kane, isang di-kasaping dakilang kaibigan ng mga Banal, ay naglakbay sa buong Utah, nakituloy siya sa tahanan ng isang pagal na babaing Mormon. Hindi gaanong pinansin ni Elizabeth ang babae hanggang sa makita niya kung paano nito pinakitunguhan ang mga Indiyan. Nang tawagin ng babae ang kanyang mga panauhin upang maghapunan, may sinabi siyang ilang kataga sa mga Indiyang naghihintay.

Nagtanong si Elizabeth kung ano ang sinabi ng babae sa mga Indiyan at isang batang lalaki sa mag-anak ang nagsabi sa kanyang, "Ang mga dayuhang ito ay naunang dumating, at sapat lamang sa kanila ang niluto ko; ngunit nakasalang na ang pagkain ninyo, at tatawagin ko na lang kayo kapag luto na ito." Hindi makapaniwala si Elizabeth at nagtanong kung totoong pakakainin ng babae ang mga Indiyan. Sabi sa kanya ng anak na lalaki, "Pakakainin sila ni Ina kagaya ng ginawa sa iyo, at pauupuin sila sa kanyang hapag." Pinakain niya sila, at sinamahan habang kumakain.[12]

## Ang Pagtatatag ng mga Tungkulin ng Pagkasaserdote at Pantulong

Sa kanyang mga huling taon, niliwanag at pinasimulan ni Pangulong Young ang ilang mahahalagang pananagutan sa pagkakaserdote. Inatasan niya ang Labindalawa na gumanap ng pagpupulong sa bawat istaka. Kinalabasan nito, pitong bagong istaka at 140 na bagong purok ang nilikha sa buong Utah. Ang mga tungkulin ng panguluhan ng istaka, matataas na kapulungan, mga pamunuang obispo, at panguluhan ng korum ay maliwanag na itinakda, at daan-daang kalalakihan ang tinawag upang punan ang mga katungkulang ito. Pinayuhan niya ang mga kasapi ng Simbahan na ilagay sa ayos ang kanilang mga buhay at magbayad ng kanilang mga ikapu, handog-ayuno, at iba pang mga ambag.

Noong 1867, itinalaga ng propeta si George Q. Cannon bilang pangkalahatang tagapamahala ng Panlinggong Paaralan, at sa loob ng ilang taon, naging palagiang bahagi ang Panlinggong Paaralan sa pagkakaayos ng Simbahan. Noong 1869, inumpisahan ni Pangulong Young ang pagbibigay ng pormal na pagtuturo tungkol sa katamtamang pamumuhay sa kanyang mga anak na babae. Pinalawak niya ang payong ito sa lahat ng kabataang babae noong 1870 sa pagbuo ng *Retrenchment Association* (ang *retrench* ay nangangahulugan ng pagbabawas sa kalabisan). Ito ang panimula ng kapisanan ng Mga Kabataang Babae. Noong Hulyo 1877, naglakbay siya sa Ogden, Utah, upang itayo ang unang Samahang Damayan ng istaka.

### Ang Kamatayan at Pamana ni Pangulong Brigham Young

Bilang pinuno, praktikal at masiglang tao si Pangulong Young. Naglakbay siya sa mga panirahanan ng Simbahan upang magtagubilin at maghikayat sa mga Banal. Sa pamamagitan ng pangangasiwa at halimbawa, tinuruan niya ang mga kasaping tuparin ang kanilang mga tungkulin sa Simbahan.

Sa pagsusuri ng kanyang buhay, sinulat ni Pangulong Young ang sumusunod bilang tugon sa isang patnugot ng isang pahayagan sa New York:

"Ang bunga ng aking nagawa sa nakaraang 26 na taon, sa


maikling pagsusuma, ay: Ang pagdadala ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Teritoryong ito na umabot ng mga 100,000 katao; ang pagtatatag ng higit sa 200 lungsod, bayan at nayong tinirahan ng ating mga tao,. . . . at ang pagtatayo ng mga paaralan, pagawaan, gilingan at iba pang mga institusyong sinadya para sa kaunlaran at kapakinabangan ng ating mga komunidad.

"Iniukol ang aking buong buhay sa paglinglingkod sa

Makapangyarihan."[13]

Noong Setyembre 1876, nagbigay ng malakas na patotoo si Pangulong Young tungkol sa Tagapagligtas: "Nagpapatunay ako na si Jesus ang Cristo, ang Tagapagligtas at Manunubos ng mundo; sinunod ko ang kanyang mga sinabi, at napatunayan ang kanyang pangako, at ang karunungang taglay ko tungkol sa kanya ay hindi maaaring maibigay o maalis ng karunungan ng sanlibutang ito."[14]

Noong Agosto 1877, nagkasakit nang malubha si Pangulong Young, at namatay sa loob ng isang linggo sa kabila ng pangangalaga ng mga manggagamot. Siya ay 76 na taong gulang at namuno sa Simbahan nang 33 taon. Naaalala natin siya ngayon bilang isang masiglang propeta na namuno sa makabagong Israel tungo sa kanilang ipinangakong lupain. Tumukoy ang kanyang mga talumpati sa lahat ng mukha ng pang-araw-araw na buhay, na nagpapakitang ang relihiyon ay bahagi ng mga araw-araw na karanasan. Ang kanyang kaalaman sa hangganan at ang kanyang makatwirang pamamatnubay ang nagpasigla sa mga Banal na maisagawa ang tila imposibleng mga bagay, dahil sa pagbabasbas ng kalangitan ay nakalikha sila ng isang lungsod sa disyerto.



*Libu-libong Banal ang sumaksi sa paglalagay ng batong pinakaibabaw sa Templo ng Salt Lake, ika-6 ng Abril 1892.*

KABANATA WALO

# Isang Panahon ng mga Paghihirap at Pagsubok

## Pangulong John Taylor

Pagkamatay ni Pangulong Brigham Young, ang Korum ng Labindalawang Apostol, na pinamumunuan ni John Taylor, ang namuno sa mga Banal sa mga Huling Araw sa loob ng tatlong taon. Noong ika-10 ng Oktubre 1880, sinang-ayunan si John Taylor bilang Pangulo ng Simbahan. Si Pangulong Taylor ay mahusay na manunulat at mamamahayag na naglathala ng aklat tungkol sa Pagbabayad-sala at namatnugot sa ilang mga pikamahalagang peryodiko ng Simbahan, kabilang ang *Times and Seasons* at ang *Mormon*. Sa maraming pagkakataon, ipinamalas niya ang kanyang katapangan at katapatan sa ipinanumbalik na ebanghelyo, kabilang ang kanyang kusang-loob na pagsama sa kanyang mga kapatid sa Piitan ng Carthage, kung saan nabaril siya nang apat na ulit. Ang kanyang pansariling sawikaing "Ang kaharian ng Diyos o wala," ay nagpahiwatig ng kanyang katapatan sa Diyos at sa Simbahan.

## Ang Gawaing Misyonero

Nangako si Pangulong Taylor na gawin ang lahat ng kanyang makakaya upang matiyak na naipapahayag ang ebanghelyo sa mga dulo ng daigdig. Sa pangkalahatang komperensiya noong Oktubre 1879, tinawag niya si Moses Thatcher, ang pinakabagong Apostol ng Simbahan, na pasimulan ang pangangaral sa Lungsod ng Mexico, Mexico. Binuksan nina Elder Thatcher at dalawa pang

mga misyonero ang unang sangay ng Simbahan sa Lungsod ng Mexico noong ika-13 ng Nobyembre 1879, na kung saan si Doktor Plotino C. Rhodacanaty ang pangulo ng sangay. Nagbalik-loob si Doktor Rhodacanaty pagkaraang makabasa ng isang polyeto ng Aklat ni Mormon sa Kastila at lumiham kay Pangulong Taylor para sa karagdagan pang kaalaman hinggil sa Simbahan.

Sa labindalawang kasapi at tatlong misyonero, marahang lumaganap ang ipinanumbalik na ebanghelyo sa mga Mexicano. Noong ika-6 ng Abril 1881, naglakad sina Elder Thatcher, Feramorz Young, at isang Kapatid na Pais paakyat sa paanan ng Bundok Popacatepetl hanggang sa taas na 15,500 talampakan at nagdaos ng isang maikling serbisyo ng pagtatalaga. Nakaluhod sa harap ng Panginoon, itinalaga ni Elder Thatcher ang lupain ng Mexico at ang mga tao nito na marinig nawa nila ang tinig ng Panginoon, ang totoo nilang pastol.

Bumalik sa Lungsod ng Salt Lake si Elder Thatcher at iminungkahing tumawag ng karagdagang mga misyonero upang maglingkod sa Mexico. Hindi nagtagal ilang kabataang lalaki, kabilang dito si Anthony W. Ivins, na naging kasapi ng Unang Panguluhan, ang naglingkod sa Lungsod ng Mexico. Bilang bahagi ng pagpupunyagi ng Simbahan sa Misyon sa Mexico, isang salin ng Aklat ni Mormon sa salitang Kastila ang inilathala noong 1886. Ang kuwento ni Milton Trejo, na tumulong sa pagsasalin ng Aklat ni Mormon at iba pang mga babasahin ng Simbahan sa salitang Kastila, ay nagpapakita kung paano pinangangasiwaan ng Panginoon ang kanyang gawain.

Ipinanganak si Milton Trejo sa Espanya at lumaking walang pinamalagiang anumang relihiyon. Nakadestino siya sa sandatahang hukbo sa Pilipinas nang marinig niya ang tungkol sa mga Mormon sa Rocky Mountains at nakadama nang malakas na pagnanasang madalaw ang mga ito. Nagkasakit siya nang malubha kinalaunan at pinagsabihan sa isang panaginip na dapat siyang dumalaw sa Utah. Nang bumalik ang kanyang lakas, naglakbay siya patungo sa Lungsod ng Salt Lake. Nakilala niya si Brigham Young at nagsuri sa ebanghelyo. Naging kumbinsido

siyang nasumpungan niya ang katotohanan at naging kasapi ng Simbahan. Naglingkod siya ng misyon sa Mexico at handa na noon, sa espiritu at kaisipan, na gumanap ng isang mahalagang katungkulan sa paniniyak na ang mga taong nagsasalita ng Kastila ay makababasa ng Aklat ni Mormon sa sarili nilang wika.

Nagtawag din si Pangulong Taylor ng mga misyonero na magdadala ng ebanghelyo sa mga Indiyang naninirahan sa Kanlurang Amerika. Naging matagumpay ang paggawa ni Amos Wright lalo na sa tribong Shoshone na naninirahan sa Reserbasyon ng Ilog Wind sa Wyoming. Pagkaraang maglingkod nang ilang buwan lamang, bininyagan ni Wright ang mahigit sa 300 Indiyan, kabilang ang Pinunong si Washakie. Dinala rin ng mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw ang ebanghelyo sa mga Navajo, mga Pueblo, at sa mga Zuni na naninirahan sa Arizona at New Mexico. Gumugol ng isang taon si Wilford Woodruff sa pangangaral sa mga Indiyan, kabilang ang mga Hopi, Apache, at Zuni. Tumulong si Ammon M. Tenney sa pagbibinyag sa mahigit na 100 Indiyang Zuni.

Nagpatuloy din ang mga misyonero sa pagtuturo ng ebanghelyo sa Inglatera at Europa. Noong 1883, si Thomas Biesinger na ipinanganak sa Alemanya at naninirahan sa Lehi, Utah ay nakatanggap ng panawagan na maglingkod ng misyon sa Europa. Ipinadala siya at si Paul Hammer sa Prague, Czechoslovakia, na bahagi noon ng imperyong Austro-Hungarian. Pinagbawal ng batas sa mga misyonero na mangaral kung kaya't sinisimulan nila ang pangkaraniwang pakikipag-usap sa bawat taong makilala nila. Malimit na tumalakay ang mga pag-uusap na ito sa paksa ng relihiyon. Pagkatapos ng dalawang buwang paggawa sa ganitong paraan, hinuli at ikinulong si Elder Biesinger nang dalawang buwan. Nang lumaya siya, nabiyayaan siyang binyagan si Antonin Just, na kung kaninong bintang ang naging dahilan ng pagkakahuli niya. Si Kapatid na Just ang naging unang Banal sa mga Huling Araw na nakatira sa Czechoslovakia.[1]

Ipinangaral din ang ebanghelyo sa Polynesia. Dalawang taga-

Hawaii, sina Elder Kimo Pelio at Elder Samuela Manoa, ang ipinadala sa Samoa noong 1862. Bininyagan nila ang mga 50 katao, at nagpatuloy na tumira si Elder Manoa sa Samoa kasama ng kanyang mga napagbalik-loob sa sumunod na 25 taon. Noong 1887, si Joseph H. Dean ng Lungsod ng Salt Lake, Utah, ay tumanggap ng panawagan na maglingkod ng misyon sa Samoa. Pinatuloy nina Elder Manoa at ng kanyang matapat na asawa sa kanilang tahanan sina Elder Dean at ang kabiyak nitong si Florence, ang pinakaunang mga Banal sa mga Huling Araw sa labas ng Samoa na nakita nila sa loob ng mahigit dalawang dekada. Bininyagan ni Elder Dean di naglaon ang 14 katao tungo sa Simbahan at mga isang buwan pagkatapos nito ay nagbigkas ng kanyang unang talumpati sa wikang ng Samoa.[2] Sa ganito muling nagsimula ang gawaing misyonero sa pulo.

Simula noong 1866, upang mapigil ang pagkalat ng ketong, ipinadala ng mga namamahala sa Hawaii ang mga taong may ganitong sakit sa Kaluapapa Peninsula sa pulo ng Molokai. Noong 1873, sina Jonathan at Kitty Napela, na mga Banal sa mga Huling Araw, ay ipinatapon doon. Si Kitty lang ang may sakit, ngunit si Jonathan, na nabuklod sa kanya sa Endowment House ng Salt Lake, ay hindi pumayag na hayaan siyang mag-isa doon. Nahawa ng sakit si Jonathan nang tumagal, at nang dalawin siya ng isang matalik na kaibigan pagkaraan ng siyam na taon, halos hindi na siya makilala. Ilang panahon siyang nangulo sa mga Banal sa tangway, na umabot sa 200 pagdating ng 1900. Hindi nakalimutan ng mga pinuno sa Simbahan ang matatapat na mga kasaping naghihirap dahil sa nakapanghihinang sakit na ito, at madalas na dumalaw sa sangay upang pangalagaan ang kanilang mga pangangailangang pang-espirituwal.[3]

### Ang Komperensiya ng Jubilee

Noong ika-6 ng Abril 1880, ipinagdiwang ng mga kasapi ng Simbahan ang ikalimampung taon ng pagkakatatag ng Simbahan. Tinawag nila itong Taon ng Jubilee (Pagsasaya), kagaya nang tawag ng sinaunang mga Israelita sa bawat ikalimampung taon.

Pinatawad ni Pangulong Taylor ang karamihan sa mga utang sa Simbahan ng mga nangangailangang kasapi. Nag-ambag din ang Simbahan ng 300 baka at 2,000 tupa upang ipamahagi sa mga "karapat-dapat na mahihirap."[4] Ang mga kapatid na babae sa Samahang Damayan ng Simbahan ay nag-ambag ng halos 35,000 takal ng trigo sa mga nangangailangan. Hinikayat din ni Pangulong Taylor ang mga kasapi ng Simbahang patawarin ang mga pautang nila, lalo na sa mga nagdarahop. "Ito ay panahon ng Jubilee!" pahayag niya.[5] Isang diwa ng pagpapatawad at kagalakan ang malakas na nadama ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Lubos na nakaantig ang huling araw ng pangkalahatang komperensiya ng Jubilee noong Abril 1880. Labing-isa sa Labindalawang Apostol ang nagbigay ng kanilang patotoo sa pangwakas na sesyon. Si Orson Pratt, isa sa mga orihinal na kasapi ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsalita tungkol sa panahong nagpulong ang buong Simbahan sa tahanan ni Peter Whitmer Sr. sa Fayette, New York. Kanyang inalala ang mga pagsubok, pagtitipon, pag-uusig, at pagdurusa ng mga Banal sa mga Huling Araw at nakadama ng pasasalamat na nanatiling siyang "kabilang sa mga taong ito." Nagbigay siya pagkatapos ng patotoo "hinggil sa dakilang gawaing ginaganap ng Panginoon ang ating Diyos sa loob ng nakaraang limampung taon."[6] May ilang buwan na lamang si Elder Pratt upang mabuhay at nagalak na nanatili siyang matapat na Banal sa mga Huling Araw hanggang sa huli.

Dalawang taon bago ang pagdiriwang ng Jubilee, sinang-ayunan ni Pangulong Taylor ang pagtatatag ng isang samahang magbibigay ng araling pangrelihiyon sa mga bata. Sinimulan ang unang Primarya sa Farmington, Utah, mga 15 milya sa hilaga ng Lungsod ng Salt Lake, at noong kalagitnaan ng mga 1880, isang Primarya ang itinatag sa halos lahat ng panirahanan ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kinabibilangan ang Primarya ng milyun-milyong mga bata sa buong mundo, na nabibiyayaan ng pagtuturong pang-ebanghelyo, musika, at pakikipagsalamuhang

kanilang kinalulugaran bawat linggo.

**Nagpatuloy ang Pag-uusig**

Habang ginagawa ang pagsasalin ng Biblia noong unang mga 1830, nabagabag ang Propetang Joseph Smith sa katotohanang sina Abraham, Jacob, at David, at iba pang mga pinuno sa Lumang Tipan ay nagkaroon ng higit sa isang asawa. Nagdasal ang Propeta para sa pang-unawa at nabatid na may tiyak na mga panahon, para sa takdang layunin, at sa pagsunod sa mga batas na ibinigay mula sa langit, pinahihintulutan at itinatagublin ng Diyos ang pag-aasawa nang higit sa isa. Nalaman din ni Joseph Smith na sa pamamagitan ng pahintulot mula sa langit, ilang mga Banal sa mga Huling Araw ang hindi magtatagal ay pipiliin ng kapangyarihan ng pagkasaserdote na mag-asawa nang higit sa isa. Ilan sa mga Banal sa mga Huling Araw ang nag-asawa nang higit sa isa sa Nauvoo, ngunit ang pangkalahatang pagpapahayag ng doktrina at kaugaliang ito ay hindi ginawa hanggang sa pangkalahatang komperensiya noong Agosto 1852 sa Lungsod ng Salt Lake. Sa pagpupulong na iyon, ipinahayag ni Orson Pratt, sa pag-aatas ni Pangulong Brigham Young, na ang pagkakaroon ng isang lalaki nang higit sa isang asawa ay bahagi ng pagpapanumbalik ng Panginoon sa lahat ng bagay (tingnan sa Mga Gawa 3:19–21).

Karamihan sa pinuno ng relihiyon at pulitika sa Amerika ang lubos na nagalit nang mabatid nilang ang mga Banal sa mga Huling Araw na naninirahan sa Utah ay nanghihikayat ng isang sistema ng kasal na itinuring nilang imoral at di maka-Kristiyano. Isang malaking pulitikal na pagkilos ang inilunsad laban sa Simbahan at sa mga kasapi nito. Nagpalabas ang Kongreso ng Estados Unidos ng isang batas na naghigpit sa kalayaan ng mga Banal sa mga Huling Araw at nagpahirap sa Simbahan sa pananalapi. Ang batas na ito ang nagbunsod sa mga maykapangyarihan na dakpin at ipiit ang mga lalaking may higit sa isang asawa at ipagkait sa kanila ang karapatang bumoto, ang karapatan ng kasarinlan sa kanilang mga tahanan, at ang

pagtamasa sa iba pang mga karapatang pangsibiko. Daan-daang matapat na kalalakihan at ilang kababaihang Banal sa mga Huling Araw ang nagpalipas ng panahon sa mga kulungan sa Utah, Idaho, Arizona, Nebraska, Michigan, at Timog Dakota.

Umigting din ang pag-uusig para sa maraming tumanggap sa panawagang mangaral ng ebanghelyo, lalo na sa katimugang Estados Unidos. Halimbawa, noong Hulyo 1878, marahas na pinaslang si Elder Joseph Standing habang nangangaral malapit sa Rome, Georgia. Kamuntik ding mamatay ang kanyang kasama, si Rudger Clawson, na naging Apostol sa hinaharap. Totong nabagabag ang mga Banal sa Lungsod ng Salt Lake sa balita ng pagpaslang kay Elder Standing, at libu-libong tao ang dumalo sa serbisyo sa libing niya sa Tabernakulo ng Salt Lake.

Naglakbay sina Elder John Gibbs, William Berry, William Jones, at Henry Thompson sa malaking bahagi ng Tennesse sa pagtatangkang mabago ang pananaw ng mga mamamayan tungkol sa Simbahan. Namahinga sila isang umaga sa araw ng Sabbath noong Agosto 1884 sa tahanan ni James Condor malapit sa Cane Creek, Tennessee. Habang nagbabasa si Elder Gibbs ng banal na kasulatan upang maghanap ng paksa para sa kanyang sermon, may mga mandurumog na lumitaw mula sa kagubatan at nagsimulang mamaril. Namatay sina Elder Gibbs at Berry. Si Elder Gibbs, isang guro sa paaralan, ay nag-iwan ng kabiyak at tatlong anak na nagmighati sa kanyang pagkamatay. Ang Kapatid na babaing Gibbs ay nanatiling balo sa loob ng 43 taon at naging komadrona nang matustusan niya ang kanyang mga anak. Namatay siyang tapat sa Simbahan at umaasa sa isang maligayang muling pakikipagkita sa kanyang asawa. Si Brigham Henry Roberts, na gumaganap na pangulo ng misyon sa panahon ng mga pagpaslang, ay nagtaya ng kanyang buhay sa pamamagitan ng pagbabalatkayo upang mahukay ang mga katawan nina Gibbs at Berry. Ibinalik niya ang mga bangkay sa Utah, kung saan maraming purok ang gumanap ng mga serbisyong pang-alaala sa parangal sa dalawang elder.

Pinalo ang mga misyonero sa ibang pook hanggang sa

dumaloy ang dugo sa kanilang mga likod, at marami ang nagdala ng mga pilat ng mga pamamalong ito hanggang sa kanilang libingan. Iyon ay isang hindi madaling panahon para maging kasapi ng Simbahan.

Maraming pinuno ng Simbahan ang nagtago upang di mahuli ng mga opisyal ng pamahalaang naghahanap ng mga lalaking may higit sa isang asawa. Kinatakutan ng mga mag-anak ang panghihimasok ng mga opisyal na ito sa kalaliman ng gabi. Sina Pangulong George Q. Cannon, Lorenzo Snow, Rudger Clawson, Brigham Henry Roberts, George Reynolds, at marami pang iba ay dinala sa piitan, kung saan sila nagpalipas ng panahon sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga aklat, pagtuturo sa paaralan, at pagsusulat ng mga liham sa kanilang mga mag-anak. Napilitan si Pangulong John Taylor na manirahan bilang isang tapon sa Kaysville, Utah, mga 20 milya sa hilaga ng Lungsod ng Salt Lake, kung saan siya pumanaw noong ika-25 ng Hulyo 1887. Isa siyang taong may pananampalataya at katapangan na nag-ukol ng kanyang buhay sa patotoo ni Jesucristo at sa pagtatatag ng kaharian ng Diyos sa lupa.

**Pangulong Wilford Woodruff**

Isa si Wilford Woodruff sa pinakamatagumpay na misyonero ng Simbahan at kilala rin sa kanyang mapagpahayag na mga pananaw at katapatan sa Simbahan. Nag-ingat siya ng mga talaarawang puno ng detalye, na nagbigay ng napakaraming kabatiran hinggil sa naunang kasaysayan ng Simbahan. Nanunungkulan siyang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol nang mamatay si John Taylor, at pagkalipas ng halos dalawang taon ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan.

Sa panahon ng kanyang panunungkulan, sumidhi ang pulitikal na pagkilos laban sa mga Banal sa mga Huling Araw, ngunit sumulong pa rin ang Simbahan. May mga templong gumagana sa tatlong nayon sa Utah—St. George, Logan, at Manti—at malapit nang matapos ang Templo ng Salt Lake. Ang mga bahay na ito ng Panginoon ang nagbigay-daan sa libu-libong

Banal na matamo ang kanilang mga endowment at makagawa ng mga ordenansa para sa kanilang mga kaanak na namatay. May panghabambuhay na pagkawili si Pangulong Woodruff sa mga gawain sa templo at kasaysayan ng mag-anak. Pinayuhan niya ang mga Banal sa maraming pagkakataon na gumanap ng mga ordenansa sa templo para sa kanilang mga ninuno.

Nagbibigay-diin ang sumusunod na pangyayari sa kahalagahan ng gawaing ginaganap ng mga Banal para sa mga patay. Noong Mayo 1884, habang lumalagda si Obispo Henry Ballard ng Ikalawang Purok ng Logan sa mga rekomendasyon para sa templo sa kanilang tahanan, ang siyam na taong gulang na anak na babae ni Henry, na nakikipagkuwentuhan sa mga kaibigan sa tabing-daan malapit sa kanilang tahanan, ay nakakita ng dalawang lalaking dumarating. Tinawag siya ng mga ito, may iniabot sa kanya ang pahayagan, at pinagsabihan na dalhin niya iyon sa kanyang ama.

Sumunod ang batang babae sa ipinag-utos sa kanya. Nakita ni Bishop Ballard na ang pahayagan, ang *Newbury Weekly News*, na inilalathala sa Inglatera, ay naglalaman ng mga pangalan ng mahigit sa 60 taong kilala niya at ng kanyang ama, at kasama rin dito ang kanilang talaangkanan. Ang pahayagan, na may petsang ika-15 ng Mayo 1884, ay ibinigay sa kanya tatlong araw lamang pagkalipas na malimbag ito. Sa panahong matagal pa bago makapaglakbay sa himpapawid, kung kailan umaabot nang ilang linggo ang mga sulat mula sa Inglatera patungong kanlurang Amerika, isa itong himala.

Nang sumunod na araw, dinala ni Obispo Ballard ang pahayagan sa templo at isinalaysay ang kuwento ng pagdating nito kay Marriner W. Merrill, ang pangulo ng templo. Pahayag ni Pangulong Merrill, "Kapatid na Ballard, may isang tao sa kabilang dako na nananabik na maganap ang kanilang gawain at batid nilang gagawin mo ito kung mapapasakamay mo ang pahayagang ito."[7] Iniingatan ang pahayagang ito sa Aklatang Pangkasaysayan ng Simbahan (Church Historical Library) sa Lungsod ng Salt Lake.

Sa kabila ng pag-uusig, nanghikayat pa rin ang mga pinuno ng Simbahan sa pananakop ng di pa pinaninirahang mga pook sa kanluran ng Amerika. Simula noong 1885, maraming mag-anak na Banal sa mga Huling Araw ang nanirahan sa Sonora at Chihuahua, Mexico, at nagtatag ng bayan gaya ng Colonia Juarez at Colonia Diaz. Tumanggap din ng mga dayuhang kasapi ng Simbahan ang ilang pook sa hilagang Mexico.

Naghanap din ang mga kasapi ng Simbahan ng mga pook na mapaninirahan sa hilaga ng Canada. Si Charles O. Card, na nanungkulan bilang Pangulo ng Istaka ng Cache Valley, ay nagtatag ng isang komunidad ng mga Banal sa mga Huling Araw sa katimugang Alberta noong 1886. Noong taglamig ng 1888, mahigit sa 100 Banal sa mga Huling Araw ang nanirahan sa kanlurang Canada, at marami pa ang nagsidating noong mga 1890, na nagdala ng mga manggagawa para sa pagtatayo ng isang patubig at daang-bakal (rail road). Maraming mga pinuno ng Simbahan ang nagsilaki sa Canada.

### Ang Manipesto

Nang malapit nang magwakas ang mga 1880, nagpalabas ang pamahalaan ng Estados Unidos ng karagdagang mga batas na nagkait sa mga nag-asawa ng higit sa isa ng karapatang bumoto at manungkulan bilang hurado, at lubos na hinigpitan ang halaga ng ari-ariang maaaring ariin ng Simbahan. Naghirap ang mag-anak na mga Banal sa mga Huling Araw dahil higit na maraming ama ang nagsipagtago. Nagsumamo si Pangulong Woodruff sa Panginoon upang patnubayan. Noong gabi ng ika-23 ng Setyembre 1890, ang propeta, sa ilalim ng inspirasyon, ay isinulat ang Manipesto, isang dokumentong tumapos sa pag-aasawa ng higit sa isa sa kalipunan ng mga kasapi ng Simbahan. Ipinamalas ng Panginoon kay Pangulong Woodruff sa isang pangitain na hanggat hindi natatapos ang pag-aasawa ng higit sa isa, mapasasakamay ng pamahalaan ng Estados Unidos ang mga templo, na siyang magpapatigil sa gawain para sa mga buhay at patay.

Noong ika-24 ng Setyembre 1890, sinang-ayunan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol ang Manipesto. Sinang-ayunan ito ng mga Banal sa pangkalahatang komperensiya noong Oktubre 1890. Sa kasalukuyan, ang dokumentong ito ay nakabilang sa Doktrina at mga Tipan bilang Opisyal na Pahayag 1.

Kasunod sa ginawang ito ng Simbahan, pinatawad ng mga opisyal ng pamahalaan ang kalalakihang Banal sa mga Huling Araw na nahatulan sa paglabag sa mga batas laban sa poligamiya, at karamihan sa pag-uusig ay natigil. Subalit, gaya ng paliwanag ni Pangulong Woodruff: "Hahayaan ko sanang mawala ang lahat ng templo sa ating mga kamay; ako sana ay nagpakulong sa bilangguan, at hayaan ang iba pang kalalakihan na pumasok doon, kung hindi ako inutusan ng Diyos ng langit na gawin ang ginawa ko; at nang sumapit ang oras na ako ay inutusang gawin ito, ang lahat ay naging malinaw sa akin. Ako ay dumulog sa harap ng Panginoon, at isinulat ko ang sinabi ng Panginoong isulat ko" ("Mga Hango mula sa Tatlong Talumpati ng Pangulong Woodruff Tungkol sa Manipesto," sa nasa Doktrina at mga Tipan pagkatapos ng Opisyal na Pahayag—1). Ang Diyos, at hindi ang Kongreso ng Estados Unidos, ang naghatid ng opisyal na pagpapatigil ng pag-aasawa nang higit sa isa.

### Ang Samahang Pangtalaangkanan

Matagal bago pa man magtatag ang mga Banal sa mga Huling Araw ng samahang pangtalaangkanan, nag-iipon na ang mga kasapi ng Simbahan ng mga talaang nagsasalaysay sa buhay ng kanilang mga patay na ninuno. Kabilang sina Wilford Woodruff, Orson Pratt, at Heber J. Grant sa mga kumuha ng pangalan ng libu-libong ninuno na kung para kanino ginanap nila ang mga ordenansa sa templo. Noong 1894, ipinag-atas ng Unang Panguluhan ang pagtatatag ng isang samahang pangtalaangkanan at si Elder Franklin D. Richards ang unang pinuno nito. Isang aklatan ang binuksan, at pumunta ang mga kinatawan ng samahan sa lahat ng dako ng mundo sa

pangangalap ng mga pangalan ng taong maaaring magawan ng mga ordenansa sa templo. Ang samahan ang nagbunsod sa paglikha ng Departamento ng Kasaysayan ng Mag-anak (Family History Department) ng Simbahan.

Sa pangkalahatang komperensiya noong 1894, ipinatalastas ni Pangulong Woodruff na nakatanggap siya ng paghahayag higgil sa gawaing pangtalaangkanan. Ipinahayag niyang nais ng Diyos sa mga Banal sa mga Huling Araw na "tuntunin ang kanilang mga talaangkanan hanggang sa maaabot nila, at mabuklod sa kanilang ama at ina. Ibuklod ang mga anak sa kanilang mga magulang at ipagpatuloy ito hanggang sa magagawa nila . . . Ito ang kalooban ng Panginoon sa kanyang mga tao," wika niya, "at sa palagay ko, kung ito ay inyong pagnilay-nilayin, mababatid ninyong ito ay totoo."[8] Ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hinihikayat pa ring hanapin ang mga talaan ng namatay nilang mga ninuno at gawin ang mga ordenansa para sa kanila.

Mula 1885 hanggang 1900, maraming kasapi ng Simbahan ang naglingkod ng mga misyong pangtalaangkanan. Inanyayahan sila sa Lungsod ng Salt Lake upang tumanggap ng pagbabasbas para sa kanilang misyon mula sa isang Pangkalahatang Awtoridad. Binigyan din sila ng isang tarhetang pangmisyonero at sulat ng pagkakatalaga. Dumalaw sila sa mga kamag-anak, nagtala ng mga pangalan mula sa mga lapida, at nagsaliksik sa mga talaan ng parokya at mga Biblia ng mag-anak, at bumalik sa kanilang tahanang dala ang mahahalagang kabatiran kailangan upang ang kanilang mga ordenansa sa templo ay maganap. Maraming misyonero ang nag-ulat ng mga karanasang espirituwal na nagdulot sa kanila ng matibay na katiyakang kasama nila ang Panginoon at siya ay madalas na nagtuturo sa kanila sa mga taong mapagkukunan ng impormasyon o kamag-anak.[9]

**Pagtatalaga ng Templo ng Salt Lake**

Iniukol ni Pangulong Wilford Woodruff ang malaking bahagi ng kanyang buhay sa mga gawain sa templo. Siya ang unang pangulo ng Templo ng St. George, at siya ang nagtalaga sa Templo ng

Manti. Ngayon, 40 taon makalipas ang paglalatag ng batong panulok sa Templo ng Salt Lake, hinintay ni Pangulong Woodruff nang may lubos na pananabik ang pagtatalaga sa tampok na templong ito. Ginanap ang mga serbisyo ng pagtatalaga mula ika-6 ng Abril hanggang ika-18 ng Mayo 1893, at mga 75,000 katao ang dumalo.[10]

Pagkaraan ng pangunang serbisyo ng pagtatalaga noong ika-6 ng Abril, sumulat si Pangulong Woodruff sa kanyang talaarawan: "Napasaamin ang espiritu at kapangyarihan ng Diyos. Napasaamin ang espiritu ng propesiya at paghahayag at ang puso ng mga tao ay naantig at maraming bagay ang binuksan sa amin."[11] May ilang mga Banal sa mga Huling Araw ang nakakita ng mga anghel, samatalang nakakita ang iba ng mga dating Pangulo ng Simbahan at iba pang mga pinuno ng Simbahan na sumakabilang buhay na.[12]

Nang ipagdiwang ni Pangulong Woodruff ang kanyang ikasiyamnapung kaarawan, libu-libong bata sa Panlinggong Paaralan ang pumuno sa Tabernakulo sa Temple Square upang parangalan siya. Labis siyang naantig at, habang nagsasalita nang may nag-uumapaw na damdamin, sinabi niya sa mga batang tagapakinig na noong siya ay sampung taong gulang, dumalo siya sa Panlinggong Paaralan ng mga Protestante at nakabasa ng hinggil sa mga apostol at propeta. Nang makauwi siya, nanalangin siyang mabuhay nawa siya nang may sapat na katagalan upang makita niya ang mga apostol at propetang nasa lupang muli. Ngayon ay nakatayo siya sa kinalalagyan ng kalalakihang kapwa mga apostol at propeta; ang kanyang panalangin ay nasagot ng maraming ulit.[13]

Pagkaraan ng isang taon, noong ika-2 ng Setyembre 1898, namatay si Pangulong Woodruff habang dumadalaw sa San Francisco.

## Si Pangulong Lorenzo Snow at ang Ikapu

Pagkamatay ni Pangulong Woodruff, si Lorenzo Snow, ang Pangulo ng Korum ng Ladindalawa, ang naging Pangulo ng

Simbahan. Marunong at mapagmahal siyang pinuno na naihanda nang mabuti sa kanyang mga pananagutan. Nakilala niya at naturuan siya ng lahat ng propeta sa mga Huling Araw hanggang sa panahong ito. Noong Nobyembre 1900, sinabi niya sa mga Banal na nagtipon sa Tabernakulo na madalas niyang dalawin ang Propetang Joseph Smith at ang kanyang mag-anak, makisalo sa hapag nito, at magkaroon pakikipagpanayam sa kanya. Batid niyang propeta ng Diyos si Joseph dahil ipinakita sa kanya ng Panginoon ang katotohanan, "nang napakalinaw at buong-buo."[14]

Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Snow, hinarap ng Simbahan ang matinding kagipitan sa pananalapi bunsod ng mga batas ng pamahalaan laban sa pag-aasawa ng higit sa isa. Nagnilay-nilay at nanalangin si Pangulong Snow upang patnubayan kung paanong makalalaya ang Simbahan sa nakapanghihinang pagkakautang na ito. Pagkatapos ng pangkalahatang komperensiya noong Abril 1899, pinukaw siyang dalawin ang St. George, Utah. Habang nagsasalita sa isang komperensiya roon, tumigil siya nang ilang sandali, at nang magpatuloy siya, kanyang ipinaalam na nakatanggap siya ng isang paghahayag. Napabayaan ng mga tao ng Simbahan ang batas ng ikapu, at sinabi sa kanya ng Panginoon na kung ang mga kasapi ng Simbahan ay higit na matapat na magbibigay ng tamang ikapu, pauulanin sa kanila ang mga biyaya.

Ipinangaral ng Propeta ang kahalagahan ng ikapu sa mga kongregasyon sa buong Utah. Sinunod ng mga Banal ang kanyang payo, at nang taong iyon nagbigay sila nang ikapu na dalawang ulit ang halaga kaysa sa nagdaang taon. Noong 1907, nagkaroon ng sapat na pondo ang Simbahan upang mabayaran ang mga pinagkakautangan nito at maging malaya sa pagkakautang.

Noong 1898, sa isang piging para sa pangkalahatang konseho ng Kapisanan ng Mga Batang Kababaihan para sa Pagpapaunlad ng Kapwa (Young Ladies Mutual Improvement Association), ipinahayag ni Pangulong George Q. Cannon na napagpasiyahan ng Unang Panguluhan na tawagin "ang ilan sa marurunong at

masisinop na kababaihan upang maglingkod sa misyon."[15] Bago ang panahong ito, may ilang mga kababaihang sumama sa kanilang mga asawa sa misyon, ngunit ito ang unang pagkakataon na opisyal na tinawag at itinalaga ng Simbahan ang mga kapatid na babae bilang mga kinatawang misyonero ng Panginoong Jesucristo. Bagamat walang tungkuling maglingkod ng misyon ang mga kapatid na babae, nitong mga huling dekada

ay libu-libo na ang gumamit sa pribilehiyong ito at magiting na naglingkod sa Panginoon bilang mga misyonero.

Pimamunuan ni Pangulong Lorenzo Snow ang Simbahan tungo sa ikadalawampung siglo. Nang dumating ang bagong siglo, ang Simbahan ay may 43 istaka, 20 misyon, at 967 purok at sangay. May 283,765 kasapi, na karamihan ay naninirahan sa pook ng Rocky Mountains sa Estados Unidos. Apat na templo ang gumagana, at ang *Juvenile Instructor*, *Improvement Era*, at *Young Women's Journal* ay naghahatid sa mga kasapi ng mga lathalain tungkol sa Simbahan. May kumalat na usap-usapang may hindi kukulangin sa isang misyon ang maaaring buksan, at ang mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi halos makapagpalagay kung ano ang ihahatid ng susunod na isang daang taon. Subalit nagtitiwala silang matutupad ang mga propesiya tungkol sa tadhana ng Simbahan.

KABANATA SIYAM

# Ang Lumalawak na Simbahan

Mula 1901 hanggang 1970, apat na propeta ang namuno sa lumalawak na Simbahan–sina Joseph F. Smith, Heber J, Grant, George Albert Smith, at David O. McKay. Nasaksihan ng mga Pangulong ito ang pagbabago sa paglalakbay mula sa paggamit ng kabayo at kalesa patungo sa paglipad sa kalawakan sa pamamagitan ng mga *rocket*. Dalawang digmaang pandaigdig at isang kagipitan sa pananalapi sa buong mundo ang humamon sa mga Banal. Sa panahong ito, siyam na templo ang itinayo. Noong 1901, may humigit kumulang 300,000 kasapi sa 50 istaka, at pagdating ng 1970 ang Simbahan ay may humigit na 2,800,000 kasapi na naiipon sa 500 istaka sa buong mundo.

**Pangulong Joseph F. Smith**

Isinilang si Joseph F. Smith noong 1838 sa kaigtingan ng mga pag-uusig sa Missouri, sa isang maliit na bahay na troso malapit sa kinatatayuan ng templo sa Far West. Pagkasilang ni Joseph, ang kanyang ama, si Hyrum Smith, ay nakapiit sa Richmond, Missouri, at ang kanyang ina, si Mary Fielding Smith, ay naiwang nag-iisa sa pagtataguyod ng kanyang mga anak.

Lumipat ang batang si Joseph kasama ng kanyang mag-anak mula Missouri patungong Nauvoo, Illinois, kung saan may pangyayaring naganap na kanya na maaalala niya habang buhay—ang pagpaslang sa kanyang ama at sa kanyang tiyuhin sa Piitan ng Carthage. Hindi kailanman makalilimutan ni Joseph ang huling pagkakakita sa kanyang ama na, sa paglalakbay nito patungong Carthage sakay ng isang kabayo, kinarga nito ang kanyang anak na lalaki, hinagkan ito, at muling ibinaba. Ni

malilimot niya ang sindak sa pagkakarinig sa katok ng isa nilang kapitbahay sa kanilang durungawan isang gabi upang sabihin sa kanyang ina na si Hyrum ay patay na. Ang pagkakita niya sa kanyang ama at tiyuhin na nakahimlay sa kanilang mga kabaong sa Mansion House sa Nauvoo ay hindi kailanman naglaho sa kanyang alaala.

Naging ganap na lalaki ang batang si Joseph halos sa loob lamang ng isang magdamag. Nang si Mary Fielding Smith at ang kanyang mag-anak ay sumama sa exodo mula sa Nauvoo, ang 7 taong gulang na si Joseph ang namuno sa isa sa mga bagon. Si Joseph ay 13 nang pumanaw ang kanyang ina, at naiwan siyang ulilang-lubos, at bago siya naging 16, umalis siya sa isang misyon sa mga Isla ng Sandwich (nang maglaon ay tinawag na mga Isla ng Hawaii). Sa loob ng tatlong buwan mula nang dumating siya sa Honolulu, nakapagsalita siya nang mahusay sa katutubong wika, isang biyayang espirituwal na ipinagkaloob sa kanya nina Elder Parley P. Pratt at Elder Orson Hyde ng Labindalawa, na siyang nagtalaga sa kanya. Nang siya ay 21, nagmisyon siya muli, sa pagkakataong ito sa mga Isla ng Britanya sa loob ng tatlong taon.

Si Joseph ay 28 lamang nang pukawin si Pangulong Brigham Young na ordenan siya bilang Apostol. Sa mga sumunod na taon naglingkod siya bilang Tagapayo sa apat na Pangulo ng Simbahan. Nang mamatay si Lorenzo Snow noong Oktubre 1901, si Joseph F. Smith ang naging pang-anim na Pangulo ng Simbahan. Kilala siya sa kanyang kakayahan na magpaliwanag at magtanggol sa mga katotohanan ng ebanghelyo. Ang kanyang mga talumpati at tala ay tinipon sa isang tomo at pinamagatang *Gospel Doctrine*, na naging isa sa mahahalagang aklat ng mga doktrina ng Simbahan.

Noong mga unang dekada ng ikadalawampung siglo, kumilos ang Simbahan pasulong sa ilang mahahalagang landas. Sa pamamagitan ng patuloy na pagbigay-diin sa ikapu at ng matapat na pagtugon ng mga Banal, nabayaran ng Simbahan ang lahat ng pagkakautang nito. Isang panahon ng pag-unlad ang sumunod,

kung kaya't ang simbahan ay nakapagpatayo ng mga templo, kapilya, at sentro para sa mga panauhin (visitors' center) at nakabili ng mga lupaing makasaysayan para sa Simbahan. Ipinatayo rin ng Simbahan ang Gusaling Pamahalaan (Adminstration Building) sa Lungsod ng Salt Lake na siya pa ring ginagamit bilang punong-tanggapan nito.

Kinilala ni Pangulong Smith ang pangangailangan sa mga templo sa buong mundo. Sa isang pagpupulong sa Bern, Switzerland noong 1906, iniunat niya ang kanyang kamay at nagpahayag, "Darating ang panahon na ang lupaing ito ay mapupuno ng mga templo, kung saan kayo makapupunta at tutubos ng inyong mga patay."[1] Ang unang templo sa mga huling araw sa Europa, ang Templo ng Swiss, ay itinalaga makalipas ang halos kalahating daang-taon, sa isang kanugnog na lugar sa lungsod, kung saan ginawa ni Pangulong Smith ang kanyang propesiya. Nagtalaga si Pangulong Smith ng lupain sa Cardston, Alberta, Canada para sa isang templo noong 1913, at isang templo para sa Hawaii naman noong 1915.

Mula sa mga unang bahagi ng mga 1900, hinikayat ng mga pinuno ng Simbahan ang mga Banal na manatili sa sarili nilang mga lupain sa halip na magtipon sa Utah. Noong 1911, ipinalabas ni Joseph F. Smith at ng kanyang mga Tagapayo sa Unang Panguluhan ang pahayag na ito: "Higit na kanais-nais na manatili ang ating mga tao sa kani-kanilang tinubuang lupain at bumuo ng permanenteng mga kongregasyon upang makatulong sa gawain ng pangangaral."[2]

Anim na linggo bago pumanaw si Pangulong Smith, tumanggap siya ng mahalagang paghahayag hinggil sa pagtubos ng mga patay. Namalas niya sa isang pangitain ang ministeryo ng Panginoon sa daigdig ng mga espiritu at nabatid na ang matatapat na Banal ay may pagkakataong makapangaral ng ebanghelyo sa daigdig ng mga espiritu. Idinagdag ang paghahayag na ito sa Mahalagang Perlas noong 1976 at noong 1979 ay inilipat sa Doktrina at mga Tipan bilang bahagi 138.

**Pangulong Heber J. Grant**



*Ang Simbahan ay nagtayo ng mga sakahang pangkapakanan upang makatulong sa pagbibigay ng pagkain sa mga nangangailangan. Ang mga kasapi ng Simbahan ay nag-aambag ng kanilang paggawa, kagaya ng ipinakikita ng mga Banal na ito na gumagawa sa isang sakahan ng rimulatsa (sugar beet) noong 1933.*

Nang malapit na siyang mamatay noong Nobyembre 1918, hinawakan sa kamay ni Pangulong Joseph F. Smith si Heber J. Grant, na noon ay Pangulo ng Labindalawa, at nagsabing: "Basbasan ka ng Panginoon, anak, basbasan ka ng Panginoon, mayroong kang napakalaking pananagutan. Pakatandaan na gawain ito ng Panginoon, at hindi ng tao. Higit na dakila ang Panginoon kaysa sinumang tao. Alam Niya kung sino ang nais Niyang mamuno sa Kanyang Simbahan, at hindi Siya nagkakamali kailanman."[3] Si Heber J. Grant ang naging pampitong Pangulo ng Simbahan sa gulang na 62, na nakapaglingkod bilang Apostol mula 1882.

Noong kanyang kabataan at sa buong buhay niya, nagpamalas na si Heber ng kakaibang determinasyon sa pagkakamit ng

kanyang mga hangarin. Bilang kaisa-isang anak na pinalaki ng isang balong ina, siya ay hindi gaanong nakasali sa mga gawaing ng mga kabataang kasinggulang niya. Nang subukin niyang sumali sa koponan ng basketball, biniro siya sa kanyang pagiging lampa at sa kanyang kawalan ng kahusayan at dahil dito ay hindi siya tinanggap bilang kasapi ng koponan. Sa halip na masiraan ng loob, gumugol siya ng maraming oras sa matiyagang pagsasanay sa pagpukol ng bola at kinalaunan ay naging kasapi ng ibang koponan na nanalo ng ilang lokal na mga kampiyonato.

Noong kanyang kabataan ninais niyang maging isang tenedor de libro (bookkeeper) nang mabatid niyang mas malaki ang kikitain niya rito kaysa sa pagpapakintab ng mga sapatos. Noong mga araw na iyon, nangangailangan ng kahusayan sa pagsusulat-kamay ang pagiging tenedor de libro, subalit napakapangit ng kanyang sulat-kamay na ayon sa dalawa niyang kaibigan ay parang kahig ng manok. Muli, hindi siya nasiraan ng loob at sa halip ay gumugol ng maraming oras sa pagsasanay ng kanyang sulat-kamay. Nakilala siya sa kanyang kakayahang sumulat nang maganda, at nagturo kinalaunan ng kurso sa sulat-kamay sa isang pamantasan, at madalas matawag upang magsulat ng mahahalagang dokumento. Isa siyang dakilang halimbawa sa maraming tao dahil sa determinasyon niyang gawin ang kanyang buong makakaya sa paglilingkod sa Panginoon at sa kanyang kapwa tao.

Si Pangulong Grant ay isang marunong at matagumpay na mangangalakal at dahil sa kanyang mga kasanayan ay nakatulong ang mga ito sa kanya na pamunuan ang Simbahan na malagpasan ang isang pandaigdig na kagipitan sa pananalapi at ang pansariling mga suliraning kaakibat nito. Matibay ang paniniwala niya sa sariling-sikap at sa pag-asa niya sa Panginoon at sa kanyang masikap na paggawa, hindi sa pamahalaan. Biniyayaan niya ang maraming nangangailangang tao ng salaping kinita niya.

Noong mga 1930, gaya ng ibang tao sa mundo, ay nakipaghamok ang mga Banal sa kawalan ng trabaho at

karalitaan sa panahon ng Malaking Kagipitan sa Pananalapi (Great Depression). Noong 1936, dahil sa isang paghahayag mula sa Panginoon, sinimulan ni Pangulong Grant ang programang pangkapakanan (welfare program) ng Simbahan upang alalayan ang mga nangangailangan at tulungan ang lahat ng kasaping magtiwala sa sariling kakayahan. Sabi ng Unang Panguluhan tungkol sa palatuntunang ito: "Ang ating pangunahing layunin ay ang makapagtayo, hanggat maaari, ng isang sistema na kung saan sa ilalim nito ay mawawala ang sumpa ng katamaran, maalis ang kasamaan ng pamumudmod, at muling mapanatili sa ating mga tao ang pagsasarili, kasipagan, pagtitipid at paggalang sa sarili. Ang hangarin ng Simbahan ay ang matulungan ang mga taong tulungan ang kanilang sarili. Ang paggawa ay muling iluluklok bilang nakapangyayaring alituntunin sa buhay ng mga kasapi sa Simbahan."[4]

Si Pangulong J. Reuben Clark Jr., na naglingkod bilang Tagapayo sa Unang Panguluhan sa loob ng 28 taon, ay nagbigay-diin, "Ang tunay na pangmatagalang layunin ng Planong Pangkapakanan ay ang paghuhubog ng katao ng mga kasapi ng Simbahan, mga nagbibigay at tumatanggap, ang pagsasagip sa pinakamahuhusay sa pagkatao nila, at ang pagpapamulak at pagpapabunga sa nakatagong kayamanan ng espiritu."[5]

Isang Lupon sa Pangkalahatang Kapakanan (General Welfare Committee) ang binuo noong 1936 upang pangasiwaan ang mga pagpupunyaging pangkapakanan ng Simbahan. Si Harold B. Lee, ang pangulo ng Istaka ng Pioneer, ang hinirang na maging namamahalang kagawad ng lupon. Nang maglaon, pinaunlad ang mga tindahan ng Deseret Industries upang makatulong sa mga walang trabaho at may kapansanan, at mga proyektong pangsakahan at mga pagawaan ay itinatag upang makatulong sa mga nangangailangan. Ang programang pangkapakanan ay patuloy na nagbibigay biyaya sa libu-libong tao ngayon, kapwa nangangailangang mga kasapi at iba pang nasa nagdarahop na katayuan sa buong mundo.[6]

Habang nagpapatuloy ang gawaing misyonero sa isang pinag-

ibayong bilis, naging kasangkapan si Pangulong Grant sa isang kakaibang pagbabalik-loob. Si Vincenzo di Francesca, isang Italyanong ministro sa relihiyon, ay naglalakad sa isang kalsada sa Lungsod ng New York patungo sa kanyang simbahan nang makakita siya ng isang aklat na walang pabalat sa isang bariles na puno ng abo. Dinampot niya ang aklat, binuklat ang mga pahina, at kanyang nakita sa unang pagkakataon ang mga pangalang Nephi, Mosiah, Alma, at Moroni. Nakadama siya ng kasiglahang basahin ito bagamat hindi niya alam ang pangalan at pinagmulan nito, at magdasal tungkol sa katotohanan nito. Nang gawin niya ito, ayon sa kanya ay, "isang damdamin ng kagalakan, kagaya ng pagkakatagpo ng isang mahalaga at pambihirang bagay, ang nagdulot ng aliw sa aking kaluluwa at nag-iwan sa akin ng kagalakang hindi kayang mailarawan ng mga salita ng tao." Inumpisahan niyang ituro ang mga alituntunin sa aklat sa mga kasapi ng kanyang simbahan. Pinarusahan siya ng mga pinuno ng kanyang simbahan dahil sa paggawa nito at tinagubilinan pa siyang sunugin ang aklat, isang bagay na kanyang tinanggihang gawin.

Bumalik siya sa Italya nang maglaon, kung saan niya nabatid noong 1930 na inilathala ang aklat ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Lumiham siya sa Simbahan sa Utah, na naipaabot kay Pangulong Grant. Nagpadala si Pangulong Grant ng isang sipi ng Aklat ni Mormon sa Italyano at ibinigay ang kanyang pangalan sa pangulo ng misyon sa Europa. Ang mga hadlang sa kapanahunan ng digmaan ang pumigil na mabinyagan si Vincenzo sa loob ng maraming taon, ngunit sa wakas ay naging kasapi siya ng Simbahan noong ika-18 ng Enero 1951, ang unang taong nabinyagan sa pulo ng Sicily. Pagkaraan ng limang taon, natanggap niya ang kanyang endowment sa Templo ng Swiss.[7]

Noong ika-6 ng Mayo 1922, itinalaga ni Pangulong Grant ang unang himpilan ng radyo ng Simbahan. Pagkatapos ng dalawang taon, nagsimula ang himpilang magsahimpapawid ng mga sesyon ng pangkalahatang komperensiya, na nagpahintulot sa

higit na maraming kasapi ng Simbahan na mapakinggan ang mga mensahe ng mga Pangkalahatang Awtoridad. Di nagtagal pagkaraan nito, noong Hulyo 1929, nagsahimpapawid ang Tabernacle Choir ng unang palatuntunan ng *Music and the Spoken Word*, isang lingguhang pagsasahimpapawid ng nagbibigay-siglang mga awitin at mensahe. Nagpatuloy ang palatuntunang ito sa pagsasahimpapawid linggu-linggo hanggang ngayon.

Namatay si Pangulong Grant noong ika-14 ng Mayo 1945. Ang kanyang 27 taong paglilingkod bilang Pangulo ng Simbahan ay nahigitan lamang sa haba ng mga taon ng paglilingkod ni Brigham Young.

**Pangulong George Albert Smith**

Hinalinhan ni George Albert Smith si Heber J. Grant bilang Pangulo ng Simbahan. Si Pangulong Smith, na ang buhay ay isang halimbawa ng kaligayahang masusumpungan sa pagsasabuhay ng ebanghelyo, ay nagpatotoo: "Bawat kaligayahan at bawat kagalakan na natagpuang karapat-dapat sa katawagan ay naging bunga ng pagtupad sa mga kautusan ng Diyos at pagsunod sa kanyang payo at paalaala."[8]

Ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos at paalala ng mga pinuno ng Simbahan ang naging huwaran ng pagkamatwid sa angkan ni Pangulong Smith sa loob ng mga salinlahi. Ipinangalan siya sa kanyang lolo sa ama, si George A. Smith, na pinsan ng Propetang Joseph at Tagapayo ni Pangulong Brigham Young. Ang ama ni George Albert, si John Henry Smith, ay naglingkod sa Unang Panguluhan sa ilalim ni Joseph F. Smith. Sa gulang na 33, tinawag si George Albert Smith sa Korum ng Labindalawa. Mula 1903 hanggang 1910, sina John Henry at George Albert ay sabay na naglingkod sa Korum ng Labindalawa, ang tanging panahon sa dispensasyong ito na ang isang ama at anak ay sabay na naglingkod sa Korum na iyon.

Ang 42 taon ni George Albert Smith sa Korum ng Labindalawa ay puno ng marangal na paglilingkod, sa kabila ng mga yugto ng kahinaan ng kalusugan. Sinira ang kanyang mga mata ng araw



*Si Pangulong Cornelius Zappey at mga misyonero sa Misyon sa Netherlands na namimigay ng mga ambag na patatas para sa mga Banal sa Alemanya.*

habang nagsusukat siya ng lupain para sa daang-bakal sa katimugang Utah, at ang kanyang halos pagkabulag ay hindi naiwasto ng pagtitistis. Ang mabibigat na alalahanin at pangangailangan sa kanyang panahon ang nagpahina sa kanyang maselang katawan, at hinimatay siya dahil sa matinding kapaguran noong 1909. Ang atas ng manggamot na siya ay mamahinga ay nagpabawas sa kanyang pagtitiwala sa sarili, at lumikha ng pagkadama ng kawalang halaga, na nagpalala sa kanyang tensiyon.

Sa panahon ng kahirapang ito, nanaginip si George kung saan nakakita siya ng isang magandang gubat malapit sa isang malaking lawa. Pagkaraang makapaglakad siya ng may kalayuan sa loob ng kagubatan, nakita niya ang kanyang pinakamamahal na lolo, si George A. Smith, na papalapit sa kanya. Nagmadaling lumapit si George, subalit nang malapit na ang kanyang lolo, tumigil ito at nagsabing, "Nais kong malaman kung ano ang

ginawa mo sa aking pangalan." Dumaan sa kanyang isipan ang mga yugto ng kanyang buhay at mapagpakumbaba siyang sumagot, "Wala akong ginawang anuman sa iyong pangalan na dapat ninyong ikahiya." Ang panaginip na ito ang muling nagpanumbalik sa sigla at tibay ng pangangatawan ni George at di naglaon ay muli siyang bumalik sa gawain. Madalas niyang ilarawan kinalaunan ang karanasang iyon bilang isang mahalagang panahon ng pagbabago sa kanyang buhay.[9]

Sa panunungkulan ni Pangulong George Albert Smith, na tumagal mula 1945 to 1951, umabot sa isang milyon ang bilang ng kasapi ng Simbahan; itinalaga ang templo sa Idaho Falls, Idaho; at ipinagpatuloy ang gawaing misyonero pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Gayon din, may mga pagpupunyaging ginawa para sa kaginhawaan ng mga Banal sa Europa na naging dahop dahil sa digmaan. Hinikayat ang mga kasapi ng Simbahan sa Estados Unidos na mag-ambag ng mga damit at iba pang kagamitan. Nakipagkita si Pangulong Smith kay Harry S. Truman, pangulo ng Estados Unidos, upang makakuha ng pahintulot na ipadala ang nalikom na mga pagkain, damit, at tulugan sa Europa. Isinalaysay ni Pangulong Smith ang pagpupulong sa ganitong paraan:

Wika ni Pangulong Truman: " 'Bakit nais mong ipadala ito doon? Walang halaga ang kanilang salapi.'

"Sabi ko, 'Hindi namin gusto ang salapi nila.' Tumingin siya sa akin at nagtanong: 'Huwag mong sabihing ibibigay mo ito sa kanila?'

"Sabi ko: 'Ganoon nga, ibibigay namin ito sa kanila. Mga kapatid natin sila at sila ay nasa kagipitan. Biniyayaan kami ng Diyos nang labis, at matutuwa kaming ipadala ito kung matatamo namin ang tulong ng pamahalaan.'

"Sabi niya: 'Kayo ay nasa tamang landas,' at dugtong pa niya, 'ikalulugod naming matulungan kayo sa ano mang paraan na kaya namin.' "[10]

Habang pinagbubukud-bukod at iniimpake ang mga donasyon

sa Utah upang maipadala sa ibayong-dagat, dumating si Pangulong Smith upang pagmasdan ang paghahanda. Dumaloy ang mga luha sa kanyang mukha nang makita niya ang napakaraming kagamitang bukas-palad na ibinigay. Pagkaraan ng ilang saglit hinubad niya ang kanyang bagong amerikana at nagsabing, "Pakipadala rin ito." Bagamat maraming taong nakatayong malapit sa kanya ang nagsabing kailangan niya ang amerikana sa maginaw na araw ng taglamig, iginiit niyang ipadala iyon.[11]

Si Elder Ezra Taft Benson ng Korum ng Labindalawa ang naatasang buksang muli ang mga misyon sa Europa, pamahalaan ang pamamahagi ng mga panustos na pandamay, at pangasiwaan ang mga pangangailangang espirituwal ng mga Banal. Ang isa sa naunang pagdalaw ni Elder Benson ay sa pagpupulong ng mga Banal sa Karlsruhe, isang lungsod Aleman sa Ilog Rhine. Sabi ni Elder Benson tungkol sa karanasang iyon:

"Natagpuan namin sa wakas ang daan patungo sa lugar na pagpupulungan, isang gusaling binomba ang isang bahagi na matatagpuan sa looban ng isang bloke. Ang mga Banal ay nasa sesyon na nang mga dalawang oras sa paghihintay sa amin, umaasang makararating kami dahil umabot sa kanila ang usapang baka makadalo kami sa kanilang pagpupulong. At pagkaraan ay nakita ko sa unang pagkakataon sa aking buhay ang halos buong kongregasyon na umiiyak habang naglalakad kami papunta sa entablado, at napagtanto nilang sa wakas, pagkaraan ng anim o pitong mahahabang taon, may mga kinatawan mula sa Sion, ayon sa pagkakasabi nila, na sa wakas ay bumalik sa kanila. . . .  Habang tumitingin ako sa kanilang nakataas, maputla, payat na mukha, karamihan sa Banal na ito ay nakasuot ng gula-gulanit na mga damit, ang ilan sa kanila ay nakayapak, nakita ko ang ilaw ng pananampalataya sa kanilang mga mata nang sila ay nabigay ng patotoo sa kabanalan ng dakilang gawain na ito sa mga huling araw, at nagpahayag ng pasasalamat para sa mga biyaya ng Panginoon."[12]

Kabilang sa kanyang maraming pananagutan, pinamahalaan

ni Elder Benson ang pamamahagi ng 127 bagon ng pagkain, damit, tulugan, at gamot sa buong Europa. Paglipas ng maraming taon, nang si Pangulong Thomas S. Monson ay nagtatalaga ng isang bagong kapilya sa Zwickau, Alemanya, may isang katandaang kapatid na lalaki ang pumunta sa harapan nang may luha sa mga mata at humiling na ikumusta siya kay Pangulong Ezra Taft Benson. Sabi niya "sabihin ninyo sa kanyang siya ang nagligtas sa buhay ko, at sa marami pang kapatid ko sa aking tinubuang lupain dahil sa pagkain at damit na dinala niya sa amin mula sa mga kasapi ng Simbahan sa Amerika."[13]

Nagkaroon ng pagkakataon ang mga Banal na Olandes na makapagbigay ng tunay na Kristiyanong paglilingkod sa mga nagugutom na Banal sa Alemanya. Naghirap nang labis ang mga Banal na Olandes noong kapanahunan ng digmaan at pagkatapos ay nakatanggap ng tulong pangkapakanan mula sa mga kasapi ng Simbahan sa Amerika. Noong tagsibol ng 1947, hinilingan silang simulan ang kanilang sariling programang pangkapakanan, na kanilang masiglang ginawa. Patatas ang kanilang pangunahing itinanim at umasa nang saganang ani.

Sa panahong ito, pumunta sa Olandes si Pangulong Walter Stover ng Misyon sa Silangang Alemanya at, habang may luha sa kanyang mga mata, ay ikinuwento ang pagkagutom at kapanglawan ng mga kasapi ng Simbahan sa Alemanya. Nagtanong si Pangulong Cornelius Zappey, pangulo ng Misyon sa Netherlands, sa kanyang mga kasapi kung tutustusan nila ng kanilang tanim na patatas ang mga Aleman, na naging kaaway nila noong digmaan. Maluwag sa kaloobang pumayag ang mga kasapi at nagsimulang alagaan ang kanilang mga pananim nang may karagdagang pagkawili. Humigit ang ani sa inasahan ninuman, at nakapagpadala ang mga Banal na Olandes ng 75 tonelada ng patatas sa kanilang mga kapatid sa Alemanya. Pagkaraan ng isang taon, nagpadala ang mga Banal na Olandes ng 90 tonelada ng patatas at 9 na tonelada ng tamban sa mga Banal sa Alemanya.[14]

Ang pagbuhos ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo na



*Si Pangulong David O. McKay noong siya ay bata pa kasama ang kanyang mag-anak. Nasa kandungan ng kanyang ama si David.*

ipinamalas ng mga Banal na ito ay karaniwan kay Pangulong George Albert Smith, na nagniningning sa pag-ibig ni Cristo sa pambihirang antas. Sabi niya, "Maaari kong sabihin sa inyo, mga kapatid, na ang pinakamaligayang mga tao sa mundo ay ang yaong umiibig sa kanilang kapwa nang gaya sa kanilang sarili at nagpapakita ng kanilang pasasalamat sa mga biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang mga pag-uugali sa buhay."[15]

**Pangulong David O. McKay**

Tagapayo si David O. McKay ni Pangulong George Albert Smith sa Unang Panguluhan. Noong tagsibol ng 1951, nang bumuti ang kalusugan ni Pangulong Smith, sina Pangulong McKay at ang kanyang kabiyak, si Emma Rae, ay nagpasiyang umalis sa Lungsod ng Salt Lake para sa kanilang naipagpalibang bakasyon sa California. Tumigil sila sa St. George, Utah upang magpalipas ng gabi. Nang magising si Pangulong McKay nang maaga kinabukasan, nagkaroon siya ng malakas na inspirasyong kailangan niyang bumalik sa punong-tanggapan ng Simbahan. Sa loob ng ilang araw makaraang dumating siya sa Lungsod ng Salt

Lake, nagkaroon ng atake serebral o *stroke* si Pangulong Smith, na siyang ikinamatay niya noong ika-4 ng Abril 1951. Si David O. McKay pagkatapos ang naging pangsiyam na Pangulo ng Simbahan.

Nakahandang mabuti si Pangulong David O. McKay sa pamumuno sa Simbahan. Bilang isang walong taong gulang na bata, binalikat niya ang mga pananagutan ng isang haligi ng tahanan nang matawag ang kanyang ama na magmisyon sa mga Isla ng Britanya. Kamamatay lamang ng dalawang nakatatanda niyang kapatid na babae, buntis ang kanyang ina, at pakiwari ng kanyang ama na napakabigat ng mga pananagutan sa sakahan upang iwan sa kanyang ina. Sa ganitong mga kalagayan, sinabi ng Kapatid na McKay sa kanyang kabiyak, "Talagang hindi ako maaaring umalis." At tumingin ang Kapatid na babaeng McKay sa kanya at nagsabing, "Kailangan mong tanggapin ang panawagan; hindi ka kailangang mag-alala sa akin. Si David O. at ako ang magpapatakbo nang maayos sa mga bagay-bagay!"[16] Ang pananampalataya at dedikasyon ng kanyang mga magulang ang nagtanim sa isip ng batang si David ng pagnanais na maglingkod sa Panginoon sa buong buhay niya. Natawag siya sa Kapulungan ng Labindalawa noong 1906 sa gulang na 32, at nanungkulan siya sa Kapulungang iyon at sa Unang Panguluhan (bilang Tagapayo kay Pangulong Heber J. Grant at Pangulong George Albert Smith) sa loob ng 45 taon bago naging Pangulo ng Simbahan.

Sinimulan ni Pangulong McKay ang isang malawakang takda ng paglalakbay na nagpahintulot sa kanyang madalaw ang mga kasapi ng Simbahang lumaganap na sa buong mundo. Dumalaw siya sa mga Banal sa Great Britain at Europa, Timog Aprika, Latin Amerika, Timog Pasipiko, at iba pang mga lugar. Habang nasa Europa, ginawa niya ang mga pangunang pakikipag-ayos sa pagtatayo ng mga templo sa London at Switzerland. Bago natapos ang kanyang paglilingkod bilang pangulo, nadalaw niya halos ang buong mundo, sa pagbasbas at pagpasigla sa mga kasapi ng Simbahan.

Binigyan ng panibagong diin ni Pangulong McKay ang

gawaing misyonero sa pamamagitan ng paghikayat sa mga kasapi na magpasiyang magdala ng kahit isang bagong kasapi sa Simbahan bawat taon. Naging kilala siya sa kanyang paulit-ulit na paalala: "Ang bawat kasapi ay misyonero."

Noong 1952, sa pagtatangkang gawing higit na mabisa ang mga misyonero, ang unang opisyal na panukala sa pangangaral ay ipinadala sa mga misyonero sa buong mundo. Pinamagatan itong *A Systematic Program for Teaching the Gospel*. Kabilang dito ang pitong talakayang pangmisyonero na nagbigay-diin sa pagtuturo sa pamamagitan ng Espiritu at malinaw na pagtuturo ng kalikasan ng Panguluhang Diyos, ang plano ng kaligtasan, ang Lubusang Pagtalikod at Panunumbalik, at ang kahalagahan ng Aklat ni Mormon. Ang bilang ng mga taong nagbalik-loob sa Simbahan sa buong mundo ay mabilis na dumami. Noong 1961, ginanap ng mga pinuno ng Simbahan ang unang seminar para sa lahat ng pangulo ng misyon, na tinuruang hikayatin ang mga mag-anak na makipagkaibigan sa kanilang mga kapitbahay at kaibigan at paturuan pagkaraan ang mga taong ito sa mga misyonero sa kani-kanilang tahanan. Isang programa ng pagsasanay sa wika para sa mga bagong tawag na misyonero ang itinatag noong 1961, at nagtayo kalaunan ng isang sentro sa pagsasanay ng mga misyonero.

Sa panunungkulan ni Pangulong McKay, ang mga binhi para sa paglago ng Simbahan sa Asya ay itinanim ng mga sundalo ng sandatahang hukbo na kasapi ng Simbahan. Isang may kabataang sundalong *private* na mula sa American Fork, Utah, na nadestino sa Timog Korea ang nakapansing pinatatabi sa daan ng mga sundalo mula sa Estados Unidos ang mga Koreano habang dumaraan ang mga sundalo. Ang kabataang kasapi ng Simbahan, sa kabaliktaran, ang siyang tumatabi at nagpapaubaya sa mga Koreanong bumagtas sa daan. Gumawa din siya ng pagpupunyaging makilala ang mga ito at mabati sila nang kalugud-lugod habang dumaraan siya. Isang araw, pumasok siya sa bulwagang kainan kasama ang kanyang limang kaibigan. Mahaba ang pila sa kuhaan ng pagkain, kung kaya't naghintay

siya sa isang mesa nang ilang sandali. Di naglaon, isang Koreanong manggagawa ang dumating na may dalang isang bandeha ng pagkain. Habang itinuturo ang isang guhit sa kanyang bisig, sinabi ng sundalong, "Di mo ako dapat paglingkuran. *Private* lamang ako." Sumagot ang Koreano, "Paglilingkuran kita. Ikaw Numero Unong Kristiyano."[17]

Noong 1967 napakabisa ng mga misyonero at sundalo sa pagtuturo ng ebanghelyo sa Korea kung kaya't isinalin ang Aklat ni Mormon sa wikang Koreano at di nagtagal ay nagkaroon ng mga istaka at purok sa buong lupain.

Nagkaroon din ng malaking tagumpay ang mga misyonero sa Hapon. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang mga kasapi ng Simbahan sa Hapon ay nagkaroon ng madalang na pakikipagtalastasan sa mga kinatawan ng Simbahan sa loob ng ilang taon. Ngunit tumulong ang mga sundalong Banal sa mga Huling Araw na nadestino sa Hapon pagkatapos ng digmaan na mapalakas ang Simbahan. Noong 1945, humanga si Tatsui Sato sa mga sundalong Banal sa mga Huling Araw na tumangging uminom ng tsaa, at nagtanong siya sa kanila at ito na naghatid sa kanyang pagbibinyag at pagbibinyag din ng ilang kasapi ng kanyang mag-anak nang sumunod na taon. Si Elliot Richards ang nagbinyag kay Tatsui, at si Boyd K. Packer, isang kawal na magiging kasapi ng Korum ng Ladindalawa kinalaunan, ang nagbinyag sa Kapatid na Babaeng Sato. Ang tahanan ng mga Sato ang nagsilbing lugar kung saan maraming Hapones ang unang nakarinig sa mensahe ng pinanumbalik na ebanghelyo. Di naglaon, ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw na nakipaglaban sa mga Hapones noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig ay nagbukas ng mga lungsod sa Hapon para sa gawaing misyonero.

Samantalang ang pananatili ng Simbahan sa Pilipinas ay maaari ring tuntunin sa mga pagpupunyagi ng mga sundalong Amerikano at ng iba pa pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nagsimula ang mabilis na pagsulong ng Simbahan doon noong 1961. Isang kabataang Pilipina na hindi kasapi sa

Simbahan ang nakarinig tungkol sa Aklat ni Mormon at nakakilala ng ilang mga Banal sa Huling Araw. Dahil dito, napukaw siyang lumapit sa mga kakilala niyang opisyal sa pamahalaan upang humiling na bigyang pahintulot ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw na makapunta sa Pilipinas. Ibinigay ang pahintulot at ilang buwan lamang mula noon, muling itinalaga ni Elder Gordon B. Hinckley ng Korum ng Labindalawa ang bansa para sa gawaing misyonero.

Dahil sa kagila-gilalas na paglaki ng Simbahan noong mga 1950, ipinahayag ni Pangulong McKay ang programa ng pag-uugnay sa pagkasaserdote (priesthood correlation program). Isang lupon, na pinamunuan ni Elder Harold B. Lee ng Korum ng Labindalawa, ang naatasang gumawa ng isang masusi at mapanalanging pag-aaral ng lahat ng programa ng Simbahan upang mabatid kung gaano nila kabisang natutugunan ang pinakamahahalagang layunin ng Simbahan. Noong 1961, kalakip ng pagsang-ayon ng Unang Panguluhan, ipinahayag ni Elder Lee na magbuo ng mga patakarang mamamahala sa pagpapanukala, pagsusulat, at pagsasakatuparan ng lahat ng kagamitang pangkurikulum ng Simbahan. Ang karamihan sa kagamitang ito ay binuo noong nakaraan ng mga pantulong na samahan ng Simbahan. Ang bagong pamamaraang ito ay mag-aalis sa di kinakailangang pagkakaulit-ulit ng mga programa at kagamitang pang-aralin upang higit na mabisang maituro ang ebanghelyo sa mga kasapi sa lahat ng gulang at wika sa isang Simbahang pandaigdig.


Gumawa rin ang Simbahan ng iba pang mga pagbabago upang higit na mabisang mapag-ugnay ang lahat ng programa at gawain—kabilang ang mga gawaing pangkapakanan, pangmisyonero, at pangkasaysayan ng mag-anak—upang higit na maisagawa ang misyon ng Simbahan. Ang pagtuturo sa tahanan, na naging bahagi na ng Simbahan mula pa noong panahon ni Joseph Smith, ay muling binigyang-diin noong mga 1960 bilang isang daan sa pagtulong na mapangalagaan ang mga espirituwal at temporal na pangangailangan ng lahat ng kasapi ng Simbahan.

Nagbukas ng mga aklatan sa bahay-pulungan upang mapabuti ang pagtuturo, at isang programa sa paglinang sa pagtuturo ang pinasimulan. Noong 1971, nag-umpisa ang Simbahang maglathala ng tatlong magasin sa wikang Ingles sa ilalim ng pangangasiwa ng Pangkalahatang Awtoridad: ang *Friend* para sa mga bata, ang *New Era* para sa mga kabataan, at ang *Ensign* para sa matatanda. Halos sa panahon ding ito, pinag-isa ng Simbahan

ang mga magasin nito na nasa mga dayuhang wika na dati-rati ay sarilinang inilalathala ng iba't ibang misyon. Isang magasin ang isinasalin ngayon sa maraming wika at ipinadadala sa mga kasapi ng Simbahan sa buong mundo.

Matagal ding binigyang-diin ni Pangulong David O. McKay ang kahalagahan ng tahanan at buhay mag-anak bilang ugat ng kaligayahan at pinakatiyak na pananggalang laban sa mga pagsubok at tukso ng makabagong pamumuhay. Madalas niyang banggitin ang pagmamahal na nadarama niya para sa kanyang mag-anak at sa di-nagkukulang na pagsuporta ng kanyang kabiyak, si Emma Rae. Sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong McKay, ang kaugalian ng pagkakaroon ng lingguhang gabing pantahanan ng mag-anak ay mahigpit na muling binigyang-diin bilang paraan upang higit na mapalapit sa mga magulang ang kanilang mga anak at maturuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Sinuportahan ng Samahang Damayan ang propeta sa pagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagpapalakas sa mga tahanan at mag-anak. Buhat sa pagsisimula nito sa Nauvoo, lumaki ang Samahang Damayan upang mapabilang ang daan-daang libong kababaihan sa buong mundo, na nabiyayaan ang sarili at ang kaniyang mag-anak dahil sa pagtuturo at pakikipagsalamuha nila sa mga kababaihan sa Samahang Damayan. Mula 1945 hanggang 1974, si Belle S. Spafford ang pangkalahatang pangulo ng Samahang Damayan, isang maykakayahang pinuno na tumanggap din ng pambansang pagkilala nang maglingkod siya bilang pangulo ng Pambansang Kapulungan ng Kababaihan sa



*Nagagalak ang mga Banal sa mga Huling Araw mula sa buong mundo sa mga pagpapala ng ebanghelyo.*

Estados Unidos (United States National Council of Women) mula 1968 hanggang 1970.

Namatay si Pangulong McKay noong Enero 1970 sa gulang na 96. Pinamunuan ang Simbahan nang halos 20 taon, na sa loob ng panahong ito ay dumami ng halos tatlong ulit ang bilang ng mga kasapi ng Simbahan at nakagawa ng malalaking hakbang sa paghahatid ng mensahe ng ebanghelyo sa buong mundo.



*Ang unang komperensiyang pampook ng Simbahan ay ginanap sa Inglatera noong Agosto 1971 sa ilalim ng pangangasiwa ni Pangulong Joseph Fielding Smith. Si Elder Howard W. Hunter ang nasa podyum.*

KABANATA SAMPU

# Ang Simbahang Pandaigdigan

**Pangulong Joseph Fielding Smith**

Nang mamatay si David O. McKay, si Pangulong Joseph Fielding Smith, na noon ay halos 93 taong gulang, ang naging Pangulo ng Simbahan. Anak siya ng dating Pangulo ng Simbahan na si Joseph F. Smith.

Noong bata pa si Joseph Fielding Smith, ninais niyang

matutuhan ang kalooban ng Panginoon, na nagbunsod sa kanyang basahin ang Aklat ni Mormon nang dalawang ulit bago siya magsampung taong gulang at dalhin ang mga banal na kasulatan saan man siya magpunta. Kapag hinahanap siya ng kanyang koponan sa laro, karaniwang natatagpuan nila siya sa kamalig ng dayami na nagbabasa ng banal na kasulatan. Sinabi niya nang maglaon, "Mula sa aking pinakaunang alaala, mula sa panahong unang makapagbasa ako, nakatanggap ako ng higit na kaluguran at higit na kasiyahan mula sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan, at pagbabasa tungkol sa Panginoong Jesucristo, at tungkol sa Propetang Joseph Smith, at sa gawaing naisakatuparan para sa kaligtasan ng mga tao, kaysa ano pa mang bagay sa buong mundo."[1]

Ang maagang pag-aaral na ito ang naglatag ng saligan para sa isang malawak na kaalaman sa banal na kasulatan at kasaysayan ng Simbahan, na siya niyang pinagbatayan ng kanyang mga talumpati at pagsusulat ng halos dalawang dosenang aklat at maraming lathalain sa mga paksang pang-doktrina.

Sa panahon ng kanyang panunungkulan, binuo ang mga unang istaka sa Asya (Tokyo, Hapon) at sa Aprika (Johannesburg, Timog Aprika). Sa pagdami ng mga kasapi ng Simbahan, inumpisahan nina Pangulong Smith at ng kanyang mga tagapayo ang kaugalian ng pagkakaroon ng mga komperensiyang pampook sa buong mundo upang sanayin ang mga pinunong lokal at hayaang makilala ng mga kasapi ang mga Pangkalahatang Awtoridad. Ginanap ang unang komperensiyang gaya ng nabanggit noon sa Manchester, Inglatera. Upang mapaglingkuran nang higit na mabuti ang mga tao sa buong mundo, tinawag ang mga misyonerong pangkalusugan upang magturo ng mga pangunahing alituntunin sa kalusugan at kalinisan. Di nagtagal mahigit sa 200 misyonerong pangkalusugan ang naglilingkod na sa maraming bansa.

Buhat noong 1912, nagtaguyod ang Simbahan ng mga klase sa seminaryo sa mga gusaling katabi ng mga mataas na paaralan sa kanluraning Estados Unidos. Noong mga 1920, sinimulan ang

mga surian ng relihiyon (institutes of religion) sa mga kolehiyo at pamantasan na pinapasukan ng maraming bilang ng Banal sa mga Huling Araw. Noong mga simula ng dekada ‘50, sinimulan ang mga klase ng seminaryo sa madaling araw sa pook ng Los Angeles, California, at di naglaon mahigit sa 1,800 mag-aaral ang dumadalo. Nagtaka ang mga di kasaping nagmamasid na gumigising ng 5:30 NU limang araw linggu-linggo ang mga 15 haggang 18 taong gulang na mga mag-aaral upang pumasok sa mga klase ng pag-aaral tungkol sa relihiyon. Noong unang mga 1970, pinasimulan ang programa ng pag-aaral ng seminaryo sa tahanan upang makatanggap ang mga mag-aaral na Banal sa mga Huling Araw ng pagtuturo tungkol sa relihiyon. Sa panunungkulan ni Pangulong Smith, lumaki nang kagila-gilalas ang pagpapatala sa mga seminaryo at surian (institute).

Sa huling talumpating pangmadla ni Pangulong Smith, na binigkas sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1972, sinabi niyang: “Walang lunas sa mga karamdaman ng mundo maliban sa ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo. Ang ating pag-asa para sa kapayapaan, para sa temporal at espirituwal na kaunlaran, at sa pagmana pagdating ng araw sa kaharian ng Diyos ay masusumpungan lamang at sa pamamagitan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Walang anumang gawain ang maaari nating gampanan na kasing halaga sa pangangaral ng ebanghelyo at pagtatayo ng Simbahan at kaharian ng Diyso sa lupa.”[2]

Makaraang maglingkod bilang Pangulo ng Simbahan sa loob ng dalawa at kalahating taon, si Pangulong Joseph Fielding Smith ay tahimik na pumanaw sa tahanan ng kanyang anak na babae. Narating niya ang gulang na 95 at nakapaglingkod sa Panginoon nang may kagitingan sa buong buhay niya.

**Harold B. Lee**

Pagkaraan ng isang araw ng pagkamatay ni Pangulong Joseph Fielding Smith, nag-ipon ang mag-anak ni Pangulong Harold B. Lee, ang nakatataas na kasapi ng Korum ng Ladindalawa, para sa isang gabing pantahanan ng mag-anak. Isa sa mga kasapi ng

mag-anak ang nagtanong kung ano ang pinakamainam nilang magagawa na lubos na makatutulong kay Pangulong Lee. "Maging matapat kayo sa pananampalataya; isabuhay lamang ang ebanghelyo na gaya ng itinuro ko sa inyo," sagot niya. Nauukol ang mensaheng iyon sa lahat ng kasapi ng Simbahan. Sa kanyang unang pakikipagpulong sa mga mamamahayag bilang Pangulo ng Simbahan, nagpahayag si Harold B. Lee: "Tuparin ang mga kautusan ng Diyos. Naroon ang kaligtasan ng mga tao at bansa sa magugulong panahong ito."[3]

Nang maging Pangulo ng Simbahan si Harold B. Lee noong ika-7 ng Hulyo 1972, siya ay 73 taong gulang, ang pinakabatang Apostol na naging Pangulo mula kay Heber J. Grant. Gumanap siya ng pangunahing tungkulin sa panunungkulan ng Simbahan mula 1935, nang tawagin siya upang pamahalaan ang programang pangkapakanan ng Simbahan (tingnan ang mga pahina 131–32). Gumanap din siya ng pangunahing tungkulin sa pagrerepaso ng mga programa at mga materyal sa pagtuturo ng Simbahan na siyang nagbigay-daan upang maging payak at pag-uugnay-ugnay ng mga programa ng Simbahan. Isa siyang taong may malalim na espirituwalidad na mabilis tumugon sa mga inspirasyong tinatanggap niya mula sa langit.

Namuno si Pangulong Lee at ang kanyang mga Tagapayo sa pangalawang pangkalahatang komperensiya sa Lungsod ng Mexico. Ang mga kasapi ng Simbahan na nagtipun-tipon sa komperensiyang ito ay ang unang mga Banal sa mga Huling Araw na sumang-ayon sa bagong Unang Panguluhan. Ipinaliwanag ni Pangulong Lee na ginanap ang mga pagpupulong sa Lungsod ng Mexico upang "kilalalin at bigyang parangal ang napakagandang gawain ng marami na. . . . naging kasangkapan sa pagkakaroon ng napakabilis na paglago ng Simbahan."

Nang mabatid ng mga Banal sa Mexico at Gitnang Amerika na may gaganaping komperensiyang pampook sa Lungsod ng Mexico, marami ang nagsimulang maghanda upang dumalo. Isang kapatid na babae ang kumatok sa mga pinto at humingi ng mga

labahin. Sa loob ng limang buwan inipon niya ang mga pisong kanyang kinita mula sa paglalaba ng mga damit ng kanyang mga kapitbahay at nakapaglakbay patungo sa komperensiya at nakadalo sa lahat ng sesyon nito. Maraming Banal ang maluwag sa kaloobang nag-ayuno sa loob ng mga araw ng komperensiya dahil wala silang salaping ipambibili ng pagkain pagkaraang magtrabaho at mag-ipon upang makadalo sa mga pagpupulong. Nagantimpalaan ang mga nagsakripisyo ng dakilang kalakasang espirituwal. Isang kasapi ang nagwikang ang komperensiya ang "pinakamagandang karanasan sa buhay ko!" Nagsabi naman ang isa sa isang taga-ulat, "Lilipas ang maraming taon bago namin makalilimutan ang pag-ibig na aming nadama dito sa mga araw na ito."[4]

Sa panahon ng kanyang panunungkulan, dumalaw si Pangulong Lee sa Banal na Lupa (Holy Land), ang unang Pangulo ng Simbahan sa dispensasyong ito na gumawa nito. Ipinahayag din niyang magtatayo na ngayon ang maliliit na templo na sa kinalaunan ay matatagpuan sa buong mundo.

Isang araw pagkalipas ng Pasko noong 1973, pagkaraang makapaglingkod bilang Pangulo ng Simbahan sa loob lamang ng 18 buwan, pumanaw si Pangulong Lee. Isang taong may dakilang espirituwalidad ang umuwi na sa kanyang walang hanggang tahanan.

**Pangulong Spencer W. Kimball**

Isang taong nakaaalam ng labis na sakit at paghihirap, si Spencer W. Kimball, ang nakatataas na kasapi ng Labindalawa, ay sinang-ayunan bilang Pangulo ng Simbahan, pagkamatay ni Pangulong Lee. Malaking bahagi ng kanyang mga kuwerdas pantinig (vocal cords) ay inalis dahil sa kanser, at nagsasalita siya sa isang tahimik at namamaos na tinig na natutuhan nang mahalin ng mga Banal sa mga Huling Araw. Kilala sa kanyang kababaang-loob, sa kanyang dedikasyon, sa kanyang kakayahan sa paggawa, at sa kanyang pansariling sawikaing, "Gawin Mo," humawak si Pangulong Kimball sa kanyang panggapas nang may buong lakas.

Para sa mga kinatawan ng pook ng Simbahan, ang unang talumpati ni Pangulong Kimball bilang Pangulo, ay isang bagay na makikintal sa isipan ng lahat ng nagsidalo roon. Isang kalahok sa pagpupulong ang nakaalalang ilang sandali bago magsimula ang panalita, "naging alisto kami sa isang kahanga-hangang espirituwalidad na aming nadarama, at nabatid naming nakikinig kami sa isang bagay na di pangkaraniwan, makapangyarihan, naiiba. . . . Para bang hinahawi niya ang tabing na tumatakip sa mga layunin ng Pinakamakapangyarihan at inaanyayahan kaming masdan kasama niya ang tadhana ng ebanghelyo at ang pangitain ng ministeryo nito."

Ipinakita ni Pangulong Kimball sa mga pinuno "kung paanong hindi ganap na nabubuhay sa katapatan ang Simbahan tulad ng inaasahan ng Panginoon sa Kanyang mga tao, at na, sa isang tiyak na antas, namalagi tayo sa isang diwa ng pagkakampante at kasiyahan sa katayuan ng mga bagay-bagay. Sa sandaling iyon niya sinabi ang kanyang sikat na sawikaing, 'Kailangang nating habaan ang ating hakbang.' " Pinagsabihan niya ang mga tagapakinig na pag-ibayuhin ang kanilang panata sa pagpapahayag ng ebanghelyo sa mga bansa sa daigdig. Nanawagan din siya sa ibayong pagdami ng bilang ng mga misyonero na maaaring maglingkod sa sarili nilang bansa. Sa pagtatapos ng talumpati, ipinahayag ni Elder Ezra Taft Benson, "Totoong may propeta sa Israel."[5]

Sa ilalim ng masiglang pamumuno ni Pangulong Kimball, higit na maraming kasapi ang nagmisyon, at nagpatuloy ang Simbahan sa pagsulong sa buong mundo. Noong Agosto 1977, naglakbay si Pangulong Kimball patungong Warsaw, kung saan kanyang itinalaga ang lupain ng Poland at binasbasan ang mga tao nito na nawa ay sumulong ang gawain ng Panginoon. Ang mga sentro sa pagsasanay ng mga misyonero na itinatag sa Brazil, Chile, Mexico, New Zealand, at Hapon. Noong Hunyo 1978, ipinaghayag niya na isang paghahayag na mula sa Diyos ang magkakaroon ng napakalaking epekto sa gawaing misyonero sa buong mundo. Sa loob ng maraming taon, ipinagkait ang

pagkasaserdote sa mga taong may lahing Aprikano, subalit ngayon ay ipinagkakaloob na ang pagkasaserdote at mga biyaya ng templo sa lahat ng karapat-dapat na kasaping lalaki.

Matagal nang inasahan ang paghahayag na ito ng matatapat na tao sa buong mundo. Ang isa sa unang negrong tao na tumanggap ng ebanghelyo sa Aprika ay si William Paul Daniels, na nakabatid ng tungkol sa Simbahan noong 1913 pa. Naglakbay siya patungong Utah, kung saan siya tumanggap ng natatanging pagbabasbas mula kay Pangulong Joseph F. Smith. Nangako si Pangulong Smith sa kanya na kung mananatili siyang tapat, mahahawakan niya ang pagkasaserdote sa buhay na ito o sa susunod. Namatay si Kapatid na Daniels noong 1936, na isa pa ring tapat na kasapi ng Simbahan, at ipinagawa ng kanyang anak na babae ang mga ordenansa ng templo para sa kanyang ama di naglaong ibigay ang paghahayag sa pagkasaserdote noong 1978.[6]

Marami pang tao sa Aprika ang nagkaroon ng mga patotoo hinggil sa katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng mga babasahin ng Simbahan o sa pamamagitan ng mahimalang mga karanasang pansarili, ngunit hindi nila lubos na tinamasa ang mga pagpapala ng ebanghelyo.

Sa loob ng maraming buwan bago ang paghahayag noong Hunyo 1978, tinalakay ni Pangulong Kimball sa kanyang mga Tagapayo at sa Labindalawang Apostol ang pagkakait ng karapatan ng pagkasaserdote sa mga taong may lahing Aprikano. Ang mga pinuno ng Simbahan ay nag-alangang magbukas ng mga misyon sa mga pook ng mundo kung saan hindi maipagkakaloob ang ganap na mga biyaya ng ebanghelyo sa mga karapat-dapat na kasapi ng Simbahan. Sa isang komperensiyang pampook sa Timog Aprika, nagpahayag si Pangulong Kimball: "Nanalangin ako nang may lubos na kataimtiman. Batid kong may isang bagay tayong kinakaharap na lubos na mahalaga para sa karamihan ng anak ng Diyos. Alam kong matatanggap lamang natin ang paghahayag ng Panginoon sa pamamagitan ng pagiging karapat-dapat at pagiging handa sa mga ito at handang tanggapin ang mga ito at pairalin ang mga ito. Araw-araw akong



*Sa mga nagdaang taon, ang mga templo ay itinayo sa dumaraming bilang sa buong mundo. Ang Templo sa Frankfurt, Alemanya ay isa sa maraming templo na ngayon ay nagpapala sa mga kasapi ng Simbahan.*


pumunta nang mag-isa sa itaas na mga silid ng templo nang may lubos na kataimtiman, at inialay ko roon ang aking kaluluwa at inialay ko ang aking mga pagpupunyagi na maisulong ito. Nais kong gawin ang nais niya. Nakipag-usap ako sa kanya tungkol dito at nagsabing, 'Panginoon, ang nais ko lamang ay ang tama.' "[7]

Sa isang natatanging pagpupulong sa templo kasama ang kanyang mga Tagapayo at ang Korum ng Labindalawang Apostol, hiniling ni Pangulong Kimball na malayang magpahayag silang lahat ng kanilang mga pananaw hinggil sa pagkakaloob ng pagkasaserdote sa mga lalaking may lahing Aprikano. Pagkatapos ay nanalangin silang palibot sa altar na si Pangulong Kimball ang tinig. Si Elder Bruce R. McConkie, na naroroon, ay nagwika pagkaraan, "Sa pagkakataong ito, dahil sa

pagsusumamo at sa pananampalataya, at dahil sa ang oras at panahon ay dumating na, ang Panginoon, sa kanyang mga kalinga ay ibinuhos ang Espiritu Santo sa Unang Panguluhan at sa Labindalawa sa isang mahimala at kamangha-manghang pamamaraan, na higit sa ano pa mang naranasan ng sinumang naroroon."[8] Maliwanag na ipinaalam sa mga namumuno ng Simbahan na dumating na ang oras para sa lahat ng karapat-dapat na lalaki na makatanggap ng buong biyaya ng pagkasaserdote.

Nagpadala ang Unang Panguluhan ng liham na may petsang ika-8 ng Hunyo 1978 sa mga pinuno ng pagkasaserdote, na nagpapaliwanag na naghayag na ang Panginoon na "ang lahat ng karapat-dapat na lalaking kasapi ng Simbahan ay maaaring ordenan sa pagkasaserdote nang walang pagsasaalang-alang sa lahi o kulay." Noong ika-30 ng Setyembre 1978, sinang-ayunan ng buong pagkakaisa ng mga Banal sa pangkalahatang komperensiya ang pagkilos ng kanilang mga pinuno. Matatagpuan ngayon ang liham na ito sa Doktrina at mga Tipan bilang Opisyal na Pahayag—2.

Mula sa panahon ng pagpapahayag na ito, libu-libong taong may lahing Aprikano ang sumapi na sa Simbahan. Ang karanasan ng isang nagbalik-loob sa Aprika ay naglalarawan kung paanong binasbasan ng kamay ng Panginoon ang mga taong ito. Isang nagtapos sa kolehiyo at guro ang nanaginip kung saan nakita niya ang isang malaking gusali na may mga kulumnang patulis o tore, na kung saan pumapasok ang mga taong nakadamit ng puti. Kinalaunan, habang naglalakbay siya, nakakita siya ang isang kapilya ng mga Banal sa mga Huling Araw at napukaw na ang simbahang ito ay may kaugnayan sa kanyang panaginip, kung kaya't dumalo siya roon sa isang serbisyo nito isang Linggo. Pagkatapos ng mga pagpupulong, nagpakita sa kanya ang asawa ng pangulo ng misyon ng isang polyeto. Nang buksan niya ito, nakita ng lalaki ang isang larawan ang Templo ng Salt Lake, ang gusali sa kanyang panaginip. Nang maglaon sinabi niyang, "Bago ko namalayan ay umiiyak na ako. . . .  Hindi ko maipaliwanag



*Si Pangulong Spencer W. Kimball at mga Indiyan sa timog-kanluraning Estados Unidos.*

ang aking nadama. Nakawala ako sa lahat ng aking pasanin. . . . Naramdaman kong napunta ako sa isang lugar na madalas kong dalawin. At ngayon, ay nakauwi na ako."[9]

Sa panunungkulan ni Pangulong Kimball, iniayos muli ang Unang Korum ng Pitumpu, itinalaga ang tatlong oras na palatuntunan na pagpupulong tuwing Linggo, at mabilis na itinayo ang mga templo. Noong 1982, 22 templo sa buong mundo ang nasa mga yugto ng pagpaplano o pagtatayo, na siyang pinakamarami sa kasaysayan ng Simbahan hanggang sa panahong iyon. Gayon din, naghanda si Pangulong Kimball ng isang mahigpit na talatakdaan ng paglalakbay na nagdala sa kanya sa maraming bansa upang

magdaos komperensiyang pampook. Sa mga komperensiyang ito, hindi niya pinansin ang kanyang pansariling pangangailangan at itinakda lahat ng maaaring pagkakataon upang makipagkita, magpalakas at magbasbas ng mga lokal na Banal.

Sa maraming bansa, nagnais ang mga kasapi ng Simbahang makatanggap ng mga banal na ordenansa ng kaligtasan na ipinagkakaloob sa mga templo. Kabilang sa mga ito ang isang Banal sa mga Huling Araw mula sa Sweden na naglingkod sa maraming misyon at sa panguluhan ng misyon. Nang mamatay siya, nag-iwan siya ng malaking bahagi ng kanyang ari-arian para sa pondo ng templo, matagal pa bago ipahayag ng Simbahan na isang templo ang itatayo sa bansang iyon. Nang ipahayag ni Pangulong Kimball ang templo, ang ambag ng taong ito ay kumita na ng tubo at naging malaking halaga. Di kalaunan makaraang maitalaga ang templo, ang matapat na kapatid na ito, na tumanggap ng kanyang endowment noong siya ay nabubuhay pa, ay ibinuklod sa kanyang mga magulang sa templo ring iyon na tinulungang maitayo ng kanyang salapi.

Isang ama at ina sa Singapore ang nagpasiyang dalhin ang kanilang mag-anak sa templo upang mabuklod at tumanggap ng kanilang mga biyaya sa templo. Nagsakripisyo sila ng maraming bagay upang makalikom ng kinakailangang pondo at nakapaglakbay rin sa wakas upang dumalo sa templo. Nakituloy sila sa tahanan ng misyonerong nagturo sa kanila, maraming taon na ang nakalilipas. Habang namamasyal sa isang tindahan, nahiwalay ang inang ito sa kanyang asawa at sa misyonero. Nang matagpuan nila siya, umiiyak ito habang hawak-hawak ang isang bote ng *shampoo*. Ipinaliwanag niyang isa sa mga sakripisyong ginawa niya upang makadalo sa templo ang pagkakait sa kanyang sarili ng *shampoo*, at hindi niya ito ginamit sa loob ng pitong taon. Ang kanyang mga sakripisyo, bagamat mahirap gawin, ay parang mumunti na lang ngayon, dahil batid niyang nabuklod ang kanyang mag-anak magpakailanman ng mga ordenansa sa tahanan ng Panginoon.

Isa pang pangunahing pag-unlad sa panahon ng panunungkulan ni Pangulong Kimball ang naganap noong 1979 nang maglathala ang

Simbahan ng isang bagong edisyon ng Biblia ni Haring James sa salitang Ingles. Hindi binago ang teksto, ngunit may mga talababang idinagdag na pinagsulit-sangguni ang Biblia sa Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Isang malaking *Topical Guide* o gabay sa paksa, at *Bible Dictionary* o Talasalitaang Pambiblia ang nagdulot ng mga kabatiran na kakaiba sa makabagong mga banal na kasulatan. Ang edisyong ito ay may bagong mga pang-ulo para sa lahat ng kabanata at kinabilangan din ng mga hango mula sa pagwawasto ni Joseph Smith sa Biblia ni Haring James.

Noong 1981, inilathala rin ang mga bagong edisyon ng Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas. Kinabilangan ang mga ito ng bagong sistema ng mga talababa, bagong pang-ulo ng mga kabanata at bahagi, mga mapa, at isang talatuntunan. Halos sa panahon ding ito, nag-umpisa ang Simbahan na magbigay-diin sa pagsasalin ng mga kasulatan sa mga huling araw sa ibang mga wika.

Sa kanyang halimbawa at mga pagtuturo, binigyang-sigla ni Pangulong Kimball ang mga kasapi ng Simbahan na magtagumpay sa lahat ng kanilang pagpupunyagi. Sa pagdiriwang ng parangal sa ika-100 taon ng pagkakatatag ng Pamantasan ng Brigham Young (Brigham Young University), sinabi niyang, "Ako ay kapwa umaasa at naghihintay na mula sa Pamantasang ito at sa Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan na may papailanlang na mga nagniningning na bituin sa dula, panitikan, musika, paglililok, pagpipinta, agham, at sa lahat ng pantas na mga pagpapala."[10] Sa ibang mga pagkakataon, isinatinig niya ang kanyang pag-asang ang mga Banal sa mga huling araw na nasa larangan ng sining ay maglalahad sa kuwento ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa isang mabisa at mapanghikayat na paraan.

Sa kabila ng abalang talatakdaan ni Pangulong Kimball, palagian niyang pinararating ang kanyang pagmamahal at paglilingkod sa kanyang kapwa. May natatangi siyang pagtingin para sa mga taong Katutubong Amerikano sa Timog at Hilagang



*Habang ang mga tao sa buong mundo ay tumatanggap ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo, maaari nilang matanggap ang mga biyaya ng banal na mga ordenansa.*

Amerika at sa mga tao sa mga isla ng ng Polynesia, at gumugol siya ng maraming oras sa iba't ibang pagpupunyagi upang matulungan sila. Tumanggap siya ng pagbabasbas mula kay Pangulong George Albert Smith na nagtagubilin sa kanyang bantayan ang mga ito, at bilang Pangulo ng Simbahan, humirang siya ng mga kasapi ng Korum ng Labindalawa na italaga o muling italaga ang mga lupain sa Timog at Gitnang Amerika para sa pangangaral ng ebanghelyo. Mula sa panahong iyon, libu-libong tao sa Timog at Gitnang Amerika ang nagalak sa mga biyaya ng ebanghelyo.

Isang pangyayaring karaniwan sa kanyang pag-aalala sa lahat ng tao ang naganap sa isang mataong paliparan, kung saan ang isang may kabataang ina, na naantala dahil sa masamang panahon, ay nakatayo sa linya kasama ang kanyang dalawang taong gulang na anak na babae habang nagsusubok kumuha ng masasakyan patungo sa kanyang pupuntahan. Dalawang buwang buntis siya at pinagpayuhan ng kanyang doktor na huwag buhatin ang kanyang maliit na anak, na pagod at gutom. Walang sinumang nag-alok na tumulong, bagamat ilang tao ang nagbigay ng mapamintas na puna tungkol sa umiiyak niyang anak. Pagkaraan, nag-ulat ang babae:

"May isang taong lumapit sa amin na may magiliw na ngiti at nagsabing, 'May maitutulong ba ako sa iyo?' Tinanggap ko ang kanyang alok nang may nagpapasalamat na buntung-hininga. Binuhat niya ang umiiyak kong maliit na anak mula sa malamig na sahig at mapagmahal na pinangko ito habang marahang tinatapik sa likod. Nagtanong siya kung maaari itong ngumuya ng *chewing gum*. Nang ito ay matahimik, dinala niya ito at masuyong nagsabi sa mga taong nauna sa akin sa linya kung gaano ko kailangan ang kanilang tulong. Mukhang sumang-ayon ang mga ito at siya ay tumuloy sa bilihan ng tiket [sa harapan ng linya] at nakipag-ayos sa klerk upang maisakay ako sa susunod nang aalis na eroplano. Lumakad kami patungo sa isang bangko kung saan kami nag-usap sandali, hanggang sa matiyak niyang maayos na kami. Umalis na siya. Makalipas ang mga isang linggo



*Si Elder Russell M. Nelson kasama ang pangalawang-pangulo ng Republika ng Russia sa isang hapunan ng estado na ginanap noong ika 24-ng Hunyo 1991. Ipinahayag ng pangalawang-pangulo na hindi pa nakalilipas ang isang buwan, ang Simbahan ay binigyan ng opisyal na pagkilala sa buong republika.*

nakakita ako ng larawan ni Apostol Spencer W. Kimball at nabatid kong siya ang taong tumulong sa akin sa paliparan."[11]

Ilang buwan bago siya mamatay, dumanas si Pangulong Kimball ng malulubhang suliraning pangkalusugan, subalit palagi rin siyang isang halimbawa ng pagtitimpi, pagtitiis, at pagtitiyaga sa harap ng pagsubok. Namayapa siya noong ika-5 ng Nobyembre 1985, pagkatapos maglingkod bilang Pangulo ng Simbahan sa loob ng 12 taon.

KABANATA LABING-ISA

# Ang Simbahan sa Kasalukuyan

**Pangulong Ezra Taft Benson**

Naging Pangulo ng Simbahan si Ezra Taft Benson makaraang pumanaw si Spencer W. Kimball. Sa unang bahagi ng kanyang panunungkulan, binigyang-diin niya ang dakilang kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Nagpatotoo siyang "ang Aklat ni Mormon ay nagdadala ng mga tao kay Cristo," at muling pinagtibay ang pahayag ni Joseph Smith na ang aklat na ito ang bumubuo ng "saligang bato ng ating relihiyon, at ang tao ay mapapalapit sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tuntunin nito, nang higit sa ano pa mang aklat."[1]

Sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1986, ipinahayag ni Pangulong Benson: "Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang Kanyang tagapaglingkod na si Lorenzo Snow na muling bigyang-diin ang alituntunin ng ikapu upang matubos ang Simbahan sa pagkakautang . . .  Ngayon, sa panahon natin, ipinahayag ng Panginoon ang pangangailangan na muling bigyang-diin ang Aklat ni Mormon. . . . Ipinangangako kong mula sa sandaling ito, kung tayo ay araw-araw na magbabasa ng mga pahina nito at susunod sa mga tuntunin nito, ang Diyos ay magbubuhos sa bawat anak ng Sion at sa Simbahan ng biyayang di pa natatamasa hanggang ngayon."[2] Milyun-milyong tao sa mundo ang tumanggap sa hamon na ito at nagtamasa ng ipinangakong biyaya.

Isa pang pangunahing paksa ay ang kahalagahan ng pag-iwas sa kapalaluan. Sa pangkalahatang komperensiya noong Abril

1989, nanawagan siya sa mga kasapi ng Simbahan na "linisin ang panloob sa sisidlan sa pamamagitan ng paglupig sa kapalaluan," na ibinabala niyang siyang sanhi ng pagkawasak ng bansang Nephite. Nagpayo siyang "ang gamot sa kapalaluan ay kababaang-loob—kaamuan, pagpapahinuhod."[3]

Habang naglilingkod siya bilang kasapi ng Korum ng Labindalawa, nagkaroon si Ezra Taft Benson ng kakaibang pagkakataong maging halimbawa ng pagsasabuhay ng ebanghelyo. Noong 1952, sa panghihimok ni Pangulong David O. McKay, tinanggap niya ang tungkulin bilang Kalihim ng Pagsasaka sa ilalim ni Dwight D. Eisenhower, pangulo ng Estados Unidos. Ito lamang ang natatanging panahon sa kasaysayan ng Simbahan na nanungkulan ang isang kasapi ng Korum ng Labindalawa sa gabinete ng pangulo ng Estados Unidos. Sa loob ng walong taong paglilingkod, umani siya ng malawakang paggalang sa bansa at sa ibayong-dagat dahil sa kanyang integridad at kahusayan sa paggabay at pagsasakatuparan sa mga patakarang pangsakahan ng pamahalaan ng Estados Unidos. Nakitungo siya sa mga pinuno ng mga bansa at nagbukas ng mga pintuan para sa mga kinatawan ng Simbahan sa buong mundo.

Sa ilalim ng pamumuno ni Pangulong Benson, nagkaroon ang Simbahan ng mahahalagang pagsulong sa buong mundo. Noong ika-28 ng Agosto 1987, itinalaga niya ang Templo ng Frankfurt Alemanya sa Republikang Pederal ng Alemanya, isang makahulugang prebilihiyo para sa kanya dahil sa Frankfurt ang kanyang tanggapan habang nanunungkulan bilang pangulo ng misyon sa Europa mula 1960 hanggang 1965.

Itinalaga ang Templo ng Freiberg Alemanya sa Republikang Demokratiko ng Alemanya noong ika-29 ng Hunyo 1985. Kasunod ng pagtatalagang ito ang ilang himalang naganap upang mangyari ang pagtatayo nito. Sa kanyang unang pagdalaw sa Republikang Demokratiko ng Alemanya noong 1968, nangako sa mga Banal si Elder Thomas S. Monson ng Korum ng Labindalawa: "Kung mananatilin kayong totoo at tapat sa mga kautusan ng Diyos, mapapasainyo ang bawat biyayang



*Pagtatalaga ng Orson Hyde Memorial sa Jerusalem.*

tinatamasa ng sinumang kasapi ng Simbahan sa alinmang bansa." Noong 1975, habang nasa isang takdang gawain sa bansa ding iyon, pinukaw ng Espiritu si Elder Monson na italaga ang lupaing iyon sa Panginoon, na nagsabing, "Ama, hayaan Ninyong ito ang maging simula ng isang bagong araw para sa mga kasapi ng Inyong Simbahan sa lupaing ito." Hiniling niya na ang taos-pusong pagnanais ng mga Banal "na makatanggap ng mga pagpapala ng templo" ay matupad. Ang binigyang-sigla niyang pangako at ang kanyang mapagpahayag na panalangin ay natupad.[4]

Noong huling araw ng Marso 1989, pinahintulutan ang mga misyonerong Banal sa mga Huling Araw na makapasok sa Republikang Demokratiko ng Alemanya. Noong ika-9 ng Nobyembre 1989, natugon ang pananampalataya at panalangin ng maraming Banal nang magsimulang maalis ang mga hadlang sa pagitan ng silangan at kanlurang Europa, na nagbunsod sa pag-iibayo ng pagbibinyag sa mga nagsipagbalik-loob at pagtatayo ng mga gusali ng Simbahan. Unang nalaman ng isang nagbalik-loob ang tungkol sa Simbahan nang dumalo siya sa pagpapasinaya ng isang katatapos pa lamang na kapilya sa Dresden, Alemanya noong ika-1 ng Mayo 1990. Di pa nagliliwat ang isang linggo, bininyagan siya makaraang tanggapin ang mga talakayan mula sa mga misyonero, dalawang ulit na basahin ang Aklat ni Mormon mula pabalat hanggang sa huling pahina nito, at magkaroon ng matibay na patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo.[5]

Noong ika-24 ng Hunyo 1991, sa isang piging pagkatapos ng konserto ng Mormon Tabernacle Choir sa Moscow, nagpahayag ang pangalawang pangulo ng Republikang Pederal ng Sosyalistang Rusong Sobyet (Russian Soviet Federal Socialist Republic) na opisyal nang kinikilala sa bansa ang Simbahan. Ito ang nagpahintulot sa Simbahan na magtatag ng mga kongregasyon sa kabuuan ng malaking republikang ito. Sa loob ng mga taong 1990, ilan sa mga dating republikang Sobyet at mga bansa sa gitna at silangang Europa ang itinalaga para sa

pangangaral ng ebanghelyo, na kinabibilangan ng Albania, Armenia, Belarus, Bulgaria, Estonia, Hungary, Latvia, Lithuania, Romania, Russia, at Ukraine. Ang mga gusali ng Simbahan ay inuupahan at itinatayo sa bawat isa sa mga bansang ito, at maraming tao ang nagkakaroon ng mga patotoo sa katotohanan ng ebanghelyo. Sa pagtatalaga ng unang bahay-pulungan ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Poland magmula noon bago pa magsimula ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, nanalangin si Elder Russell M. Nelson ng Korum ng Labindalawa na magsilbi nawa ang bahay-pulungan "bilang kanlungan ng kapayapaan sa mga nababagabag na kaluluwa at tuluyan ng pag-asa sa mga nagugutom at nauuhaw sa pagkamatwid."[6] Kasalukuyang natutupad ang biyayang ito sa buhay ng mga Banal sa maraming bansa na nakasumpong ng kapayapaan at kagalakan ng ebanghelyo.

Dahil sa pambihirang pagdami ng mga kasapi ng Simbahan at ng pagbibigay-diin ni Pangulong Benson sa gawaing misyonero, halos 48,000 na misyonero ang naglilingkod sa 295 na misyon ng Simbahan sa pagtatapos ng kanyang panunungkulan.

Sa kanyang panunungkulan din nagsimulang magkaloob ang programang pangkapakanan ng Simbahan ng pinag-ibayong tulong pantao sa mga kasapi ng ibang mga pananampalataya sa buong mundo. Ibinigay ang tulong na ito upang maibsan ang paghihirap at makapagpaunlad ng pangmatagalang pagtitiwala sa sariling kakayahan. Maramihang pagkain, kasuotan, kagamitan sa panggagamot, kumot, salapi, at iba pang mga bagay ang ipinamamahagi sa mga nangangailangan, at pangmatagalang mga proyekto ang nagbibigay ng pangkalusugan pangangalaga, pagsasanay pangkarunungan, at iba pang mga serbisyo. Ang madamaying paglilingkod na ito ay nakararating ngayon sa libu-libong tao sa maraming bahagi ng mundo.

Pinahirapan ng mga karamdamang bunsod ng katandaan at pagkawala ng kanyang pinakamamahal na kabiyak, si Flora, namatay si Pangulong Benson noong ika-30 ng Mayo 1994 sa gulang na 94, makaraang magiting na tuparin ang kanyang

misyon bilang propeta ng Panginoon. Hinalilihan siya ni Howard W. Hunter, na nanunungkulan noon bilang Pangulo ng Korum ng Ladindalawa.

**Pangulong Howard W. Hunter**

Sa kanyang unang pakikipagpulong sa mga mamamahayag noong ika-6 ng Hunyo 1994, ipinagbigay-alam ni Pangulong Howard W. Hunter ang ilan sa mahahalagang tema ng kanyang panunungkulan. Kanyang sinabi: "Aanyayahan ko ang lahat ng kasapi ng Simbahan na mamuhay nang may walang kasing higit na pagpapahalaga sa buhay at halimbawa ng Panginoong Jesucristo, lalo na sa pag-ibig at pag-asa at pakikiramay na ipinamalas Niya.

"Nananalangin akong pakitunguhan nawa natin ang isa't isa nang may higit na kabaitan, higit na paggalang, higit na kababaang-loob at tiyaga at pagpapatawad."

Hiniling din niya sa mga kasapi ng Simbahan na "ituring ang templo bilang dakilang simbolo ng kanilang pagiging kasapi at pook mula sa langit para sa kanilang pinakabanal na mga tipan. Ang magiging pinakataimtim na pagnanais ng aking puso ay ang magawang karapat-dapat para sa templo ang bawat kasapi ng Simbahan."[7] Libu-libong kasapi ng Simbahan na nagsabuhay ng mensaheng ito ang nabiyayaan ng higit na kabanalan.

Si Pangulong Hunter ay may matalas na pagkakahubog na isipan na naging malaking kapakinabangan sa Simbahan. Noong mga huling bahagi ng mga 1970 tumanggap siya ng takdang gawain na nangailangan ng lahat ng kanyang kasanayan. Gumanap siya ng mahalagang tungkulin sa pakikipagkasundo upang mabili ang lupa at mapamahalaan ang pagtatayo ng pangunahing gusali ng Simbahan sa Banal na Lupain (Holy Land)—Sentrong Pang-aralin sa Malapit na Silangan ng Pamantasang Brigham Young sa Jerusalem (Brigham Young University's Jerusalem Center for Near Eastern Studies). Matatagpuan ang sentrong ito sa Bundok Scopus, karugtong ng Bundok Oliba. Naririto ang tirahan at gawaing pang-aralin ng mga mag-aaral na malalimang nananaliksik tungkol sa

piling lupaing ito, sa mga tao nito (kapwa Judio at Arabo), at sa mga lugar na nilakaran ni Jesus at ng kanyang mga sinaunang propeta. Ang sentrong ito ay naging isang pagpapala s mga nag-aral dito, at ang ganda ng tanawin nito ay nagbibigay-sigla sa maraming dumadalaw dito.

Gumanap din si Pangulong Hunter ng mahalagang tungkulin sa pagbuo ng Sentro ng Kulturang Polynesia, na matatagpuan sa tabi ng Pamantasang Brigham Young–Hawaii sa Laie, Hawaii. Siya ang tagapagtatag na pangulo ng konseho para sa 17 hektaryang atraksiyon ito para sa mga bisita na pag-aari at pinatatakbo ng Simbahan. Layunin nito ang pangalagaan ang kulturang Polynesia at makapagbigay ng trabaho sa mga mag-aaral. Itinayo noong 1963, isa itong pangunahing atraksiyon na dinadalaw ngayon ng halos isang milyong tao bawat taon, na namamasyal upang malugod sa awitin, mga sayaw, sining, at mga bagay na yari sa kamay ng kapuluang Polynesia.

Bago siya naging Pangulo ng Simbahan, naglingkod si Pangulong Hunter nang walong taon bilang pangulo ng Samahang Talaangkanan ng Utah, ang tagapagpauna ng kasalukuyang Departamento ng Kasaysayan ng Mag-anak. Sa loob ng panahong ito, ang samahan ang nagtaguyod ng unang Komperensiyang Pandaigdig sa Talaan noong 1969, na, sabi niya, "lumikha ng lubos na mabuting pakikisama para sa Simbahan at nagbukas ng mga pinto para sa ating gawain sa buong mundo."[8] Nagkaroon siya ng dakilang pagmamahal sa lahat ng tao, buhay at patay, at madalas magturo na bahagi tayong lahat ng isang malaking mag-anak. Nakilala siya bilang isang taong nagtataglay ng pag-big tulad ng kay Cristo.

Sa buong buhay niya, humarap si Pangulong Hunter sa maraming paghihirap. May pananampalataya at katatagan ng loob, hinarap niya ang malubha at makirot na mga suliraning pangkalusugan, ang matagalan at nakapanlulupaypay na karamdaman at pagkamatay ng kanyang unang kabiyak, at iba pang mga suliranin. Sa kabila ng mga hadlang na ito, masigasig siyang naglingkod sa Panginoon, naglakbay nang labis at

masikap na gumawa sa pangangasiwa ng mga gawain ng Simbahan. Naaayon ang kanyang halimbawa sa kanyang mensahe: "Kung may mga suliranin kayo sa tahanan sa mga anak na naliligaw, kung dumaranas kayo ng pagkalugi sa pananalapi at paghihirap ng kalooban na nagbabanta sa inyong mga tahanan at sa inyong kaligayahan, kung kinakailangan ninyong harapin ang pagkawala ng buhay o kalusugan, magkaroon nawa kayo ng kapayapaan ng kaluluwa. Hindi tayo susubukin nang higit sa ating kakayanang makatagal. Ang ating mga paglihis at kabiguan ang siyang matuwid at makitid na landas tungo sa Kanya."[9]

Si Pangulong Hunter ang nangulo sa Lungsod ng Mexico, Mexico, noong ika-11 ng Disyembre 1994 nang buuin ang ika-2,000 istaka ng Simbahan, isang mahalagang pangyayari sa kasaysayan ng Simbahan. Sa mga nagkakatipon sinabi niyang: "Ang Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang mga tagapaglingkod, ay pinapangyaring matupad ang himalang ito. Magpapatuloy ang gawaing ito sa pagsulong nang may kalakasan at kasiglahan. Ang mga pangakong ginawa sa Amang si Lehi at sa kanyang mga anak hinggil sa kanilang inapo ay natupad at patuloy na natutupad sa Mexico."[10] Sa loob ng panahong naglingkod si Pangulong Hunter bilang Pangkalahatang Awtoridad, kagila-gilalas na lumago ang Simbahan sa Latin Amerika. Sa panahong naging Pangulo siya ng Simbahan, mayroong mahigit na 1.5 milyong Banal sa mga Huling Araw sa mga bansa lamang ng Mexico, Brasil, at Chile, na mas higit sa mga kasapi ng Simbahan na nakatira sa Utah sa panahong iyon.

Bagamat naglingkod si Pangulong Hunter bilang Pangulo ng Simbahan sa loob lamang ng siyam na buwan, nagkaroon siya ng napakalakas na impluwensiya sa mga Banal, na naaalala siya sa kanyang pakikiramay, pagiging mapagtiis, at malalim na halimbawa ng pamumuhay na tulad ng kay Cristo.

**Pangulong Gordon B. Hinckley**

Nang maging Pangulo ng Simbahan si Gordon B. Hinckley pagkamatay ni Pangulong Hunter, tinanong siya kung ano ang

pagtutuunan ng kanyang Panguluhan. Sumagot siya: "Magpatuloy. Oo, ang ating magiging tema ay ang ipagpatuloy ang dakilang gawaing isinulong na ng ating mga sinundang naglingkod nang lubos na kahanga-hanga, nang napakatapat at napakabuti. Pagbuo ng mga pagpapahalagang pangmag-anak, oo. Pagpapaunlad ng edukasyon, oo. Pagkakaroon ng diwa ng pagpaparaya at kahinahunan sa mga tao sa lahat ng dako, oo. At pagpapahayag ng ebanghelyo ni Jesucristo."[11]

Ang malawak na karanasan ni Pangulong Hinckley sa pamumuno sa Simbahan ay naghanda sa kanyang mabuti para sa Panguluhan. Sinang-ayunan siya sa Korum ng Ladindalawa noong 1961. Simula noong 1981, naglingkod siya bilang tagapayo sa Unang Panguluhan para sa tatlong Pangulo ng Simbahan–Spencer W. Kimnball, Ezra Taft Benson at Howard W. Hunter. Sa loob ng ilan sa mga taong ito, dinala niya ang di pangkaraniwang mabibigat na pananagutan nang dumanas ang mga Pangulong ito ng Simbahan ng mga karamdamang kaakibat ng katandaan.

Habang nasa kanyang misyon sa Inglatera si Gordon B. Hinckley, tumanggap siya ng ilang payo na nagamit niyang mabuti sa loob ng mga taon ng kanyang mapanghamong mga pananagutan. Bahagyang nasiraan ng loob, lumiham siya sa kanyang ama, na nagsasabing, "Sinasayang ko ang aking panahon at ang inyong salapi. Wala akong makitang dahilan sa pananatili ko rito." Pagkaraan ng ilang panahon ay tumanggap siya ng maikling liham mula sa kanyang ama na nagsabing: "Mahal na Gordon. Natanggap ko ang sulat mo. . . . may isang mungkahi lamang ako. Kalimutan mo ang iyong sarili at gumawa ka. Nagmamahal, Ang Iyong Ama."

Sinabi ni Pangulong Hinckley tungkol sa sandaling iyon: "Aking pinag-isipan iyon, at nang sumunod na umaga, sa aming klase sa banal sa kasulatan ay aming binasa ang dakilang pahayag ng Panginoon: 'Sapagkat ang sinumang mag-ibig iligtas ang kanyang buhay ay mawawalan nito; at ang sinumang mawalan ng kanyang buhay dahil sa akin at sa ebanghelyo ay

maililigtas yaon' (Marcos 8:35). Umantig ito sa akin. Ang pahayag na iyon, ang pangakong iyon, kasabay ng liham ng aking ama, ang nagbunsod sa aking umakyat sa itaas. . . . lumuhod, at makigpagtipan sa Panginoon na aking pagsisikapang kalimutan ang aking sarili at gumawa. Binibilang ko yaon na siyang araw ng pagpapasiya sa aking buhay. Maaari kong bakasin ang lahat nang mabuting naganap sa akin buhat noon sa pasiyang ginawa ko sa panahong iyon.[12]

Kilalang-kilala si Pangulong Hinckley bilang taong may hindi mapigil na optimismo, palaging puno ng pananampalataya sa Diyos at sa hinaharap " 'Magiging maayos ang lahat' ang siyang marahil ay pinakamadalas na itinitiyak ni Pangulong Hinckley sa mag-anak, mga kaibigan, at kasama. 'Patuloy na magsikap,' sasabihin niya. 'Maging mapaniwalain. Maging masaya. Huwag masisiraan ng loob. Magiging maayos ang mga bagay.' "[13]

Nang hilingin ng isang tagapag-ulat na kilalanin ang pinakamalaking hamon na kinakaharap ng Simbahan, sumagot siya, "Ang pinakamalubhang hamon at ang pinakamagandang hamon ay ang hamon na bunsod ng paglago ng Simbahan." Ipinaliwanag niyang ang pinag-ibayong paglago ay nagdudulot ng pangangailangan ng higit na maraming gusali, kabilang na ang mas maraming templo: "Ito ang pinakadakilang yugto sa kasaysayan ng Simbahan sa pagtatayo ng mga templo. Hindi pa nagkaroon ng pagtatayo ng mga templo na sumulong nang kasing sigla sa ginagawa ngayon. Mayroon kaming 47 templo na gumagana. Mayroon kaming 13 templo na nasa iba't ibang yugto ng pagtatayo o pagpaplano. Magpapatuloy kaming gagawa ng mga templo."[14] Nangangailangan din ang ibayong paglaki ng Simbahan ng pagsasalin ng Aklat ni Mormon sa maraming wika.

Nagkaroon si Pangulong Hinckley ng pansariling karanasan sa kagila-gilalas na paglago ng Simbahan. Habang dumadalo sa isang komperensiya sa Osaka, Hapon, noong 1967, tumingin siya sa mga nakikinig, na kinabibilangan ng maraming kabataan, at nagwikang: "Sa inyo ko nakikita ang kinabukasan ng Simbahan sa Hapon. At nakikita ko ang isang dakilang hinaharap. Halos

nagsisimula pa lang tayo. Ngunit pinupukaw akong sabihin ang matagal ko nang nadarama, at iyon ay, ang araw ay di magtatagal na magkakaroon ng mga istaka ng Sion sa dakilang lupaing ito."[15] Sa loob ng isang salinlahi, nagkaroon ng 100,000 Banal sa mga Huling Araw sa Hapon, maraming istaka, misyon, at distrito, at isang templo.

Lubos ding nalulugod si Pangulong Hinckley sa paglago ng

Simbahan sa Pilipinas, kung saan natatag ang unang istaka sa Maynila noong 1973. Pagkalipas ng dalawang dekada, sa panahon ng kanyang pagiging Pangulo ng Simbahan, mahigit sa 300,000 kasapi ng Simbahan sa Pilipinas ang tumatanggap ng mga biyaya ng ebanghelyo, kabilang na ang isang templo sa kanilang bansa. Nagpamalas si Pangulong Hinckley ng dakilang pag-aalala sa paglaki ng Simbahan sa iba ring bahagi ng Asya, kabilang ang Korea, Tsina, at Timog-silangang Asya.

Makikita ang espiritwalidad ng maraming kasapi sa Asya sa karanasan ng isang Pangkalahatang Awtoridad na nabigyan ng takdang gawain na tumawag ng bagong pangulo ng istaka sa isang istaka sa Pilipinas. Pagkaraan ng pakikipanayam sa ilang kapatid sa pagkasaserdote, pinukaw siyang tawagin ang isang lalaking nasa mga dalawampu't-limang taong gulang na maging pangulo ng istaka. Hiniling niya sa batang kapatid na pumunta sa isang karatig silid at magnilay-nilay ng ilang sandali upang makapili ng kanyang mga tagapayo. Bumalik ang kapatid pagkalipas ng mga 30 segundo. Inakala ng Pangkalahatang Awtoridad na di siya nito naunawaan, ngunit nagsabi ang bagong pangulo ng istaka ng, "Hindi. Nalaman ko sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon na magiging pangulo ako ng istaka isang buwan na ang nakalilipas. Nakapili na ako ng aking mga tagapayo."

Angkop lang na si Pangulong Hinckley, na gumawa ng napakalaki para sa pagtatatag ng Simbahan sa buong mundo, ang magpatalastas na sa panahon ng kanyang panunungkulan: "Nagsabi sa akin ang ating mga estadistiko na kapag



*Tumutulong ang mga misyonerong ito sa pagtupad ng propesiya ni Joseph Smith: "Ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa mapasok nito ang bawat kontinente, . . . at mapakinggan ng bawat tainga."*

magpapatuloy ang kasalukuyang kalakaran, sa bandang Pebrero 1996, ilang buwan na lamang mula ngayon, magkakaroon ng higit na maraming kasapi ng Simbahan sa labas ng Estados Unidos kaysa sa Estados Unidos. Ang pagpapalit ng guhit na iyon ay isang napakagandang makahulugang bagay. Kumakatawan ito sa bunga ng isang napakalaking pagpapalaganap."[16]

Ang kahalagahan ng mabuting buhay mag-anak ang pangunahing binibigyang-diin ng panunungkulan ni Pangulong Hinckley, lalo na sa mundong hindi kalimitan kumakatig sa mga pagpapahalagang pangmag-anak. Sa ilalim ng kanyang pagtatagubilin, nagpalabas ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawa ng isang natatanging pahayag sa mundo ukol sa paksang mag-anak, na nagsasabi sa isang bahagi:

"Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo . . ."

"Kami ay nagbabala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang puri, nagmamalabis sa asawa o anak, bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na isang araw sila ay pananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay nagdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta."[17]

Sa pangkalahatang komperensiya noong Abril 1995, ipinahayag ni Pangulong Hinckley na sa ika-15 ng Agosto 1995 ang mga kinatawan ng rehiyon ng Simbahan, na nagsipaglingkod nang napakabuti, ay hahalinhan at isang bagong tungkulin ang bubuksan, ang Awtoridad ng Pook. Mangungulo ang mga Awtoridad ng Pook sa mga pagpupulong ng istaka; mag-aayos o

lilikha ng mga istaka; magbibigay ng pagsasanay mga pangulo ng istaka, misyon, at distrito; at magsasakatuparan ng iba pang mga takdang gawaing ibibigay ng Unang Panguluhan at ng kanilang Panguluhan ng Pook. Magpapahintulot ang bagong tungkuling ito sa mga namumuno sa Simbahan na manirahan at gumawa nang mas malapit sa mga taong pinaglilingkuran nila at mapabibilis sa pinag-ibayong paglago ng Simbahan sa buong

mundo.

Isang Pangkalahatang Awtoridad ang nagpaliwanag kung paano nating pinakamainam na masasang-ayunan si Pangulong Hinckley: "Habang kanyang pinanunungkulan ang banal na tungkulin kung saan siya natawag bilang–propeta, tagakita, tagapagpahayag, Tagapangulong Mataas na Saserdote at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. . . . ang pinakamainam na bagay na magagawa natin upang sang-ayunan siya sa kanyang tungkulin ay ang 'magpatuloy, magpatuloy, magpatuloy!' "[18]

# Pangwakas

May puwang tayong lahat sa kasaysayan ng Simbahan. Isinilang ang ilang kasapi sa mga mag-anak na yumakap sa ebanghelyo at inaruga ang kanilang mga anak sa mga pamamaraan ng Panginoon sa loob ng maraming salinlahi. Ang iba ay nakarinig ng ebanghelyo sa unang pagkakataon at nagpabinyag, at dahil dito ay gumawa ng banal na mga tipan na gagawin ang kabilang bahagi sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Maraming kasapi ang naninirahan sa mga pook kung saan sinisimulan pa lamang nila ang kanilang yugto sa kasaysayan ng Simbahan, at lumilikha ng pamana ng pananampalataya para sa kanilang mga anak. Ano man ang katayuan natin, bawat isa sa atin ay napakahalagang bahagi sa layunin ng pagtatayo ng Sion at paghahanda para sa pangalawang pagparito ng Tagapagligtas. Tayo ay "hindi na mga taga ibang lupa at mga manglalakbay, kundi mga kababayan na kasama ng mga banal, at sangbahayan ng Diyos" (Taga Efeso 2:19).

Maging bago o dati man tayong kasapi, nagmamana tayo ng isang pamana ng panampalataya at sakripisyo mula sa mga nauna na sa atin. Tayo ay mga makabagong tagabunsod para sa ating mga anak at sa milyun-milyong anak ng ating Ama sa Langit na hindi pa nakaririnig at nakatatanggap ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ginagawa natin ang ating mga ambag sa iba't ibang paraan sa buong mundo sa pamamagitan ng matapat na pagpapatuloy sa gawain ng Panginoon.

Ang mga ama at ina ay sinasanay nang may panalangin ang kanilang mga anak sa mga alituntunin ng pagkamatwid. Ang mga tagapagturo ng tahanan at mga tagapagturong dumadalaw

ay kumakalinga sa mga nangangailangan. Ang mga mag-anak ay nagpapaalis ng mga misyonerong nagpasiyang maglaan ng panahon ng kanilang buhay para dalhin ang mensahe ng ebanghelyo sa iba. Ang hindi makasariling mga pinuno ng pagkasaserdote at pinuno ng pantulong na samahan ay tumutugon sa mga panawagan upang maglingkod. Sa pamamagitan ng di-mabilang na oras at tahimik na paglilingkod sa pagsasaliksik ng mga pangalan ng mga ninuno at pagsasagawa ng mga banal na ordenansa sa templo, ang mga biyaya ay naipaaabot sa mga buhay at patay.

Tumutulong ang bawat isa sa atin sa pagtupad ng tadhana ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na ipinahayag sa Propetang si Joseph Smith. Nagpropesiya siya noong 1842:

"Ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ang magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat bansa, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat lugar, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap."[1]

Bagamat nanatiling maliit ang Simbahan sa kapanahunan ni Propetang Joseph Smith, batid niyang iyon ang kaharian ng Diyos sa daigdig na may tadhanang punuin ang buong mundo ng mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Namalas natin ang kagila-gilalas na paglago ng Simbahan nitong mga huling taon. Nagkaroon tayo ng pribilehiyong mabuhay sa panahong makapaghahandog tayo ng pananampalataya at sakripisyo upang makatulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos, isang kahariang mananatili magpakailanman.

# Mga Talang Panghuli

PANIMULA

1. *History of the Church*, 3:30.
2. ”Easter Greetings from the First Presidency,” *Church News*, ika-15 ng Abril 1995, 1.

KABANATA 2

1. Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith* (1958), 128.
2. Reuben Miller Journals, 1848–49, ika-21 ng Oktubre 1848; Historical Department, Archives Division, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; magmula dito ay tinutukoy bilang LDS Church Archives; ang pagbabaybay at pagbabantas ay ginawang makabago.
3. Dean Jessee, patnugot, “Joseph’s Knight’s Recollection of Early Mormon History,” *BYU Studies*, Taglagas ng 1976, 36; ang pagbabaybay ay ginawang makabago.
4. *History of the Church*, 5:124–125.
5. *The Saints’ Herald*, ika-1 ng Marso 1882, 68.
6. *History of the Church*, 1:55.
7. ”History of Brigham Young,” *Millennial Star*, ika-6 ng Hunyo 1863, 361.
8. Brigham Young, sa *Journal of Discourses*, 3:91.
9. ”History of Brigham Young,” *Millennial Star*, ika-11 ng Hulyo 1863, 361.
10. ”Letter from Oliver Cowdery to W.W. Phelps,” *Latter-day Saints’ Messenger and Advocate*, Oktubre 1835, 199.
11. *History of the Church*, 1:78.
12. *History of the Church*, 1:78.
13. Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith*, 168.
14. Dean Jessee, patnugot, “Joseph Knight’s Recollection of Early Mormon History,” 37; ang pagbabaybay ay ginawang makabago.
15. *History of the Church*, 5:126.
16. *History of the Church*, 2:443.
17. ”Conference Minutes,” *Times and Seasons*, ika-1 ng Mayo 1844, 522–23.
18. Joseph Knight Autobiographical Sketch, 1862; sa LDS Church Archives.
19. Newel Knight, sinipi sa Larry Porter, “A Study of the Origins of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints in the States of New York and Pennsylvania, 1816–1831” (maanyong pagtalakay para sa Ph.D., Pamantasan ng Brigham

Young, 1971), 296.

20. *Broome Republican*, ika-5 ng Mayo 1831; sinipi sa Larry Porter, "A Study of the Origins of the Church of Jesus Christ of Latter-day Saints," 298–99; may idinagdag na diin.
21. Lucy Mack Smith, *History of Joseph Smith*, 204.

KABANATA TATLO

1. Orson F. Whitney, "Newel K. Whitney," *Contributor*, Enero 1885, 125.
2. Elizabeth Ann Whitney, sinipi sa Edward W. Tullidge, *Women of Mormondom* [1877], 42.
3. Orson F. Whitney, sa *Conference Report*, Abril 1912, 50.
4. Brigham Young, sa *Journal of Discourses*, 11:295.
5. Orson F. Whitney, "Newel K. Whitney," 126.
6. Joseph Holbrook, sinipi sa James L. Bradley, *Zion's Camp 1834: Prelude to the Civil War* (1990), 33.
7. George Albert Smith, "History of George Albert Smith, 1834–1871," 17; sa LDS Church Archives.
8. *History of the Church*, 2:73.
9. *History of the Church*, 2:68.
10. Joseph Young Sr., *History of the Organization of the Seventies* (1878), 14.
11. Wilford Woodruff, *Deseret News*, ika-22 ng Disyembre 1869, 543.
12. "Zera Pulsipher Record Book, 1858–1878," 5; sa LDS Church Archives.
13. "History of John E. Page," *Deseret News*, ika-16 ng Hunyo 1858, 69.
14. Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, ikatlong edisyon (1945), 104.
15. Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, 105.
16. *Eliza R. Snow: An Immortal* (1957), 54.
17. "Sketch of an Elder's Life," *Scraps of Biography* (1883), 12.
18. *History of the Church*, 2:430.
19. Daniel Tyler, "Incidents of Experience," *Scraps of Biography*, 32.
20. Eliza R. Snow, sinipi sa Tullidge, *Women of Mormondom*, 95.

KABANATA APAT

1. Emily M. Austin, *Mormonism; or Life Among the Mormons* (1882), 63.
2. Emily M. Austin, *Mormonism*, 64.
3. Joseph Smith, *Latter Day Saints Messenger and Advocate*, Setyembre 1835, 179.
4. Larry C. Porter, "The Colesville Branch in Kaw Township, Jackson County, Missouri, 1831 to 1833," *Regional Studies in Latter-day Saint Church History: Missouri*, pinamatnugutan ni Arnold K. Garr at Clark V. Johnson (1994), 286–87.
5. *History of the Church*, 1:199.
6. Emily M. Austin, *Mormonism*, 67.
7. *Autobiography of Parley P. Pratt*, pinamatnugutan ni Parley P. Pratt, Jr. (1938), 72.
8. *History of the Church*, 1:269.
9. *Far West Record*, pinamatnugutan nina Donald Q. Cannon at Lyndon W. Cook (1983), 65.
10. "Newel Knight's Journal," *Scraps of Biography* (1883), 75.
11. Mary Elizabeth Rollins Lightner, *Utah Genealogical and Historical Magazine*,

Hulyo 1926, 196.
12. *History of the Church*, 1:391.
13. ”Philo Dibble’s Narrative,” *Early Scenes in Church History* (1882), 84-85.
14. *Autobiography of Parley P. Pratt*, 102.
15. ”Newel Knight’s Journal,” *Scraps of Biography*, 85.
16. Andrew Jenson, *The Historical Record* (1888), 7:586.
17. Doktrina at mga Tipan 116:1; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 107:53–57; *History of the Church*, 3:34–35.
18. Orson F. Whitney, *Life of Heber C. Kimball*, ikatlong edisyon (1945), 213–14.
19. Leland Homer Gentry, “A History of the Latter-day Saints in Northern Missouri from 1836 to 1839,” (maanyong pagtalakay para sa Ph.D., Pamantasan ng Brigham Young, 1965), 419.
20. Amanda Barnes Smith, sinipi sa Edward W. Tullidge, *Women of Mormondom*, [1877], 124, 128.
21. Amanda Barnes Smith, sinipi sa Tullidge, *Women of Mormondom*, 126.
22. E. Dale LeBaron, “Benjamin Franklin Johnson: Colonizer, Public Servant and Church Leader” (sanaysay para sa pagpapakadalubhasa, Pamantasan ng Brigham Young, 1966), 42–43.
23. Leland Homer Gentry, “A History of the Latter-day Saints in Northern Missouri,” 518.
24. *Autobiography of Parley P. Pratt*, 211.
25. ”Copy of a Letter from J. Smith Jr. to Mr. Galland,” *Times and Seasons*, Pebrero 1840, 52.
26. Lyman Omer Littlefield, *Reminiscenses of Latter-day Saints* (1888), 72–73.
27. *History of the Church*, 3:423.
28. Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff* (1909), 102.

KABANATA LIMA

1. ”Journal of Louisa Barnes Pratt,” *Heart Throbs of the West*, tinipon ni Kate B. Carter, 12 tomo, (1939–51), 8:229.
2. ”Journal of Louisa Barnes Pratt,” 8:233.
3. ”Journal of Mary Ann Weston Maughan,” *Our Pioneer Heritage*, tinipon ni Kate B. Carter, 9 tomo (1958–66), 2:353–54.
4. *History of the Church*, 4:186.
5. Louisa Decker, “Reminiscenses of Nauvoo,” *Women’s Exponent*, Marso 1909, 41.
6. ”The Mormons and Indians,” *Heart Throbs of the West*, 7:385.
7. B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 2:472.
8. *History of the Church*, 5:2.
9. Katitikan ng Samahang Damayan ng Kababaihan ng Nauvoo, ika-28 ng Abril 1842, 40.
10. Katitikan ng Samahang Damayan ng Kababaihan ng Nauvoo, ika-28 ng Abril 1842, 33.
11. ”Journal of Louisa Barnes Pratt,” 8:231.
12. *History of the Church*, 4:587, 604; 6:558.
13. *History of the Church*, 5:2.

14. Kenneth W. Godfrey, "A Time, a Season, When Murder Was in the Air," *Mormon Heritage*, Hulyo/Agosto 1994, 35–36.
15. *History of the Church*, 6:601.
16. Matthias Cowley, "Reminiscenses" (1856), 3; sa LDS Church Archives.
17. Thomas Ford, *A History of Illinois*, pinamatnugutan ni Milo Milton Quaife, 2 tomo (1946), 2:217.
18. Thomas Ford, *A History of Illinois*, 2:221–23.
19. *History of the Church*, 7:230.
20. Sinipi sa *History of the Church*, 7:236.
21. Sinipi sa *History of the Church*, 7:236.
22. Sinipi sa *History of the Church*, 7:236.

KABANATA ANIM

1. Juanita Brooks, patnugot, *On the Mormon Frontier: The Diary of Hosea Stout*, 2 tomo (1946) 1:114; ang pagbabaybay at pagbabantas ay ginawang makabago.
2. Juanita Brooks, *On the Mormon Frontier*, 1:117; ang pagbabaybay at pagbabantas ay ginawang makabago.
3. James B. Allen, Trials of Discipleship: *The Story of William Clayton, a Mormon* (1987), 202.
4. Russell R. Rich, *Ensign to the Nations* (1972), 92.
5. Readings in LDS Church History: From Original Manuscripts, pinamatnugutan nina William E. Berrett at Alma P. Burton, 3 tomo (1965), 2:221.
6. James S. Brown, *Giant of the Lord: Life of a Pioneer* (1960), 120.
7. Caroline Augusta Perkins, sinipi sa "The Ship Brooklyn Saints," *Our Pioneer Heritage* (1960), 506.
8. Utah Semi-Centennial Commission, *The Book of the Pioneers* (1897), 2 tomo, 2:54; sa LDS Church Archives.
9. "Jean Rio Griffiths Baker Diary," ika-29 ng Setyembre 1851; sa LDS Church Archives.
10. "Story of Nellie Pucell Unthank," *Heart Throbs of the West*, tinipon ni Kate B. Carter, 12 tomo (1939–51), 9:418–20.
11. William Palmer, sinipi ni David O. McKay, "Pioneer Women," *Relief Society Magazine*, Enero 1948, 8.
12. "They, the Builders of the Nations," *Hymns*, bilang 36.

KABANATA PITO

1. Tingnan ang *Journal of Discourses*, 13:85–86.
2. John R. Young, *Memoirs of John R. Young* (1920), 64.
3. Carter E. Grant, *The Kingdom of God Restored* (1955), 446.
4. Sinipi sa B.H. Roberts, *Life of John Taylor* (1963), 202.
5. Francis M. Gibbons, *Lorenzo Snow: Spiritual Giant, Prophet of God* (1982), 64.
6. "The Church in Spain and Gibraltar," *Friend*, Mayo 1975, 33.
7. R. Lanier Britsch, *Unto the Islands of the Sea: A History of the Latter-day Saints in the Pacific* (1986) 21-22.
8. Charles W. Nibley, "Reminiscenses of President Joseph F. Smith," *Improvement Era*, Enero 1919, 193–94.

9. Sinipi sa Russell R. Rich, *Ensign to the Nations* (1972), 349.
10. *Diary of Charles Lowell Walker*, pinamatnugutan nina A. Karl Larson at Katherine Miles Larson, 2 tomo (1980), 1:239; ang pagbabaybay at pagbabantas ay ginawang makabago.
11. Leonard J. Arrington, *Charles C. Rich* (1974), 264.
12. Elizabeth Wood Kane, *Twelve Mormon Homes Visited in Succession on a Journey through Utah to Arizona* (1974), 65–66.
13. Sinipi sa Gordon B. Hinckley, *Truth Restored* (1979), 127–28.
14. Brigham Young, sa *Journal of Discourses*, 18:233.

KABANATA WALO

1. Kahlile Mehr, "Enduring Believers: Czechoslovakia and the LDS Church, 1884–1990," *Journal of Mormon History* (Taglagas 1992), 112–13.
2. R. Lanier Britsch, *Unto the Islands of the Sea: A History of the Latter-day Saints in the Pacific* (1986), 352-54.
3. Lee G. Cantwell, "The Separating Sickness," *This People* (Tag-araw 1995), 58.
4. B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 5:952.
5. B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 5:593.
6. B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 5:590–91.
7. *Melvin J. Ballard: Crusade for Righteousness* (19660, 16–17.
8. James R. Clark, tagapag-ipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 6 tomo (1965-1975), 3:256–57.
9. James B. Allen, Jessie L. Embry, Kahlile B. Mehr, *Hearts Turned to the Fathers: A History of the Genealogical Society of Utah, 1894–1994* (1995), 39–41.
10.B.H. Roberts, *A Comprehensive History of the Church*, 6:236.
11. "Wilford Woodruff Journals" (1833-1938), ika-6 ng Abril 1893; sa LDS Church Archives; ang pagbabaybay at pagbabantas ay ginawang makabago.
12. Richard Neitzel Holzapfel, *Every Stone a Sermon* (1992), 71,75,80.
13. Tingnan sa Matthias F. Cowley, *Wilford Woodruff* (1909), 602.
14. "The Redemption of Zion," *Millennial Star*, ika-29 ng Nobyembre 1900, 754.
15. "Biographical Sketches: Jennie Brimhall at Inez Knight," *Young Women's Journal*, Hunyo 1898, 245.

KABANATA SIYAM

1. Sinipi sa Serge F. Ballif, sa *Conference Report*, Oktubre 1920, 90.
2. James R. Clark, tagapag-ipon, *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 6 tomo (1965–1975), 4:222.
3. "Editorial," *Improvement Era*, Nobyembre 1936, 692.
4. Unang Panguluhan, sa Conference Report, Oktubre 1936, 3.
5. J. Reuben Clark, Jr., natatanging pagpupulong ng mga pangulo ng istaka, ika-2 ng Oktubre 1936.
6. Sa karagdagang kaalaman, tingnan sa Glen L. Rudd, *Pure Religion: The Story of Church Welfare Since 1930* (1955).
7. Vincenzo di Francesca, "I Will Not Burn the Book!" *Ensign*, Enero 1988, 18.
8. George Albert Smith, sa *Conference Report*, Abril 1948, 162.
9. George Albert Smith, *Sharing the Gospel with Others*, pinili ni Preston Nibley,

(1948), 110–12.
10. George Albert Smith, sa *Conference Report*, Oktubre 1947, 5–6.
11. Tingnan sa Glen L. Rudd, *Pure Religion*, 248.
12. Ezra Taft Benson, sa *Conference Report*, Abril 1947, 154.
13. Sinipi sa Gerry Avant, "War Divides, but the Gospel Unites," *Church News*, ika-19 ng Agosto 1955, 5.
14. Para sa karagdagang kaalaman, tingnan sa Glen L. Rudd, *Pure Religion*, 254–61.
15. George Albert Smith, sa *Conference Report*, Abril 1949, 10.
16. Sinipi sa Llewelyn R. McKay, *Home Memories of President David O. McKay* (1956), 5–6.
17. George Durrant, "No. 1 Christian," *Improvement Era*, Nobyembre 1968, 82–84.

KABANATA SAMPU

1. Joseph Fielding Smith, sa *Conference Report*, Abril 1930, 91.
2. Joseph Fielding Smith, sa *Conference Report*, Abril 1972, 13; o *Ensign*, Hulyo 1972, 27.
3. Francis M. Gibbons, *Harold B. Lee* (1933), 459.
4. Jay M. Todd, "The Remarkable Mexico City Area Conference," *Ensign*, Nobyembre 1972, 89,93,95.
5. W. Grant Bangerter, sa *Conference Report*, Oktubre 1977, 38–39; o *Ensign*, Nobyembre 1977, 26–27.
6. E. Dale LeBaron, "Black Africa," *Mormon Heritage*, Marso/Abril 1994, 20.
7. The Teachings of Spencer W. Kimball, pinamatnugutan ni Edward L. Kimball (1982), 451.
8. Bruce R. McConkie, "All Are Alike Unto God, *Charge to Religious Educators*, ikalawang edisyon (1981), 153.
9. E. Dale LeBaron, "Black Africa," 24.
10. Spencer W. Kimball, "The Second Century of Brigham Young University," *Speeches of the Year*, 1975 (1976), 247.
11. *Spencer W. Kimball*, pinamatnugutan nina Edward L. Kimball at Andrew E. Kimball, Jr. (1977), 334.

KABANATA LABING-ISA

1. Ezra Taft Benson, *A Witness and a Warning* (1983), 3,21; tingnan din sa *History of the Church*, 4:461.
2. Ezra Taft Benson, sa *Conference Report*, Abril 1986, 100; o *Ensign*, Mayo 1986, 78.
3. Ezra Taft Benson, sa *Conference Report*, Abril 1989, 6–7; o *Ensign*, Mayo 1989, 6–7.
4. Thomas S. Monson, sa *Conference Report*, Abril 1989, 66; o *Ensign*, Mayo 1989, 51; tingnan din sa *Conference Report*, Oktubre 1985, 44; o *Ensign*, Nobyembre 1985, 34.
5. Garold at Norma Davis, "The Wall Comes Down," *Ensign*, Hunyo 1991, 33.
6. *Church News*, ika-29 ng Hunyo 1991, 12.
7. Howard W. Hunter, *Church News*, ika-11 ng Hunyo 1994, 14.
8. Eleanor Knowles, *Howard W. Hunter* (1994), 193.
9. Howard W. Hunter, sa *Conference Report*, Oktubre 1987, 71; o *Ensign*,

Nobyembre 1987, 60.

10. *Church News*, ika-17 ng Disyembre 1994, 3.
11. *Church News*, ika-18 ng Marso 1995, 10.

12. *Gordon B. Hinckley: Man of Integrity, 15th President of the Church*, videocassette (1994).
13. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley," *Ensign*, Hunyo 1995, 5.
14. *Church News*, ika-18 ng Marso 1995, 10.
15. Gordon B. Hinckley, "Adresses," AV 1801; sa LDS Church Archives.
16. Gordon B. Hinckley, sa *Conference Report*, Oktubre 1995, 92–93; o *Ensign*, Nobyembre 1995, 70.
17. Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol, "The Family: A Proclamation to the World," *Ensign*, Nobyembre 1995, 102.
18. Jeffrey R. Holland, "President Gordon B. Hinckley," 13.

PANGWAKAS

1. *History of the Church*, 4:540.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02354 48893 8
35448 893